ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • DISYEMBRE 2014

# Liahona



## Pagbabalik sa Iba sa Pagsampalataya kay Cristo, p. 12

**Apat na Aral mula sa Sagradong Kakahuyan, p. 24**

**Pagkilala sa Katotohanan ng Pasko, p. 36**

**Para sa Kurikulum ng mga Kabataan: Paano Ninyo Matutulungan ang mga Bagong Binyag, p. 50**



*"Ang pasasalamat ay iiral anuman ang mangyari sa paligid natin. Dinadaig nito ang kalungkutan, pagkabigo, at pagkasiphayo. Namumukadkad ito sa mayelong lupa sa taglamig na kasing-ganda ng pamumukadkad nito sa tag-init."*

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Nagpapasalamat Anuman ang Kalagayan," *Liahona,* Mayo 2014, 75.


12

## MGA MENSAHE

**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Punuin ang Mundo ng Pag-ibig ni Cristo**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Prinsipe ng Kapayapaan**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

**12** **Pagtulong sa Iba na Manampalataya kay Cristo**
Ni Elder L. Tom Perry
*Mapapalakas ninyo ang inyong pananampalataya ngayon at matutulungan ang iba na bumalik sa matibay na pundasyon ng pananampalataya sa Tagapagligtas.*

**18** **Mga Pioneer sa Bawat Lupain: Ang Simbahan sa Sweden—Paglago, Pandarayuhan, at Katatagan**
Ni Inger Höglund
*Sa kabila ng mga balakid, pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain sa magandang bansang ito.*

**24** **Mga Aral mula sa Sagradong Kakayuhan**
Ni Elder Marlin K. Jensen
*Sa pagmamasid sa paglago ng mga puno, matututuhan natin kung paano mananatiling lubos na nakabatay sa mga walang-hanggang katotohanan.*

**30** **Ang Nawawalang 500 Taon: Mula kay Malakias Hanggang kay Juan Bautista**
Nina S. Kent Brown at Richard Neitzel Holzapfel
*Ano ang mga nangyari sa mga taon sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan?*

**36** **Ang Katotohanan ng Pasko**
Ni Bishop Gary E. Stevenson
*Kilalanin natin na ang sanggol na isinilang sa Betlehem ang tunay na Manunubos.*

## MGA BAHAGI

**8** **Ang Ating Paniniwala: Ang Ikapu ay Tumutulong na Maitatag ang Kaharian ng Diyos**

**10** **Mga Pagbabalik-tanaw: Isang Himala sa Araw ng Pasko**
Ni Lindsay Alder

**11** **Mga Propeta sa Lumang Tipan: Malakias**

**40** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Alam Kong Siya ay Buhay**
Ni Elder Melvin J. Ballard
*Si Jesus ang ating nabuhay na mag-uling Panginoon, at inaanyayahan Niya tayong lahat na lumapit sa Kanya.*

**SA PABALAT**
Harapan: Paglalarawan ni Matthew Reier.
Loob ng pabalat sa harap: Image copyright Johnér/offset.com.

## MGA YOUNG ADULT


44

**44 Ang Sagot sa Lahat ng Mahihirap na Tanong**
Ni R. Val Johnson
*Kung papasok sa puso ninyo ang mga pag-aalinlangan, alalahanin ang limang alituntuning ito.*




***Tingnan kung makikita mo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Paano tayo matuturuan ng mga hayop tungkol sa pagsunod?***


63


## MGA KABATAAN

**48 Ang Tagapagligtas at ang Sakramento**
Ni David L. Beck
*"Gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin," sabi ng Tagapagligtas nang pasimulan Niya ang sakramento.*

**50 Ano ang Pakiramdam ng Maging Bagong Binyag?**
Ni Joshua J. Perkey
*Alamin kung paano ninyo matutulungan ang mga bagong binyag na umakma sa pagiging miyembro ng Simbahan.*

**54 Mga Tanong at mga Sagot**
*Ano ang dapat kong gawin kapag kinukutya ako sa paaralan dahil sa pagsunod ko sa mga pamantayan ng Simbahan?*

**56 Mula sa Misyon: Hindi Kailangan ang mga Anghel**
Ni Jeniann Jensen Nielsen

**57 Poster: Magbigay ng Puwang**

**58 Nasaan Ako? Paano Tuklasin at Paunlarin ang Inyong mga Espirituwal na Kaloob at Talento**
Ni Elder Mervyn B. Arnold
*Ano ang puwedeng gawin ng tiyuhin ko sa isang lumang piraso ng metal?*

**62 Paano Maghanda para sa Ikalawang Pagparito**
Ni Elder Dallin H. Oaks
*Ano ang gagawin ninyo kung nalaman ninyo na makakaharap ninyo ang Panginoon bukas?*

**63 Ang Aking Regalo sa Pasko**
Ni Dustin Ward
*Kahit nabinyagan ako noong walong taon ako, hindi ako nagsimba kahit kailan—hanggang sa baguhin ng isang bagay ang buhay ko magpakailanman.*

**64 Handa nang Sumulong**
Ni Richard M. Romney at Mickey Shimomiya
*Ikinuwento ng pitong 12-taong-gulang na mga bata ang pakiramdam ng paglipat sa Young Men o Young Women mula Primary.*

## MGA BATA


74

**67 Natatanging Saksi: Talaga Bang Namatay at Muling Nagbangon si Jesus?**
Ni Elder D. Todd Christofferson

**68 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Inaalala at Sinasamba Natin ang Ating Tagapagligtas na si Jesucristo**
Nina Erin Sanderson at Jean Bingham

**70 Yancy**
Ni Elder Brent H. Nielson
*Kung masunurin lang ang kabayo namin, naging masaya sana siya sa buhay.*

**71 Ang Ating Pahina**

**72 Mga Kaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Ako si Minna na mula sa Sweden**
Ni Amie Jane Leavitt

**74 Ang Unang Pasko**
Ni Jenn Wilks
*Alalahanin ang pagsilang ni Jesus kapag isinadula ninyo ito.*

**76 Tingnan ang Nasa Loob!**
Ni Sophia C.

**77 Mga Scripture Figure sa Lumang Tipan: David at Goliath**

**78 Para sa Maliliit na Bata: Parang Pasko Araw-araw**
Ni Kate Strongin

**DISYEMBRE 2014 TOMO 17 BLG. 12**
**LIAHONA 10992 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Lisa C. López
**Writing and Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** December 2014 Vol. 17 No. 12. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang ideya.*



**"Ang Pagsapi sa Simbahan ay Maaaring Mahirap: Mga Kuwento ng mga Nabinyagan,"** pahina 50: Isiping talakayin sa inyong pamilya ang mga kuwento ng pagsapi ng mga miyembro sa artikulong ito. Maaari din ninyong basahin ang listahan ng 10 hamon na kinakaharap ng mga nabinyagan (kasama sa artikulo). Bilang pamilya, tukuyin ang mga bagong miyembro sa inyong ward o branch o mga miyembrong nagsisimulang bumalik sa pagkaaktibo sa Simbahan. Pagkatapos ay magtulung-tulong sa pagbuo ng plano na kaibiganin ang mga miyembrong iyon at suportahan sila sa pagsisikap na magkaroon ng lakas na makibagay sa mga miyembro at sa kultura at espirituwal na lumago.

**"Inaalala at Sinasamba Natin ang Ating Tagapagligtas na si Jesucristo,"** pahina 68, at **"Ang Unang Pasko,"** pahina 74: Ipagdiwang ang pagsilang ng Tagapagligtas sa isa sa maraming ideya ukol sa Pamaskong aktibidad sa isyung ito. Halimbawa, maaari ninyong gupitin ang mga kahon sa pahina 69 at ipasiya bilang pamilya kung paano ninyo ipapakita ang inyong pagmamahal sa Tagapagligtas sa Kapaskuhang ito at sa buong taon. Maaari din ninyong gamitin ang script sa pahina 74 bilang gabay para matulungan ang inyong pamilya na isadula ang tagpo ng pagsilang ni Jesus. Ang dalawang aktibidad na ito ay maaaring kapwa makatulong sa inyong mga anak na matutong ituon ang kanilang isipan sa Tagapagligtas sa Kapaskuhan.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Apostasiya,*** *30*
***Banal na kasulatan, mga,*** *30*
***Espirituwal na kaloob, mga,*** *58*
***Gawaing misyonero,*** *12, 18, 50, 56, 76*
***Ikalawang Pagparito,*** *62*
***Ikapu,*** *8*
***Jesucristo,*** *4, 7, 12, 36, 48, 57, 67, 68, 74, 80*
***Kamatayan,*** *40*
***Kapayapaan,*** *7*
***Lumang Tipan,*** *11, 30*
***Pag-aalinlangan, mga,*** *44*
***Pagbabalik-loob,*** *42, 50, 63*
***Paghihirap,*** *24, 54*
***Pagkabuhay na Mag-uli,*** *67*
***Pagkakaibigan,*** *50*
***Paglilingkod,*** *4, 10, 12, 41, 43, 56, 78*
***Pagmamahal,*** *4, 40, 50*
***Pagsunod,*** *30, 54, 70*
***Pamilya,*** *10, 40, 42*
***Pananampalataya,*** *12, 24, 44, 80*
***Panunumbalik,*** *24*
***Pasasalamat,*** *10*
***Pasko,*** *4, 10, 36, 40, 42, 43, 57, 63, 74, 76, 78*
***Patotoo,*** *44*
***Pioneer, mga,*** *18*
***Sakramento,*** *48*
***Sweden,*** *18, 72*



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# PUNUIN ANG MUNDO NG PAG-IBIG NI CRISTO

Kapag naiisip natin ang Pasko, madalas nating naiisip ang pagbibigay at pagtanggap ng mga regalo. Ang mga regalo ay maaaring bahagi ng isang itinatanging tradisyon, ngunit maaari din nitong masapawan ang simpleng karangalan ng panahon at maging hadlang sa pagdiriwang ng pagsilang ng ating Tagapagligtas sa makabuluhang paraan.

Alam ko mula sa personal kong karanasan na ang mga di-malilimutang Pasko ay maaaring iyong pinakahamak. Ang mga regalo noong bata pa ako ay tunay na hamak batay sa mga pamantayan ngayon. Kung minsan nakakatanggap ako ng kamisetang may sulsi o isang pares ng guwantes o medyas. Naaalala ko ang isang espesyal na Pasko nang bigyan ako ng kuya ko ng kutsilyong kahoy na nililok niya.

Hindi kailangan ang mamahaling mga regalo para maging makabuluhan ang Pasko. Naaalala ko ang kuwento ni Elder Glen L. Rudd, na naglingkod bilang miyembro ng Pitumpu mula 1987 hanggang 1992. Isang araw bago sumapit ang Pasko ilang taon na ang nakalilipas, habang pinamamahalaan niya ang isang bishops' storehouse, nalaman niya mula sa isang lider sa simbahan ang tungkol sa isang pamilyang nangangailangan na kalilipat lang sa lungsod nila. Nang bisitahin niya ang kanilang munting apartment, natuklasan niya ang isang bata pang ina na mag-isang nagtataguyod sa apat na anak niya na wala pang 10 taong gulang ang mga edad.

Napakalaki ng pangangailangan ng pamilya kaya hindi makabili ang ina ng pagkain o mga regalo para sa kanyang mga anak sa Paskong iyon—ni hindi niya kayang bumili ng Christmas tree. Kinausap ni Brother Rudd ang pamilya at nalaman niya na magugustuhan ng tatlong batang babae ang manyika o stuffed animal. Nang tanungin niya ang anim-na-taong-gulang na anak na lalaki kung ano ang gusto nito, sumagot ang batang gutom, "Gusto ko po ng isang mangkok ng oatmeal."

Pinangakuan ni Brother Rudd ng oatmeal ang bata at siguro'y may iba pa. Pagkatapos ay nagtungo siya sa bishops' storehouse at nangalap ng pagkain at iba pang mga suplay para matugunan ang mga agarang pangangailangan ng pamilya.

Noong umagang iyon mismo isang mapagbigay na Banal sa mga Huling Araw ang nagbigay sa kanya ng 50 dolyar "para sa isang taong nangangailangan." Gamit ang donasyong iyon, binihisan ni Brother Rudd ang tatlo sa sarili niyang mga anak at bumili ng mga Pamasko—ang kanyang mga anak ang pumili ng mga laruan para sa mga batang nangangailangan.

Matapos isakay sa kotse ang pagkain, damit, mga regalo, isang Christmas tree, at ilang dekorasyon, nagpunta ang mga Rudd sa apartment ng pamilya. Doo'y tinulungan nila ang ina at ang kanyang mga anak na itayo ang Christmas tree. Pagkatapos ay inilagay nila ang mga regalo sa ilalim nito at ibinigay sa batang lalaki ang malaking pakete ng oatmeal.

Napaiyak ang ina, natuwa ang mga bata, at nagkantahan silang lahat ng isang Pamaskong awitin. Noong gabing iyon nang magtipon sa hapunan ang pamilya Rudd, nagpasalamat sila na nakapagdulot sila ng kaunting galak sa Pasko sa isa pang pamilya at nabigyan ng isang mangkok ng oatmeal ang batang lalaki.[1]

## Si Cristo at ang Diwa ng Pagbibigay

Isipin ang simple ngunit marangal na paraang pinili ng ating Ama sa Langit para ipagbunyi ang pagsilang ng Kanyang Anak. Noong banal na gabing iyon, nagpakita ang mga anghel hindi sa mayayaman kundi sa mga pastol. Isinilang ang batang Cristo hindi sa isang mansiyon kundi sa



LARAWAN NG MGA BITUIN NA KUHA NI ALEXANDRUM79/ISTOCK/THINKSTOCK; NG DAIGDIG NA KUHA NI NG MANGKOK NA KUHA NI SEREGAM/ISTOCK/THINKSTOCK; NG OATMEAL NA KUHA NI LISAISON/ISTOCK/THINKSTOCK; NG KUTSARA NA KUHA NI OKEA/ISTOCK/THINKSTOCK

isang sabsaban. Nakabalot Siya hindi ng sutlang tela kundi ng lampin.

Ang kasimplihan ng unang Paskong iyon ang nagbadya ng buhay ng Tagapagligtas. Bagama't Siya ang lumikha sa daigdig, namuhay sa karingalan at kaluwalhatian, at tumayo sa kanang kamay ng Ama, bumaba Siya sa lupa bilang isang sanggol na wala pang lakas at kakayahan. Ang Kanyang buhay ay huwaran ng maringal na pagpapakumbaba, at namuhay Siya sa piling ng mga maralita, maysakit, nalulungkot, at may mabibigat na pasanin.

Bagama't Siya'y isang hari, hindi Siya naghangad ng papuri ni ng yaman ng mga tao. Ang Kanyang buhay, mga salita, at araw-araw na gawain ay mga halimbawa ng simple subalit matinding dignidad o karangalan.

Ipinakita sa atin ni Jesucristo, na lubos na nakakaalam kung paano magbigay, ang halimbawa ng pagbibigay. Sa mga tao na ang puso ay nalulumbay at nalulungkot, naghahatid Siya ng habag at aliw. Sa mga tao na ang katawan at isipan ay puno ng pagdaramdam at pagdurusa, naghahatid Siya ng pagmamahal at paghilom. Sa mga tao na ang kaluluwa ay nabibigatan sa kasalanan, nag-aalok Siya ng pag-asa, kapatawaran, at pagtubos.

Kung kapiling natin ang Tagapagligtas ngayon, matatagpuan natin Siya kung saan Siya laging naroroon—naglilingkod sa maamo, malungkot, mapagpakumbaba, may problema, at aba sa espiritu. Sa Kapaskuhang ito at sa tuwina, nawa'y magbigay tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagmamahal sa iba na katulad ng ipinapakita Niyang pagmamahal. Nawa'y maalala natin ang abang karangalan ng Kanyang pagsilang, mga kaloob, at buhay. At nawa, sa pamamagitan ng pagpapakita ng simpleng kabaitan, pag-ibig sa kapwa, at habag, ay punuin natin ang mundo ng liwanag ng Kanyang pagmamahal at nagpapagaling na kapangyarihan. ■

**TALA**

1. Tingnan sa Glen L. Rudd, *Pure Religion: The Story of Church Welfare since 1930* (1995), 352–53; tingnan din sa Glen L. Rudd, "A Bowl of Oatmeal," *Church News,* Dis. 2, 2006, 16.

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Itinuro ni Pangulong Uchtdorf na dapat nating tularan ang huwaran ng pagbibigay ng Tagapagligtas. Isiping hilingin sa mga taong binibisita ninyo na maghalinhinan sa pagbanggit ng regalong naibigay sa kanila ng Tagapagligtas, at talakayin kung paano nila magagamit ang regalong iyon para paglingkuran ang iba. Halimbawa, kung biniyayaan ang isang miyembro ng talento sa musika, maaari siyang magkaroling sa ilan sa mga kapitbahay. Maimumungkahi ninyo sa mga binibisita ninyo na lumuhod kayo sa panalangin, na humihingi ng inspirasyon kung anong mga regalo ang ibabahagi, paano ibabahagi ang mga ito, at kanino. Sundin ang anumang inspirasyong matatanggap ninyo.

Para sa mga ideya sa pagtuturo ng mensaheng ito sa mga kabataan at bata, tingnan sa pahina 6.

## MGA KABATAAN

### Matuto sa Karanasan ng Iba

Nagsalita si Pangulong Uchtdorf mula sa personal niyang karanasan nang ituro niya na "ang mga di-malilimutang Pasko ay maaaring yaong pinakahamak." Marami tayong matututuhan mula sa mas naunang henerasyon; maraming matatanda ang nabuhay noong panahon ng digmaan, walang trabaho, maysakit, o may iba pang mga pagsubok na kinaharap. Magpakuwento sa mas matatandang miyembro ng inyong ward o branch tungkol sa pinakamakabuluhan nilang Pasko. Maaari ninyong isulat ang kanilang mga kuwento. Sikaping matuto mula sa kanilang halimbawa sa higit na pagtutuon sa Paskong ito sa pagbibigay ng taos na paglilingkod at pag-alaala sa Tagapagligtas.

## MGA BATA

### Mga Regalo mula kay Jesucristo

Ang ilang tao ay gumagamit ng Christmas tree para ipagdiwang ang pagsilang ni Jesucristo. Kung minsan naglalagay ng mga regalo ang mga tao sa ilalim ng Christmas tree para sa iba. Anong mga regalo ang naibigay sa inyo ng Tagapagligtas? Basahin ang bawat talata sa ibaba at kulayan ang regalo. Mareregaluhan ninyo si Jesus sa paghahanap ng mga paraan upang makatulong sa iba.




MGA REGALO SA PAGLALARAWAN NG ALEKSBOND/ISTOCK/THINKSTOCK

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at mga papel na ginagampanan ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa* ***reliefsociety.lds.org****.*

# Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Prinsipe ng Kapayapaan

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.*



DETALYE MULA SA *ISINILANG ANG ISANG TAGAPAGLIGTAS,* NI JOSEPH BRICKEY

"Ang Tagapagligtas ang pinagmumulan ng tunay na kapayapaan," sabi ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Nakakaranas man ng mga pagsubok sa buhay, dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at sa Kanyang biyaya, ang matwid na pamumuhay ay gagantimpalaan ng kapayapaan sa sarili."[1] Ang pag-unawa na si Jesucristo ang Prinsipe ng Kapayapaan ay makatutulong sa atin na magkaroon ng kapayapaan ng kalooban at magkaroon ng ibayong pananampalataya sa Kanya.

Sinabi ni Jesucristo: "Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33). Sa pagpapatotoo tungkol sa katotohanang iyan, sinabi ni Linda S. Reeves, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency: "Naawa sa akin ang Panginoon at tinulungan akong gumaan ang aking mga pasanin. Tinulungan Niya akong makadama ng malaking kapayapaan."[2]

Itinuro ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang pinakamagandang lugar para sa kapayapaan . . . ay sa loob ng sarili nating tahanan, kung saan natin nagagawa ang lahat para maging sentro doon ang Panginoong Jesucristo."[3]

### *Isipin Ito*

Sa anong mga paraan naghahatid ng kapayapaan ang Tagapagligtas sa inyong buhay?

### *Karagdagang mga Banal na Kasulatan*

Isaias 9:6; Lucas 2:14; Juan 14:27; 1 Nephi 13:37; Doktrina at mga Tipan 59:23

MGA TALA

1. Quentin L. Cook, "Kapayapaan sa Sarili: Ang Gantimpala ng Kabutihan," *Liahona,* Mayo 2013, 35.
2. Linda S. Reeves, "Kamtin ang mga Pagpapala ng Inyong mga Tipan," *Liahona,* Nob. 2013, 120.
3. Richard G. Scott, "Para sa Kapayapaan sa Tahanan," *Liahona,* Mayo 2013, 29.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Ipinropesiya ni Isaias ang pagsilang ni Jesucristo, ang Prinsipe ng Kapayapaan (tingnan sa Isaias 9:6). Sa mga lupain ng Amerika, sinabi ni Samuel na Lamanita ang mga palatandaang kaakibat ng pagsilang ni Cristo pagkaraan ng limang taon (tingnan sa Helaman 14:3, 5). Nang palapit na ang ipinropesiyang araw, nagbanta ang mga hindi naniniwala na papatayin nila ang lahat ng Kristiyano kung hindi magaganap ang mga palatandaang ito. Ang propetang si Nephi ay "nagsumamo nang buong taimtim sa Panginoon sa buong araw na yaon; at masdan, ang tinig ng Panginoon ay nangusap sa kanya, sinasabing: . . . Kinabukasan, paparito ako sa daigdig" (3 Nephi 1:12–13). Lumitaw ang mga palatandaan, at sa pagsilang ni Cristo, "ang mga tao ay nagsimulang magkaroong muli ng kapayapaan sa lupain" (talata 23).

Sa Betlehem, "ipinanganak [ni Maria] ang panganay niyang anak na lalake; at ito'y binalot niya ng mga lampin, at inihiga sa isang pasabsaban" (Lucas 2:7).

# ANG IKAPU AY TUMUTULONG NA MAITATAG ANG KAHARIAN NG DIYOS

Naniniwala tayo sa pagbibigay ng ikasampu ng ating kita sa Panginoon para makatulong sa pagtatatag ng Kanyang kaharian. Hinihingi sa batas ng ikapu na isakripisyo natin ang ilan sa ating materyal na kabuhayan para magtamasa tayo ng mas dakilang espirituwal na mga pagpapala.

Ang alituntunin ng ikapu ay sinusunod na noon pa mang unang ituro ang ebanghelyo sa lupa. Si Abraham, halimbawa, ay nagbayad ng mga ikapu sa high priest na si Melchizedek (tingnan sa Genesis 14:18–20). Inutusan ng Panginoon si Moises na turuan ang mga tao tungkol sa ikapu (tingnan sa Levitico 27:30–34). Kalaunan, nang bisitahin ng Tagapagligtas ang mga Nephita, ibinigay Niya sa kanila ang batas ng ikapu (tingnan sa 3 Nephi 24). At sa ating panahon, ipinanumbalik Niya ang utos na ito sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith (tingnan sa D at T 119).


Para masunod ang utos na ito, nagbibigay tayo ng ikasampu ng ating kita sa Panginoon sa pamamagitan ng lokal na mga lider ng priesthood. Ang pondo ay ipinadadala sa headquarters ng Simbahan, kung saan isang council na binubuo ng Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at Presiding Bishopric ang nagpapasiya kung paano gagamitin ang mga sagradong pondo (tingnan sa D at T 120).

Tinutulutan ng ikapu ang Simbahan na magtayo at magmentena ng mga templo at meetinghouse, suportahan ang mga seminary at institute, maglaan ng mga materyal para sa mga miyembro ng Simbahan, at suportahan ang gawain sa misyon, templo, at family history.

Naniniwala kami sa kusang-loob na pagbabayad ng ikapu, "sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya" (II Mga Taga Corinto 9:7). Ang pagbabayad ng ikapu ay isang paraan na makatutulong tayo sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa lupa at makapagpapasalamat sa Ama sa Langit sa pagbibigay sa atin ng lahat ng mayroon tayo. Gayunman ang pagbabayad ng ikapu ay naghahatid ng mas maraming pagpapala sa ating buhay. Tulad ng itinuro ni Malakias: "Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10). Ang mga espirituwal at temporal na pagpapala ay maaaring dumating sa lahat ng nagbabayad ng tapat na ikapu, kahit maliit lang ang halaga nito. ■

*Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa Genesis 28:20–22; Malakias 3:8–11; at kabanata 12 sa* Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow *(2012).*

## MGA PAGPAPALA NG PAGBABAYAD NG IKAPU




"Pinalalakas at sinusubok ng ikapu ang ating pananampalataya. Sa pag-aalay sa Panginoon ng inaakala nating kailangan o gusto natin para sa ating sarili, natututo tayong umasa sa Kanya. Ginagawang posible ng ating pananampalataya sa Kanya na matupad natin ang ating mga tipan sa templo at matanggap ang mga walang hanggang pagpapala ng templo. . . .

"Tinuturuan din tayo ng ikapu na kontrolin ang ating mga pagnanasa at hilig sa mga bagay ng mundo. Hinihikayat tayo ng pagbabayad ng ikapu na maging tapat sa pakikitungo sa ating kapwa. Natututo tayong magtiwala na ang mga ibinigay sa atin, sa pamamagitan ng mga pagpapala ng Panginoon at sa sarili nating sikap, ay sapat para sa ating mga pangangailangan. . . .

"Sa mga taos at tapat na namumuhay sa batas ng ikapu, nangangako ang Panginoon ng saganang biyaya. Ilan sa mga biyayang ito ay temporal, gaya ng mga ikapu. Ngunit gaya ng panlabas na mga ordenansa ng binyag at sakrament[o], ang kautusang magbayad ng ikapu ay kailangan ng temporal na sakripisyo, na sa huli'y magbubunga ng maraming espirituwal na pagpapala."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ikapu: Pagsubok sa Pananampalataya na may mga Walang Hanggang Pagpapala,"** ***Liahona,*** **Nob. 2002, 27.**




*Ang ikapu at iba pang mga donasyon ay ibinibigay sa Panginoon sa pamamagitan ng isang miyembro ng inyong bishopric o branch presidency.*




*Sa ikapu nanggagaling ang pambayad sa pagtatayo at pagmementena ng mga templo at meetinghouse.*



*Sa ikapu nanggagaling ang pambayad sa pagsasalin at paglalathala ng mga banal na kasulatan at mga materyal sa pag-aaral.*



*Ang pondo ng ikapu ay ipinapadala mula sa mga ward at branch papunta sa headquarters ng Simbahan, kung saan isang council na kinabibilangan ng Unang Panguluhan ang nagpapasiya kung paano gagamitin ang mga sagradong pondong ito.*



*Ikapu ang tumutulong sa pagbabayad ng pag-aaral ng mga kabataang miyembro sa mga paaralan ng Simbahan, seminary, at institute of religion.*

MGA PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

# ISANG HIMALA SA ARAW NG PASKO

Ni Lindsay Alder

*Tumitibok pa ang puso niya. Hindi nga lang katulad noong bago siya atakihin sa puso. Pero tumitibok pa rin ito.*



Panatag ang puso ko ngayong gabi. Bagamat ako'y nalulungkot, naghihinagpis, at nasasaktan. Pero payapa ang aking pakiramdam. Labis akong nagpapasalamat—matindi at marubdob na pasasalamat na parang may puwang na nabuksan sa aking kaluluwa para makaunawa, labis-labis na pasasalamat na damang-dama ko kaya hindi ko mapigil ang pagdaloy ng luha sa aking mga pisngi. Humihinga ang asawa ko. Naririnig ko iyon, malalim at mahina.

Dalawang oras pa lang ang nakalilipas, humiga ako sa kama niya sa ospital, na binabalewala ang marahang pagsipa ng sanggol sa aking sinapupunan, at nakakita ako ng munting puwang sa gitna ng lahat ng kawad na nakakabit sa kanyang dibdib na mapaghihigaan ng ulo ko. Ang pakikinig sa tibok ng kanyang puso ay isang karanasang hindi ko malilimutan kailanman.

Tumitibok pa ang puso niya. Hindi nga lang katulad noong bago siya atakihin sa puso. Pero tumitibok pa ito.

Ang malamlam na liwanag mula sa Christmas lights na nakasabit sa paligid ng kuwarto ay nakakaginhawa sa akin ngayong gabi. Ang malamlam na liwanag nila ay nakapapanatag, ngunit ang tunay na ginhawa ay nagmumula sa pagkabatid na handang kalimutan ng tunay na mga kaibigan ang sarili nilang mga plano para sa Bisperas ng Pasko para magdekorasyon kapag inilipat ng kuwarto si Brian mula sa intensive care unit. Ang tatlong-talampakan (1 m) na Christmas tree ay nakatayo sa may bintana bilang simbolo ng kanilang pagmamahal.

Paano ko mapasasalamatan ang aming mga kaibigan? Malalaman kaya nila kung gaano kalaki ang pangangailangan at pasasalamat ko sa kanila? Samantalang wala akong maisip kundi ang asawa ko, minahal nila ang mga anak ko, nilinis ang bahay ko, nilagyan ng laman ang refrigerator ko, nilabhan ang mga damit namin, ibinalot ang aming mga regalo sa Pasko, at ipinadama ang kanilang pagmamahal sa akin sa kanilang mga yakap, hapunan, gift card, pera, tawag sa telepono, text, email, mensahe, bag ng mga pine cone na amoy-cinnamon, at isang maletang puno ng mga dekorasyon. Kasama ko silang umiyak at nanalangin at nag-ayuno. At sa paggawa ng lahat ng ito, ibinigay nila sa akin ang pinakamahalagang regalong maibibigay nila: ang kanilang oras o panahon. Mahal na mahal ko silang lahat!

Palagay ko makakatulog ako nang mahimbing ngayong gabi, dahil puspos ako ng pasasalamat sa kanilang lahat.

Ngunit higit sa lahat ay nagpapasalamat ako sa Panginoon para sa buhay ng aking asawa—ang malalim niyang paghinga, ang pagpintig ng kanyang puso, ang kanyang buhay na katawan at kaluluwa. Ang katotohanang buhay siya ay himala sa akin sa araw ng Pasko. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa North Carolina, USA.*

PAGLALARAWAN NI JULIE ROGERS

# MALAKIAS

*"Iniutos [ni Jesus] sa kanila na nararapat nilang isulat ang mga salitang ibinigay ng Ama kay Malakias" (3 Nephi 24:1).*

Ang kahulugan ng pangalan ko ay "ang aking sugo," at sa tungkuling iyon ay ipinarating ko ang "hula na salita ng Panginoon sa Israel." [1] Noong panahon ko, mga 450 taon bago isinilang si Cristo,[2] marami sa mga Judio ang nawalan ng pag-asa at hindi na namuhay nang matwid.[3] Pinagsabihan sila ng Panginoon sa pamamagitan ng aking mga turo.

Ang mga saserdoteng Judio mula sa lipi ni Levi ay karaniwang nakatalaga sa pagsasagawa ng mga ordenansa, ngunit tiwali ang mga Levita sa panahon ko. Wala silang utang-na-loob, ayaw nilang purihin ang Diyos, at naghandog sila ng karumal-dumal na hain at nagsakripisyo ng mga hayop na may dungis.[4] Nilabag nila ang tipan ng priesthood na ibinigay ng Diyos kay Levi.

Ang mga tao—hindi lamang ang mga saserdote—ay tiwali rin. Nangag-aasawa sila noon sa labas ng tipan, dinidiborsyo nila ang mga napangasawa nila noong bata pa sila, at ayaw nilang magbayad ng ikapu at mga handog.[5]

Ngunit kahit nagsalita ang Panginoon laban sa mga kasamaang ito, handa Siyang magpatawad dahil mahal Niya ang Kanyang mga tao: "Manumbalik kayo sa akin, at ako'y manunumbalik sa inyo."[6] Ang isang paraan para makabalik sa Panginoon ay dalhin "ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig."[7]

Nagreklamo ang mga tao, "Walang kabuluhan ang maglingkod sa Diyos: . . . silang nagsisigawa ng kasamaan ay [maunlad],"[8] ngunit itinuro ko na ang mga pangalan ng mga taong "nangatakot sa Panginoon . . . at gumunita sa kaniyang pangalan" ay nakasulat sa "aklat ng alaala."[9]

Ipinropesiya ko rin na sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon, ang masasama "ay magiging parang dayami" ngunit sa mga taong nangatatakot sa Kanyang pangalan "ay sisikat ang araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak." [10]

Ipinropesiya ko na bago sumapit ang Ikalawang Pagparito, darating ang propetang si Elijah upang ipanumbalik ang mga susi ng priesthood na "papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang." [11]

Sa pamamagitan ng aking mga turo, naunawaan natin na naaalala ng Panginoon ang Kanyang mga tao at tinutupad ang Kanyang mga pangako sa Kanyang matatapat na anak. Nais Niya tayong manalig sa mga pangakong ito at, sa pamamagitan ng pagsisisi, makabalik sa Kanya.[12] ■



**MGA TALA**

1. Malakias 1:1.
2. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Malakias," 145.
3. Tingnan sa *Old Testament Seminary Student Study Guide* (2002), 193.
4. Tingnan sa Malakias 1: 2, 6–14; tingnan din sa *Old Testament Instructor's Guide, Religion 301–2* (1994), 109–110.
5. Tingnan sa Malakias 2:11, 14–16; 3:8.
6. Malakias 3:7.
7. Malakias 3:10; tingnan din sa LeGrand Richards, "The Second Coming of Christ," *Ensign,* Mayo 1978, 75.
8. Malakias 3:14–15.
9. Malakias 3:16.
10. Malakias 4:1–2.
11. Malakias 4:6; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 110.
12. Tingnan sa *Old Testament Teacher Resource Manual* (2003), 215.

LARAWAN NG MGA BATO NA KINUNAN NI PAVLO VAKRUSHEV/ISTOCK/THINKSTOCK; LARAWAN NG DATES NA KINUNAN NG AKSPHOTO/ISTOCK/THINKSTOCK



**Ni Elder L. Tom Perry**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# PAGTULONG SA IBA NA Manampalataya kay Cristo

*Hinahamon ko kayo na tulungan ang mga anak ng Diyos na ibalik ang kanilang pananampalataya kay Cristo at bumalik sa matatag na pundasyon ng relihiyon na napakahalaga para sa kapanatagan ng isipan at tunay na kaligayahan.*

Sinabi ni Pope Benedict XVI, na nanangis sa panghihina ng mga simbahang Kristiyano sa Europa, Australia, at Estados Unidos, "Wala nang katibayan na kailangan ang Diyos, lalo na si Cristo." Dagdag pa niya, "Ang tinatawag na tradisyonal na mga simbahan ay mukhang naglalaho na."[1]

Lumayo na tayo sa tradisyonal na pagsamba. Mas maraming tao ang nagsasabi na sila ay espirituwal sa halip na relihiyoso. Kung akma ang isang turo sa uri ng kanilang pamumuhay, tinatanggap nila ito at nagiging bahagi ito ng kanilang pananampalataya. Kung hindi naman, gumagawa sila ng sarili nilang paraan ng pagsampalataya. Ang pananampalataya at espirituwalidad ay itinuturing ngayon na mga produktong nabibili. Napalitan at nahalinhan na ng materyalismo ang Diyos.

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, kailangang marinig ang ating tinig na sumasalungat sa mapanganib na mga kalakarang ito na layong sirain ang pananampalataya ng sangkatauhan. Paulit-ulit tayong binabalaan sa Aklat ni Mormon tungkol sa pagtitiwala sa mga bagay na hindi nagtatagal sa halip na sa Diyos. Nang ilarawan niya ang panahon na maraming Nephitang nanghihina ang pananampalataya, sinabi ni Mormon: "Sila ay naging palalo, naging mapagmataas sa kanilang mga puso, dahil sa kanilang labis-labis na kayamanan; anupa't sila ay naging mayayaman sa kanilang sariling mga paningin, at tumangging makinig sa . . . mga salita [ng mga propeta], na lumakad [na]ng matwid sa harapan ng Diyos" (Alma 45:24).

***Ang pinakamagandang nakatalang katotohanan sa buong kasaysayan ay ang salaysay tungkol sa pagsilang at misyon ng Panginoong Jesucristo sa lupa.***

*ANG NAKAGAGALING NA BALSAMO*, BY DAVID LINDSLEY





***Pinasimulan ang mga pag-aalay sa lupa bilang ordenansa ng ebanghelyo, upang gawin at isagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood, na sagisag ng gagawing sakripisyo ng Anak ng Tao, na magbubuwis ng Kanyang buhay para sa mga kasalanan ng sanlibutan.***

Kapag nakita ninyo ang panghihina ng pananampalataya ng lipunan kay Cristo, kailangang maging mas matatag at tiyak ang inyong sariling pananampalataya. Sabi ni Helaman, "Tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak" (Helaman 5:12).

Ipinaaalala ni Nephi sa atin:

"Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan . . . [at] sa buhay na yaong na kay Cristo. . . .

". . . Sapagkat ang tamang landas ay maniwala kay Cristo" (2 Nephi 25:26–28).

May pundasyon ba tayong susuporta sa pahayag na iyon?

## Ang mga Simbolo ng Sakripisyo ni Cristo

Ang pinakamagandang nakatalang katotohanan sa buong kasaysayan ay ang salaysay tungkol sa pagsilang at misyon ng Panginoong Jesucristo sa lupa. Ang Kanyang misyon ay ipinropesiya noon pang panahon ng una nating mga magulang. Mababasa natin sa aklat ni Moises:

"At si Adan at si Eva, na kanyang asawa, ay nanawagan sa pangalan ng Panginoon, at kanilang narinig ang tinig ng Panginoon sa daan patungo sa Halamanan ng Eden, nangungusap sa kanila, at siya ay hindi nila nakita; sapagkat sila ay pinagsarhan mula sa kanyang harapan.

"At siya ay nagbigay sa kanila ng mga kautusan, na kanilang nararapat sambahin ang Panginoon nilang Diyos, at nararapat ialay ang mga panganay ng kanilang mga kawan, bilang isang handog sa Panginoon. At si Adan ay naging masunurin sa mga kautusan ng Panginoon.

"At pagkalipas ng maraming araw, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita kay Adan, nagsasabing: Bakit ka nag-aalay ng mga hain sa Panginoon? At sinabi ni Adan sa kanya: Hindi ko batid, maliban sa iniutos sa akin ng Panginoon.

"At sa gayon nangusap ang anghel, nagsasabing: Ang bagay na ito ay kahalintulad ng sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Ama, na puspos ng biyaya at katotohanan.

"Kaya nga, gawin mo ang lahat ng iyong ginagawa sa pangalan ng Anak, at ikaw ay magsisi at manawagan sa Diyos sa pangalan ng Anak magpakailanman" (Moises 5:4–8).

Kaya nga, pinasimulan ang mga pag-aalay sa lupa bilang ordenansa ng ebanghelyo, upang gawin at isagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood, na sagisag ng gagawing pag-aalay o sakripisyo ng Anak ng Tao, na magbubuwis ng Kanyang buhay para sa mga kasalanan ng sanlibutan.

Ang anyo ng ordenansa ay isinaayos upang idetalye ang mga bahagi ng sakripisyo ng Panginoon pagdating Niya sa kalagitnaan ng panahon. Itinakda ng sumunod na pag-aalay sa Paskua, halimbawa, na isang korderong lalaki na isang taon, na walang kapintasan o dungis, ang pipiliing ialay. Pinatulo ang dugo at iningatan na walang butong mabali—lahat ay simbolo ng paraan ng pagkamatay ng Tagapagligtas.

Kamangha-mangha na ang pag-aalay ng sakripisyo ay nagpatuloy sa paglipas ng mga panahon mula kay Adan hanggang sa panahon ng Tagapagligtas. Kahit nagdaan ang mga anak ni Israel sa maraming panahon ng apostasiya, ang pag-asa na magbabayad-sala ang Bugtong na Anak para sa mga kasalanan ng sangkatauhan at na gagawing posible ng kanyang nagbabayad-salang dugo ang imortalidad ay nanatili sa puso ng marami.

Ang nakaugaliang pag-aalay ng mga sakripisyo ay nagwakas matapos ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Pinasimulan ang sakramento para ipaalala sa Kanyang mga alagad na bumaba Siya at naglingkod sa lupa. Mababasa natin sa Lucas:

"At siya'y dumampot ng tinapay, at nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at ibinigay sa kanila, na sinasabi, Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.

"Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo" (Lucas 22:19–20).

Muli akong namangha na ang paalalang ito, kahit sa madidilim na panahon ng apostasiya, ay kinaugaliang gawin sa maraming anyo at sa maraming paraan sa paglipas ng mga henerasyon hanggang sa panahon ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo, nang ipanumbalik sa lupa ang kapangyarihan ng priesthood para isagawa ang sagrado at nakapagliligtas na ordenansang ito.

Sa paglipas ng lahat ng panahon ng nakatalang kasaysayan makikita natin palagi ang paalala ng misyon ng ating Tagapagligtas. Pumarito Siya sa lupa bilang isang tao na dalawa ang pagkamamamayan—isa sa Diyos at isa sa tao. Dahil dito ay naisagawa Niya ang Kanyang napakadakilang sakripisyo para sa ating lahat sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. May iba pa bang mas malakas na katibayan na si Jesus ang Cristo, ang Tagapagligtas ng sanlibutan, kaysa sa pag-aaral at pamumuhay ng Kanyang nakapagliligtas na mga doktrina, na Kanyang inihayag sa lahat ng dispensasyon ng mundo? Naibigay na Niya sa atin ang Kanyang ebanghelyo upang gabayan at patnubayan tayo habang nabubuhay tayo sa daigdig.

## Ang Ebanghelyo ang Solusyon

Sabi ni Pangulong David O. McKay (1873–1970):

"Ang responsibilidad na ipakita sa mundo na lulutasin ng ebanghelyo ni Jesucristo ang mga problema nito ay nakasalalay sa mga taong nagpapahayag nito. . . . Naniniwala rin ako na bawat *problema ng mundo ay maaaring malutas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo*.

"Ang solusyon sa malalaking problema ng mundo ay narito sa Simbahan ni Jesucristo. Sapat ang inilaan hindi lamang para sa mga pangangailangan ng bawat tao, kundi para din sa bansa at grupo ng mga bansa. . . . Inaamin ko na mukhang ipinagyayabang natin na tayo ang pinakamagaling, pero hindi naman. Ginagamit lang natin ang plano ng Diyos sa mga problema ng mundo. Kayong mga mayhawak ng priesthood ay may mas mabigat na responsibilidad ngayon, ngayong nabubuhay kayo sa sandaling ito sa kasaysayan ng daigdig, kaysa mga naunang panahon sa Simbahan. Inuulit ko ito. Kung ipinapahayag natin na nasa

NAG-AALAY NG MGA HAIN SINA ADAN AT EVA, NI KEITH LARSON.

atin ang katotohanan, obligasyon ng bawat Banal sa mga Huling Araw na mamuhay sa paraan na kapag dumating ang mga tao ng mundo, na tumugon sa panawagan na tikman ang bunga ng puno, ay matagpuan nilang ito ay masarap at mabuti."[2]

Ang dakilang mensaheng hatid natin sa mundo ay na ang ebanghelyo ng ating Panginoon at Tagapagligtas ay naipanumbalik na sa lupa. Ang Kanyang Simbahan ay naritong muli sa lupa na may kapangyarihan at kaluwalhatian ng banal na priesthood.

Ang mga taong naorden dito ay binigyan ng kapangyarihang kumilos para sa Kanya bilang Kanyang mga kinatawan upang ihatid ang mga doktrina, ordenansa, alituntunin, at kapangyarihang magbigkis sa lupa tulad ng pagbibigkis sa langit. Ito ang Simbahan ng Tagapagligtas. Pinamamahalaan Niya ang mga gawain ng Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng Kanyang piniling mga propeta. Ang Kanyang mga propeta naman ay itinuturo ang ebanghelyo sa iba at pinatototohanan na si Jesus ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Ang panahong ito ngayon ang dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, na nabanggit ng mga propeta sa simula pa lamang. Ito ang panahon ng katuparan ng lahat ng nabanggit ng mga propeta ng Panginoon at nakatala sa mga banal na kasulatan. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi isang bagong simbahan kundi ang ipinanumbalik na Simbahan sa mundo sa panahong ito ngayon.

Kayo ang henerasyong inilaan ng Panginoon para sa panahong ito. Umahon kayo mula sa tubig ng binyag na may tipan at pangako sa Panginoon na magiging kinatawan Niya sa pagtulong sa mga tao na iwaksi ang kanilang mga makamundong pamumuhay at bumalik sa mga pagpapalang ipinangako sa atin kung susunod tayo sa Kanya at ipamumuhay natin ang Kanyang ebanghelyo. Matutulungan ninyo ang mga anak ng inyong Ama sa Langit na bumalik sa kinamulatan nilang paniniwala kay Cristo, manampalataya sa Kanya, at muling sumunod sa Kanya.

## Ang Magagawa Ninyo

Maitatanong ninyo, "Ano ang magagawa ko?" Ilang buwan na ang nakararaan nagmungkahi ang aming stake president, habang nagsasalita sa sacrament meeting, ng apat na bagay na magagawa namin upang maibalik ang pananampalataya ng iba kay Cristo:

*1. Manalangin araw-araw.*

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Sa inyong mga nakaririnig sa akin na nahihirapan sa mga hamon at pagsubok malaki man o maliit, ang panalangin ang nagbibigay ng espirituwal na lakas. . . . Ang panalangin ang paraan upang makausap natin ang ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin. Kausapin Siya sa panalangin at [pakinggan ang] kasagutan. Ang mga himala ay nagaganap sa pamamagitan ng panalangin. . . . Alalahaning manalangin nang taimtim."[3]

Idaos ang inyong araw-araw na mga panalangin at tulungan ang iba na ibalik ang kanilang pananampalataya kay Cristo sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na lumuhod at manalangin sa Diyos.

*2. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw.*

May mas malakas pa bang patotoo tungkol kay Jesucristo kaysa sa mga patotoong nababasa natin sa Aklat ni Mormon? Sa 239 na mga kabanata nito, 233 ang bumabanggit sa Tagapagligtas.[4] Hindi ba kamangha-mangha?

Tiyaking pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan araw-araw. Pagkatapos ay tulungan ang iba na ibalik ang kanilang pananampalataya kay Cristo sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na pag-aralan din ang mga banal na kasulatan araw-araw.

*3. Maging karapat-dapat na pumasok sa templo.*

Ang ilan sa inyo ay nakapunta na sa templo; ang iba ay hindi pa. Makabubuting maunawaan kung ano ang kailangan para makakuha ng temple recommend. Malinaw nating nauunawaan ang prosesong daraanan para makalapit tayo sa isang hukom sa Israel at pagtibayin sa kanya ang ating pagkamarapat na humawak ng temple recommend at pagkatapos ay mamuhay ayon sa mga pamantayang kailangan upang manatiling karapat-dapat sa recommend na iyon.

Mamuhay sa paraan na makikita sa inyong mabuting halimbawa kung paano maging marapat sa mga pagpapala ng templo.

*4. Maglingkod araw-araw.*

Alalahanin ang sinabi ni Haring Benjamin: "At masdan, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong matamo ang karunungan; upang inyong malaman na kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17). Talagang sinasagot ng Panginoon ang ating mga dalangin sa pamamagitan ng paglilingkod natin sa iba.

Maging halimbawa ng paglilingkod na tulad ni Cristo, at tulungan ang iba na ibalik ang kanilang pananampalataya kay Cristo sa pamamagitan ng paghihikayat sa kanila na maglingkod sa iba.

*MENSAHE NI HARING BENJAMIN,* NI JEREMY WINBORG



## Panibaguhin at Patatagin ang Inyong Katapatan

Alam ko na ang Diyos ay buhay. Alam ko na tayong lahat ay Kanyang mga anak at mahal Niya tayo. Alam ko na isinugo Niya ang Kanyang Anak sa mundo upang magbayad-sala para sa buong sangkatauhan. Alam ko na ang mga lubos na tumatanggap sa Kanyang ebanghelyo at sumusunod sa Kanya ay magtatamasa ng buhay na walang hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng mga kaloob ng Diyos. Alam ko na pinamahalaan ng Tagapagligtas ang Panunumbalik ng ebanghelyo sa lupa sa pamamagitan ng ministeryo ni Propetang Joseph Smith. Alam ko na ang tanging nagtatagal na kagalakan at kaligayahang masusumpungan natin sa ating karanasan sa buhay na ito ay magmumula sa pagsunod kay Jesucristo, sa Kanyang batas, at sa Kanyang mga kautusan.

Inaanyayahan ko kayong panibaguhin at patatagin ang inyong katapatan. Inaanyayahan ko kayong tulungan ang mga anak ng Diyos na muling manampalataya kay Cristo at bumalik sa matatag na pundasyon ng relihiyon na napakahalaga para sa kapayapaan ng isipan at tunay na kaligayahan sa panahon ng pagsubok sa buhay na ito.

Nawa'y biyayaan kayo ng Diyos ng lakas-ng-loob, tapang, kasigasigan, at hangaring ipanumbalik ang pananampalataya sa ebanghelyo ng ating Panginoon at Tagapagligtas. ■

*Mula sa isang mensahe sa Church Educational System fireside, "We Were the Greatest Generation," na ibinigay sa Brigham Young University noong Marso 6, 2011. Para sa buong mensahe, magpunta sa cesdevotionals.lds.org.*

**MGA TALA**

1. Pope Benedict XVI, sa Noelle Knox, "Religion Takes a Back Seat in Western Europe," *USA Today,* Ago. 10, 2005; usatoday.com/news/world/2005-08-10-europe-religion-cover_x.htm.
2. David O. McKay, *Gospel Ideals* (1953), 5; binigyang-diin sa orihinal.
3. Thomas S. Monson, "Kayo ay Magpakahusay," *Liahona,* Mayo 2009, 68, 69.
4. Tingnan sa Robert J. Matthews, sa *The Book of Mormon: The Keystone Scripture,* inedit ni Paul R. Cheesman at ng iba pa (1988), 33.

***May mas malakas pa bang patotoo tungkol kay Jesucristo kaysa sa mga patotoong nababasa natin sa Aklat ni Mormon? Sa 239 na mga kabanata nito, 233 ang bumabanggit sa Tagapagligtas.***








# ANG SIMBAHAN SA Sweden

## PAGLAGO, PANDARAYUHAN, AT KATATAGAN

*Nalampasan ng Simbahan sa Sweden ang pandarayuhan sa ibang bayan ng matatapat na miyembro, di-magagandang ulat sa media, at nag-iibayong sekular na kapaligiran, ngunit pinabibilis ng Panginoon ang Kanyang gawain sa piling lupaing ito.*

**Ni Inger Höglund**

MGA LARAWANG KUHA NI MICHAEL ELLEHAMMER, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; KALIWANG ITAAS: LARAWANG KUHA NG PINKBADGER/ISTOCK/THINKSTOCK; GITNANG KALIWA: LARAWAN NI EZRA TAFT BENSON NANG BUMISITA SA STOCKHOLM; KALIWANG IBABA: LARAWANG KUHA NI ADISA/ISTOCK/THINKSTOCK

Noong 1849, si Pangulong Brigham Young ay tumawag ng ilang kalalakihan upang maglakbay sa iba't ibang panig ng mundo para ipangaral ang ebanghelyo. Isang dating marinong Swedish, si John Forsgren, na sumapi sa Simbahan sa Massachusetts, USA, at naglakbay patungong Salt Lake Valley, ang humiling kay Pangulong Young na isugo siya sa Sweden bilang missionary. Tinawag siyang maglingkod at dumating sa Sweden noong Hunyo 1850.

Unang binisita ni Elder Forsgren ang nakababata niyang mga kapatid sa Gävle. May karamdaman ang kapatid niyang si Peter, at sinabi ng mga doktor na wala na siyang pag-asa. Ipinaliwanag ni Elder Forsgren ang layunin ng kanyang misyon sa kanyang mga kapatid, pagkatapos ay pinahiran ng langis at binasbasan si Peter, at nanumbalik ang kalusugan nito. Noong Hulyo 19, 1850, bininyagan ni Elder Forsgren ang kanyang kapatid, na siyang unang nabinyagan sa Sweden.

Ang kapatid na babae ni Elder Forsgren, si Erika, ay nagkaroon ng nakatutuwang karanasan na naghanda sa kanila ni Peter para tanggapin ang ebanghelyo. Ilang buwan bago dumating ang kanyang kapatid, nagsimba siya, tulad ng kanyang nakagawian. Habang kumakanta ng himno, nakita niyang may isang taong tumayo sa kanyang harapan at nagsabing, "Sa ikalimang araw ng Hulyo pupuntahan ka ng isang lalaki na may dalang tatlong aklat at lahat ng maniniwala sa mga bagay na nakasulat sa mga aklat na iyon ay maliligtas." Nang dumating ang kuya niya na may dalang Biblia, Aklat ni Mormon, at Doktrina at mga Tipan, naniwala siya sa patotoo nito nang walang pag-aalinlangan.[1]

Sa kasamaang-palad, kinailangang lisanin ni Elder Forsgren ang bansa pagkaraan lamang ng tatlong buwan. Sa loob ng ilang taon nagpadala ng iba pang mga missionary sa Sweden. Nalaman nila na ang mga tao sa Skönabäck, sa lalawigan ng Skåne, ay handang pakinggan ang ebanghelyo. Napakaraming nabinyagan kaya nabuo ang unang branch doon noong 1853 na may 36 miyembro. Isa sa mga unang lider sa Skåne si Carl Capson, na tinawag bilang branch president sa Lund. Mga 100 miyembro ang dumalo sa unang kumperensya ng Simbahan sa kamalig ni Carl, na idinaos sa gabi para makaiwas sa pang-uusig.[2]

### Kababaihang May Pananampalataya


Ang kababaihang tumanggap sa ebanghelyo ang naging mga halimbawa at napagkunan ng lakas sa Sweden. Isang halimbawa si Britta Olsdotter Persson, ang unang taong tumanggap sa ebanghelyo sa Vingåker. Noong 1877, para



*Nagpulong ang mga miyembro sa Västerås sa tahanang ito noong 1950s.*


**TIME LINE**

*1850: Dumating ang unang missionary, si John Forsgren, sa Sweden; mga unang nabinyagan, Peter ► at Erika Forsgren, nabinyagan*



*1853: Itinatag ang unang branch, ang Skönabäck Branch, na may 36 na miyembro*

*1854: Itinatag ang Stockholm Branch*




*◄ 1878: Isinalin at inilimbag ang Aklat ni Mormon sa Swedish*

*► 1904: Kilala sa address nitong Svartensgatan 3, ang unang gusali ng Simbahan na binili sa Sweden (nakapakita rito noong 1946)*

makatulong sa pagsuporta sa kanyang pamilya, naglakbay siya patungong Stockholm para ibenta ang kanyang mga tinahi. Doon niya nakilala ang mga missionary at natanto na katotohanan ang kanilang itinuturo at bininyagan siya, sa edad na 50.

Ang kanyang pagsapi at magiting na pagsisikap na ipalaganap ang gawain ng Panginoon ay nauwi sa marami pang mga binyag kalaunan, at isang branch ang itinatag sa Vingåker. Ang kanyang mga inapo ay aktibo pa rin sa Simbahan. Sabi ng apo-sa-talampakan ni Sister Persson na si Laila Krylborn, "Masayang makita ang nangyari sa mga henerasyon ng aming mga anak at apo. Ngayo'y may ilang priesthood holder at missionary na sa aming pamilya."

Ang isa pang babaeng pioneer ay si Lovisa Munter ng Uppsala. Naging miyembro siya noong 1886 at naging tapat hanggang kamatayan sa edad na 91. Maraming Linggo siyang nagpunta sa mga meeting hall, nagbukas ng ilaw, at naghintay sa pagdating ng iba pang mga miyembro. Kadalasa'y walang dumarating. Pagsapit ng alas-11:00 n.u. sinasabi niya sa kanyang sarili, "Hindi dapat paghintayin ang Diyos." Kakanta siya, magdarasal, magbibigay ng maikling mensahe, at pagkatapos ay magtatapos sa isa pang awit at panalangin.

Kapag naglalakbay siya noon patungong Stockholm sakay ng tren, namimigay si Sister Munter ng mga polyeto tungkol sa Simbahan. Patuloy ang kanyang pamana ng pananampalataya: ilan sa kanyang mga inapo ang nakabalik na sa Sweden bilang mga missionary.[3]

Bumisita rin ang mga missionary sa Smedjebacken, sa lalawigan ng Dalarna. Kabilang sa mga naging miyembro ng Simbahan ang pamilya Jansson noong 1886. Isang inapo ng pamilyang iyon si Reid Johnson, isang missionary na dumating sa Sweden pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ilang beses siyang nagbalik pagkatapos ng kanyang misyon—bilang mission president, regional representative, at temple president. Nagbuhat din sa pamilya Jansson ang maybahay ng isang propeta, si Sister Frances Monson.

## Pagtitiis sa Kabila ng Pang-uusig

Sa loob ng maraming dekada, matindi ang pang-uusig sa mga miyembro ng Simbahan. Maraming missionary na nabilanggo, kabilang na si Mikael Jonsson, isang katutubong Swede. Dinakip siya noong 1852 at dinala nang 480 milya (770 km) na nakakadena patungong Malmö, kung saan siya ibinilanggo sa piitan ng kastilyo, na labis ang pagkagutom at pagkapagod. Binisita siya ng isang pari, na nalaman na si Elder Jonsson ay isang matalinong tao na kahit paano ay nakapag-aral. Sinabi ng pari na handa itong tumulong sa kanya at nangakong pag-aaralin pa siya—sa kundisyon na sasapi siya sa relihiyong Lutheran at itatakwil niya ang "Mormonismo." Hindi itinakwil ni Elder Jonsson ang kanyang relihiyon, kaya itinapon siya sa ibang lugar.[4]

Ang isa pang tapat na missionary ay si Carl A. Carlquist, ipinanganak malapit sa Vänersborg noong 1857. Sa edad na 17, nakadama siya ng matinding hangaring ipangaral

LARAWAN NG VÄSTERÅS BRANCH MEETINGHOUSE AT MGA MISSIONARY SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; LARAWAN NI PETER FORSGREN SA KAGANDAHANG-LOOB NI SUSAN EASTON BLACK.

ang ebanghelyo at inutusan siyang mamahagi ng mga polyeto ng Simbahan sa paligid ng Jönköping. Mahirap lang siya, kaya ang mga miyembro ng kanyang branch, pitong biyuda at ang mga anak nito, ay naghanap ng amerikana at sapatos para sa kanya. Walang sariling amerikana si Carl nang sumapit ang taglamig, ngunit pinahiram siya nang ilang oras bawat araw ng ilan sa mga miyembro kapag hindi nila ito kailangan.[5]

Kalaunan ay nandayuhan si Carl sa Utah at pinakasalan si Hulda Östergren, isang dayong Swedish. Dalawang beses pa siyang nagmisyon sa Sweden, pati na bilang mission president ng Scandinavian Mission. Halos buong huling misyon niya ay nagugol sa pagtatama ng mga maling ulat tungkol sa Simbahan na inilathala ni Reverend P. E. Åslev, isang pastor na nanirahan sa Salt Lake City at inupahan upang magpalaganap ng mga ulat laban sa mga Mormon sa Sweden. Halimbawa, noong 1912, sumulat ng isang artikulo si Åslev sa pahayagang *Svenska Dagbladet* kung saan sinabi niya na si Brother Carlquist ay polygamist [maraming asawa].[6] Kasama sa mga pagsisikap ni Carl ang pagkausap niya kay King Gustaf V at pinabulaanan niya ang mga pahayag ni Åslev sa mga pampublikong pulong.[7]

Para mapabulaanan ang mga pinagsasabi ni Åslev, isang miyembro doon, si Einar Johansson, ang nagboluntaryong magsalita para sa Simbahan. Dumulog siya sa batas dahil sinabi rin ni Åslev na ang mission office ng Simbahan "ay isang negosyong nagbebenta ng aliw," na isang paninirangpuri.[8] Si Brother Johansson ay naging mahalaga at epektibong lider ng Simbahan sa Sweden, kabilang na ang pagiging branch president sa Stockholm.[9]

Sa kabila ng pang-uusig sa panahong ito, maraming tumanggap sa ebanghelyo. Ang pinakamatagumpay na taon hanggang sa ngayon ay noong 1862, nang 640 katao ang nabinyagan at nakumpirma. Gayunman, karamihan sa mga sumapi ay naglakbay kaagad patungong Utah. Noong panahong iyon, hinikayat ng mga lider ang pandarayuhang ito upang patatagin ang Simbahan doon. Ang mga resulta ng pandarayuhang iyon ay makikita ngayon: halos kalahati ng mga naninirahan sa Utah ay taga-Scandinavia ang mga ninuno.

Gayunman, noong 1910, binisita ni Pangulong Joseph F. Smith ang Stockholm at hinikayat ang mga miyembro na manatili roon at patatagin ang Simbahan sa Sweden.

### Ang Simbahan Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Nang magsimula ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lahat ng Amerikanong missionary ay pinauwi. Mga lokal na kalalakihang Swedish ang hinilingang maglingkod bilang mga missionary. Si C. Fritz Johansson, na sumapi sa Simbahan noong 1931, ang tinawag bilang bagong mission president. Isang taon bago sumiklab ang digmaan, ibinenta niya ang kanyang negosyong grocery at naging missionary silang magasawa kasama ang tatlong anak nila. Pagkatapos ng digmaan, tinawag si President Johansson at pitong missionary mula sa Sweden upang muling buksan ang gawaing misyonero sa Finland, na natigil dahil sa digmaan.

Nang bumalik ang mga Amerikanong missionary sa Sweden noong 1946, nagturo sila ng Ingles bilang bahagi ng kanilang gawaing misyonero, at marami sa kanilang mga estudyante ang naging miyembro ng Simbahan. Gayunman, hindi nagtagal ang paglago dahil maraming miyembrong Swedish ang nandayuhan sa Utah. Dahil takot sa dati nilang mga kaaway, ang panghihikayat ng mission president, at pagkakataong matanggap ang kanilang mga ordenansa sa templo ang nakahikayat sa 250 aktibong mga miyembro na lisanin ang Sweden sa pagitan ng 1948 at 1950.

Isa sa mga pamilyang iyon sina Oskar at Albertina Andersson, na naging mga miyembro ng Simbahan noong 1915. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, gumawa ng napakahirap na desisyon sina Oskar, Albertina, at pito sa kanilang mga anak na nag-asawa ng mga



*► 1905: Itinatag ang Sweden Mission*




*1914: Hindi pumayag ang mga miyembro ng Swedish parliament sa panukalang paalisin ang "mga kinatawang Mormon" sa bansa*

*1926: Tinanggap ng Simbahan ang legal na pahintulot na magsagawa ng mga libing ng mga miyembro nito*

*1952: Ginarantiyahan ng bagong batas ang kalayaan para sa lahat ng simbahang hindi itinaguyod ng gobyerno; tumanggap ang Simbahan ng legal na pahintulot na magsagawa ng mga kasal para sa mga miyembro nito*







miyembro, na ibenta ang lahat ng kanilang ari-arian at “maglakbay patungong Sion.” Mula 1949 hanggang 1950, 29 na mga miyembro ng pamilya Andersson ang lumisan ng Sweden. Iniwan nina Oskar at Albertina ang kanilang tahanan, tatlong anak, at apat na apo, na hinding-hindi na nila muling makikita. Dumating sila sa isang disyerto at lungsod kung saan ang wikang sinasalita ng mga tao ay hindi nila maintindihan. Ngunit para sa matatapat na miyembrong ito, mas mahalaga ang mapalapit sa templo kaysa anupamang bagay.

Ang mga miyembro ng pamilya Andersson ay naglingkod simula noon bilang mga missionary at lider ng Simbahan sa lahat ng panig ng mundo, pati na bilang Area President sa Africa at temple president sa Sweden.

Gayunman ang iba pang mga miyembro ng Simbahan ay nagpasiyang manatili sa Sweden at naging mga lider. Isa sa kanila si Bo Wennerlund, isang bata pang ama na nabinyagan noong 1949. Siya ay naging mahalagang lider ng Simbahan sa Sweden, at naglingkod bilang mission president, regional representative, at temple president.

### Mga Pagpapala ng Templo sa Sweden

Ganap na tumigil ang pandarayuhan nang ilaan ang isang templo sa Switzerland noong 1955. Sa loob ng 30 taon ilang beses nagbiyahe nang ilang araw ang mga miyembrong Swedish patungo doon sakay ng tren, bus, kotse, at maging ng eroplano—kung minsa’y ilang beses sa isang taon.

Lubos na nagalak ang mga miyembro nang itayo ang isang templo sa Stockholm at ilaan ito noong 1985. Inilarawan ni Berit Vennerholm, miyembro ng Västerhaninge Ward, ang paglalaan bilang “isang pinakaaasam at maluwalhating karanasan. Ang hinding-hindi ko malilimutan ay nang iwagayway naming lahat ang aming puting panyo at sumigaw kami ng, ‘Hosanna!’ ”

Ginabayan ng kamay ng Panginoon ang pagpili ng lote para sa templo. Matapos ang maraming pakikipagtalakayan sa ilang bayan sa Stockholm, dalawang angkop na lote ang natagpuan. Isang komite ng mga lokal na lider ng Simbahan ang nagmungkahi sa isa


**ANG SIMBAHAN SA SWEDEN**
Mga Mission: 1
Mga Stake: 4
Mga District: 1
Mga Ward: 24
Mga Branch: 16
Mga Miyembro: 9,463

*1953: Ang unang mag-asawang miyembro, sina Bengt-Arne Månhammar at Kerstin Skog, ay ikinasal ng mission president na si Clarence F. Johnson*




*◄ 1955: Naglakbay ang unang grupo ng mga miyembrong Swedish papunta sa templo sa Bern, Switzerland*

*1965: Inilaan ang unang meetinghouse na itinayo ng Simbahan sa Gubbängen, Stockholm*









*Nagtanghal ang Mormon Tabernacle Choir sa Stockholm Concert Hall noong 1982.*

sa mga ito, ngunit ipinasiya ng Pangulo ng Simbahan na mas maganda ang isa pang lote. Napatunayang inspirado ang desisyong ito, dahil kalaunan ang naunang lote ay napatunayang hindi akma para sa isang templo.

Bagama't nahirapan ang Simbahan na tumanggap ng magandang puna sa Swedish media, tumanggap ito ng magandang puna noong 1984, nang mapanalunan ng magkakapatid na binata sa pamilya Herrey ang pinakamalaking paligsahan sa pagkanta sa Europa. Ang paglabas nila sa telebisyon at sa mga pahayagan ay nagbigay ng magandang publisidad sa Simbahan, at maraming kabataang sumapi sa Simbahan sa panahong iyon.

Noong mga huling taon ng 1980s, ang isa pang miyembrong tumanggap ng magandang atensyon ng media ay ang 35-taong-gulang na U.S. ambassador sa Sweden na si Gregory Newell, na madalas makita sa iba't ibang pampublikong kaganapan. Nagbalik silang mag-asawa sa Sweden noong 2011 upang mamuno sa Sweden Stockholm Mission hanggang Hulyo 2014.

Si President Newell ay namuno sa lumalagong bilang ng mga missionary, na mula 84 ay naging 205. Dahil kakaunti at mahal ang mga apartment sa Sweden, inilarawan niya ito bilang "isang himala na nakakita ang mission ng karagdagang 56 na apartment para sa parating naming mga missionary."

*1975: Inorganisa ang unang stake, sa Stockholm, ni dating Elder Thomas S. Monson*




*◄ 1985: Inilaan ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang Stockholm Temple*

*1991: Nagpunta ang mga unang miyembro mula sa Russia sa Stockholm Temple; isinama ang mga estado ng Russia at Baltic sa temple district*



*◄ 1995: Inilibot ni Pangulong Thomas S. Monson sina King Carl XVI Gustaf at Queen Silvia sa bakuran ng Stockholm Temple*

## Tunay na Paglago

Pagkatapos ng digmaan, naging masyadong sekular na bansa ang Sweden. Gayunman, maraming dayuhang naghahanap sa Diyos. Isa sa bawat anim na Swede ngayon ay isinilang sa labas ng bansa. Karamihan sa mga sumasapi sa Simbahan sa Sweden ay mga dayuhan. Inilarawan ni President Newell ang ilang kabibinyag pa lamang: "Ang mga kapatid na nagmula sa 28 iba't ibang bansa ang sumapi sa Simbahan sa Sweden. Naipahayag ko na ang aking pananaw na tinitipon ng Panginoon ang Israel sa pamamagitan ng pagkakalat sa kanila mula sa kanilang mga bayang sinilangan. Talagang pinabibilis ang gawain sa ating panahon sa piling lupaing ito."

Lumalago rin ang Simbahan sa puso ng mga miyembro. Ang mga multi-stake conference ay umaakit sa maraming kabataan mula sa kalapit na mga bansa at nakakatulong sa pagtatatag ng mga bagong pamilya. Dahil sa malalaking child allowance ng gobyerno at bayad na bakasyon para sa mga magulang na nagkaanak, posible nang bumuo ng medyo malalaking pamilya ang mga mag-asawa.

Ngayon, karamihan sa mga aktibong kabataang miyembro ay naglilingkod sa mga mission sa lahat ng panig ng mundo. Ang isang nakauwi nang missionary, si David Halldén, ang unang missionary sa Yekaterinburg, Russia, ay mayroon na ngayong magandang pamilya na may anim na anak. Ikinuwento niya kung paano nakakatulong ang ebanghelyo sa kanyang pamilya: "Napakaraming tinig na maaaring iligaw ng landas ng mga bata. Tinutulungan tayo ng ebanghelyo na palakasin sila at makuha ang kanilang tiwala."


Sa kabila ng sekular na kapaligiran at ilang masasamang publisidad, maraming matatapat na miyembro at matatatag na lider ng Simbahan na naninirahan sa Sweden. Pinasasalamatan ng mga miyembro ang tulong na ibinibigay ng mga turo at aktibidad ng Simbahan sa mga pamilya at tao, at matindi ang hangarin nilang tanggapin ng mas marami pang tao ang masayang mensahe ni Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala. ■


*Ang awtor ay naninirahan sa Sweden.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Box Elder Lore of the Nineteenth Century* (1951), 58.
2. Tingnan sa Andrew Jenson, *History of the Scandinavian Mission* (1979), 81.
3. Tingnan sa Inger Höglund at Caj-Aage Johansson, *Steg i tro* (2000), 122.
4. Tingnan sa Jenson, *History of the Scandinavian Mission,* 53.
5. Tingnan sa Myrtle McDonald, *No Regrets: The Life of Carl A. Carlquist* (1985), 19–21.
6. Tingnan sa McDonald, *No Regrets,* 219.
7. Tingnan sa Jenson, *History of the Scandinavian Mission,* 331.
8. Sa McDonald, *No Regrets,* 239.
9. Tingnan sa McDonald, *No Regrets,* 219.

KANAN: LARAWAN NI PANGULONG MONSON NA BUMISITA SA HARI SA KAGANDAHANG-LOOB NG *CHURCH NEWS*





**Elder Marlin K. Jensen**
Naglingkod bilang miyembro ng Pitumpu mula 1989 hanggang 2012



# MGA ARAL MULA SA Sagradong Kakayuhan

Noong 1993, apat na taon matapos akong tawagin sa Pitumpu, kami ng aking pamilya ay hinilingang maglingkod sa New York Rochester Mission. Kasama sa mission na iyon ang bayan ng Palmyra (kung saan halos buong 1820s ay nanirahan si Joseph Smith at ang kanyang pamilya) at ang Fayette (kung saan ang Simbahan ay inorganisa noong Abril 1830).

Magandang lugar iyon, na naliligiran ng mga burol na puno ng kakayuhan; malilinaw na lawa at sapa; at mababait at nakatutuwang mga tao. Iyon ay lugar din na ginawang sagrado ng mga nangyari doon.

Sa isang kakayuhan ng matataas na puno ng beech, oak, maple, at iba pang mga puno na wala pang kahalating kilometro ang layo sa kanluran ng tahanan ng pamilya nina Joseph at Lucy Mack Smith malapit sa Palmyra, nakita ng 14-na-taong-gulang na si Joseph Smith sa pangitain ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Ang banal na pagpapakitang ito, bilang tugon sa panalangin ni Joseph na malaman ang katotohanan hinggil sa relihiyon, ang nagpasimula sa Panunumbalik ng ebanghelyo sa huling dispensasyong ito. Pinagpipitaganan din ang kakayuhang iyon sa kasaysayan ng Simbahan—isang lugar na ikinararangal nating tawaging Sagradong Kakayuhan.

Napamahal sa amin ng aking pamilya ang kakayuhang iyon at dama namin ang kasagraduhan nito. Madalas kaming magpunta roon. Bawat buwan kapag may dumating na mga bagong missionary at may paalis na mga patapos na sa kanilang misyon, dinadala namin sila doon.

Habang mapitagan akong naglalakad sa Sagradong Kakayuhan o nakaupo at nag-iisip sa mga bangkong naroon, madalas akong magmuni-muni tungkol sa saganang paglalarawan sa mga banal na kasulatan ng mga puno, sanga, ugat, binhi, bunga, at kagubatan. Ang isang taong matamang magmasid ay may ilang aral na matututuhan mula sa ecosystem doon. Nais kong ibahagi nang maikli ang apat sa mga aral na iyon.[1]

MGA PAGLALARAWAN NI ROYCE BAIR



*Hinihikayat ko kayong laging ilagay sa inyong puso't isipan ang Sagradong Kakayuhan at maging tapat sa mga katotohanang sinimulang ihayag ng Diyos doon.*

**1. Ang mga puno ay laging lumalaki paharap sa liwanag.**

Sa Sagradong Kakayuhan, ang mga punong tumutubo sa gilid ng orihinal na gubat at sa gilid ng marami sa mga daanan sa looban ay tumubo palabas upang takasan ang mga sanga at dahon na nakatakip sa liwanag sa ibabaw nila at pataas upang sumagap ng sikat ng araw. Ang baluktot na mga katawan at sanga ay ibang-iba sa katabing mga punong lumalaki nang halos tuwid na tuwid. Ang mga puno, gaya ng halos lahat ng organismong nabubuhay, ay kailangan ng liwanag upang manatiling buhay. Gagawin nila ang lahat ng kaya nila upang masagap ang lahat ng sikat ng araw na masasagap nila para magkaroon ng photosynthesis—ang prosesong pinagdaraanan ng light energy para maging chemical energy.

Ang liwanag ay mas mahalaga sa pagpapasigla ng espirituwalidad kaysa ng kalikasan. Nangyayari ito dahil ang liwanag ay mahalaga sa ating espirituwal na paglago at sa katuparan ng ating lubos na potensyal bilang mga anak ng Diyos.

Kadiliman ang kabaligtaran ng liwanag at kumakatawan sa mga puwersa sa mundo na naghahangad na ilayo tayo sa Diyos at biguin ang Kanyang banal na plano para sa ating buhay. Karaniwan ay sa takipsilim o sa madidilim na lugar ibinubuhos ng mga puwersa ng kasamaan ang kanilang pinakamalaking impluwensya. Ang mga paglabag sa batas ng kalinisang-puri, pagnanakaw, paglabag sa Word of Wisdom, at iba pang mga asal na ipinagbabawal ng ating Ama sa Langit ay karaniwang nagaganap sa dilim. Kahit piliin nating gumawa ng mali sa liwanag ng araw, hindi natin mapipigilang madama ang kadiliman.

Mabuti na lang, ang Espiritu ni Cristo "ay nagbibigay ng liwanag sa bawat tao na dumarating sa daigdig; at ang Espiritu ay nagbibigay-liwanag sa bawat tao sa pamamagitan ng daigdig, na nakikinig sa tinig ng Espiritu.

"At ang bawat isa na nakikinig sa tinig ng Espiritu ay lumalapit sa Diyos, maging [sa] Ama" (D at T 84:46–47).

Maganda ang paglalarawan sa talatang ito tungkol sa likas na pagnanais ng mga anak ng Diyos na maghangad ng mga espirituwal na bagay, ang espirituwal na simbuyo ng damdamin na bigay ng Diyos sa ating lahat—kung hindi natin ito pipigilin—na lumapit sa liwanag at, sa paggawa nito, lumapit sa Diyos at sa Kanyang Anak at maging lalong katulad Nila. Sabi ni Jesus tungkol sa Kanyang Sarili, "Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan" (Juan 8:12).

Hinihimok ko kayo na iwasan ang kadiliman ng kasalanan sa lahat ng masasamang anyo nito at puspusin ang inyong buhay ng Espiritu, katotohanan, at liwanag ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng paghahangad ng mabubuting kaibigan, nagbibigay-inspirasyong musika at sining, kaalaman mula sa pinakamagagandang aklat (lalo na sa mga banal na kasulatan), mga sandali ng taos na panalangin, tahimik na paggugol ng oras sa kalikasan, makabuluhang mga aktibidad at pakikipag-usap, at isang buhay na nakasentro kay Cristo at sa Kanyang mga turo tungkol sa pagmamahal at paglilingkod.



**2. Ang mga puno ay kailangan ng oposisyon upang magampanan ang layunin ng paglikha sa mga ito.**

Marami nang nasunod na teoriya tungkol sa pamamahala sa kagubatan sa pagdaan ng mga taon sa pangangalaga sa Sagradong Kakayuhan. Minsa'y isang test plot ang pinili para subukan ang tinatawag na *release thinning (pagbabawas ng mga puno para kaunti lamang ang mag-agawan sa sikat ng araw at iba pa)*. Tinukoy ng mga forester ang inakala nilang potensyal na pinakamalalaki at pinakamalalagong batang puno sa test plot, at saka nila pinutol at pinungusan ang di-gaanong malalagong puno at ang kaagaw nitong maliliit na puno. Ipinalagay nila na kapag nabawasan ang nag-aagawan sa tubig, sikat ng araw, at nutrisyon mula sa lupa, magiging *malaya* ang mga piling puno na lumaki at lumago sa pambihirang mga paraan.

Pagkaraan ng ilang taon kitang-kita na kabaligtaran nito ang nangyayari. Nang mawala na ang mga kaagaw, naging kampante ang mga piling puno. Sa halip na umunat pataas



*Ang ilang puno sa Sagradong Kakayuhan ay nagpapamalas na maaari tayong makinabang sa oposisyon at na sa pinakamahirap na sitwasyon tayo kadalasan maraming natututuhan.*



sa liwanag, bumagal ang kanilang paglaki, naglabas sila ng maraming sanga sa ibaba na kalauna'y nawalan ng silbi nang matakpan ng maraming dahon sa ibabaw ang sikat ng araw. Walang puno sa test plot ang nakahambing sa laki o sigla ng mga punong kinailangang makipag-agawan at madaig ang oposisyon upang manatiling buhay.

Isa sa mga pangunahing doktrina ng Aklat ni Mormon ay na kailangang magkaroon ng "pagsalungat [oposisyon] sa lahat ng bagay" (2 Nephi 2:11). Ang isang mundong may magkakasalungat ay nagbibigay ng mga pagpipilian sa pagitan sa mabuti at masama para magamit ang kalayaang pumili. Gayunman, mahalaga rin ang alituntunin na kailangang magkaroon ng oposisyon para magkaroon ng espirituwal na pag-unlad. Pag-unawa at pagsunod sa alituntuning ito ang susi sa pagtanggap at pagiging masaya sa buhay. Kailangan din ito upang makaranas ng kinakailangang personal na paglago at pag-unlad.

Sa malao't madali, lahat tayo ay mahaharap sa oposisyon at paghihirap. Ang ilan sa mga ito ay resulta lamang ng mortal na buhay rito sa isang mundo ng kasamaan. Maaaring kasama rito ang mga puwersa ng kalikasan, karamdaman at sakit, mga tukso, kalungkutan, o kapansanan sa katawan o isipan. Kung minsa'y dumarating ang oposisyon at kagipitan dahil sa ating mga maling pagpili. Dapat tayong magpasalamat nang husto sa ating Tagapagligtas, na ang Pagbabayad-sala ay naglalaan ng paraan para maitama ang lahat ng pagkakamali.

Labis akong napanatag sa mga salita ng Panginoon kay Joseph Smith sa Liberty Jail noong halos hindi na makayanan ni Joseph ang kanyang mga pasanin: "Alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti" (D at T 122:7).

Ang ilang puno sa Sagradong Kakayuhan ay nagpapamalas na maaari tayong makinabang sa oposisyon at na sa pinakamahirap na sitwasyon tayo kadalasan maraming natututuhan. Ang mga punong ito ay kinailangang makabawi mula sa iba't ibang uri ng oposisyon o paghihirap—isang tama ng kidlat, isang malakas na hangin, isang makapal na snow o yelo, pakikialam at pang-aabuso ng pabayang mga tao, at kung minsa'y panggigipit ng kalapit na puno. Sa masasamang sitwasyong ito lumalabas ang ilan sa pinakamatatag at nakakaakit na mga puno sa kakayuhan.

**3. Ang mga puno ay higit na lumalago sa kagubatan, hindi sa pagkabukod.**

Sa kalikasan hindi karaniwang makakita ng isang punong nakatayong mag-isa. Ang mga puno ay halos laging lumalago sa mga kakayuhan, at sa paglipas ng panahon nagiging gubat ang mga kakayuhan. Gayunman, ang Sagradong Kakayuhan ay higit pa sa simpleng grupo ng mga puno. Ito ay isang kumplikadong ecosystem na kinabibilangan ng maraming klase ng mga halaman at hayop.



May mamamalas na pagkakaugnay ang lahat ng iba't ibang uri ng mga ligaw na bulaklak, palumpong, puno, kabute, lumot, ibon, mga hayop na katulad ng daga, kuneho, usa, at iba pang nilalang doon. Ang mga ito ay nag-uugnayan at umaasa sa isa't isa para sa pagkain, kanlungan, at epektibong pagtutulungan at isang kapaligiran kung saan iikot ang gulong ng kanilang buhay.

Ang plano ng Diyos para sa ating buhay ay may gayon ding kaugnayan para sa atin. Pagsisikapan natin ang ating kaligtasan nang magkakasama, hindi nang nag-iisa. Ang Simbahan ay nagtatayo ng mga meetinghouse, hindi ng mga taguan ng ermitanyo.

Mula nang magsimula ang Panunumbalik, ipinag-utos nang magtipun-tipon tayo sa mga komunidad, kung saan tayo matututong mamuhay na magkakasundo at sumusuporta







sa isa't isa sa pamamagitan ng paggalang sa ating mga tipan sa binyag (tingnan sa Mosias 18:8–10). Bilang mga anak ng Diyos, hindi tayo uunlad nang mag-isa na tulad ng isang puno na nag-iisa. Kailangan ng malulusog na puno ang ecosystem; kailangan ng malulusog na tao ang isa't isa.

Mabuti na lang, inaasam nating lahat na makihalubilo sa lipunan, makisama, at magkaroon ng matatapat na kaibigan. Bilang mga miyembro ng walang-hanggang pamilya ng Diyos, lahat tayo ay nasasabik sa kasiyahan at seguridad na dulot ng malapit at matibay na mga ugnayang iyon. Bagama't ang mga social networking site ay walang-alinlangang naglalaan ng isang uri ng pakikihalubilo, hindi nito mahahalinhan ang tapat, bukas, at harapang komunikasyong kailangang mangyari upang magkaroon ng tunay at nagtatagal na mga ugnayan.

Walang alinlangan na ang pinakauna at pinakamahusay na lugar para matutong makisama sa iba ay ang tahanan. Sa bahay natututo tayong maglingkod, maging dimakasarili, magpatawad, at magpasensya na mahalaga sa pagbubuo ng nagtatagal na mga kaugnayan sa iba.

Mabuti na lang, ang inspiradong organisasyon ng Simbahan ay naglalaan din ng mga sitwasyon kung saan tayo matututong makisama. Sa mga calling, miting, klase, korum, council, aktibidad, at iba't iba pang pagkakataong makisama sa Simbahan, nagkakaroon tayo ng mga katangian at kasanayan sa pakikisama na maghahanda sa atin sa maayos na pagsasamahang iiral sa langit.

Patungkol sa nakatataas na kaayusang ito, sinabi ni Propetang Joseph Smith, "At yaon ding lipunan na umiiral sa atin dito ang iiral sa atin doon, lamang ito ay may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian, kung aling kaluwalhatian ay hindi pa natin ngayon tinatamasa" (D at T 130:2).

### 4. Ang mga puno ay humuhugot ng lakas sa nutrisyong dulot ng mga naunang henerasyon ng mga puno.

May isang pagkakataon na ipinasiya ng mga responsable sa pangangalaga sa Sagradong Kakayuhan na dapat linisin at ayusin ang kakayuhan. Sa gayon ay nag-organisa sila ng mga proyektong pangserbisyo upang alisin ang naputol na mga puno at sanga, maliliit na halaman, mga tuod, at nalaglag na mga dahon sa loob ng kakayuhan. Matapos itong gawin, hindi nagtagal ay nagsimulang mabawasan ang sigla ng kakayuhan. Bumagal ang paglaki ng mga puno, iilan lang ang tumubong mga bagong puno, nagsimulang maglaho ang ilang uri ng ligaw na bulaklak at halaman, at nabawasan ang dami ng mga ibon at iba pang mga hayop sa gubat.

Kalaunan, sa rekomendasyon na iwanang natural ang kakayuhan hangga't maaari, hinayaan na ang naputol na mga puno at sanga na mabulok at patabain ang lupa. Hinayaan na ang mga dahon kung saan sila nalaglag. Ang mga bisita ay hinilingang manatili sa mga markadong daan para di-gaanong magambala ang kakayuhan at di-gaanong masiksik ang lupa sa loob ng kakayuhan. Sa loob lamang ng ilang taon, nagsimulang yumabong at manariwang muli ang kakayuhan sa pambihirang paraan. Ngayo'y mayabong ito sa halos dalisay na kalagayan, na may malalagong halaman at saganang mga hayop.

*Ang isang taong matamang magmasid ay may ilang aral na matututuhan mula sa ecosystem sa Sagradong Kakayuhan.*

Ang aral na matututuhan sa karanasang ito ay mahalaga sa akin. Sa loob ng pitong taon naging pribilehiyo kong maglingkod bilang historian at recorder ng Simbahan. Bakit napakahalaga ng record keeping at pagkolekta, pag-iingat, at pagbabahagi ng kasaysayan sa Simbahan ni Jesucristo? Bakit napakahalagang malaman natin at paghugutan ng lakas ang nakaraang mga henerasyon? (Tingnan sa D at T 21:1; 69:3, 8.)

Nais kong sabihin na imposibleng mabuhay nang lubos sa kasalukuyan—at magplano para sa ating tadhana sa hinaharap—nang walang pundasyon ng nakaraan. Ang pag-unawa sa kaugnayan ng nakaraan sa kasalukuyan at sa hinaharap ay tinutulungan tayong mas lubos na pahalagahan ang pakahulugan ng Panginoon sa katotohanan ayon sa pagkahayag kay Joseph Smith: "Ang katotohanan ay kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa" (D at T 93:24).

Ang ating kaalaman tungkol sa ating nakaraan dahil sa mga talaang naingatan at tungkol sa ating



hinaharap dahil sa mga banal na kasulatan at mga turo ng mga buhay na propeta ay naglalaan sa atin ng kontekstong nagtutulot na magamit natin nang matalino ang ating kalayaan.

Mahalagang maging pamilyar tayo sa kasaysayan ng ating Simbahan, lalo na sa mga kuwento tungkol sa pagtatatag nito. Ang mga kuwentong ito—ang Unang Pangitain ni Joseph Smith, pagkalathala ng Aklat ni Mormon, mga pagbisita nina Juan Bautista, Pedro, Santiago, Juan, Elijah, Elias, at iba pa—ay naglalaman ng mga katotohanan ng pagtatatag kung saan ibinatay ang Panunumbalik.

Ang malungkot, sa panahong ito ng teknolohiya, kung saan laganap ang impormasyon—na ang ilan ay pinupulaan ang mga kaganapan at mga tao sa kasaysayan ng Simbahan—nasubukan ang pananampalataya ng ilang Banal sa mga Huling Araw at nagsimula silang mag-alinlangan sa matagal na nilang pinaniniwalaan. Sa nag-aalinlangang mga taong iyon ipinararating ko ang aking pagmamahal, pag-unawa, at pagtiyak na kung susunod sila sa mga alituntunin ng ebanghelyo at mapanalangin nilang patuloy na pag-aaralan ang kasaysayan ng Simbahan—na nag-aaral nang sapat upang magtamo ng mas kumpleto sa halip na mangilan-ngilan o kulang-kulang na kaalaman—pagtitibayin ng Espiritu Santo ang kanilang pananampalataya sa mahahalagang kaganapan sa kasaysayan ng Simbahan sa pamamagitan ng pagpapadama ng kapayapaan sa kanilang isipan. Sa ganitong paraan tatatag ang kanilang pananalig hinggil sa kasaysayan ng ipinanumbalik na Simbahan.

## Katapusan

Noong naglilingkod kami sa aming misyon malapit sa Palmyra, may mga pagkakataon na mag-isa akong nagpupunta sa Sagradong Kakayuhan at mapitagang tumatayo sa tabi ng paborito kong "witness tree [punong saksi]"—isa sa tatlong buhay na punong tumubo sa kakayuhan nang maganap ang Unang Pangitain. Madalas kong isipin na kung makapagsasalita lang ang punong iyon, ikukuwento niyon sa akin ang nasaksihan nito sa araw ng tagsibol na iyon noong 1820. Ngunit hindi talaga kailangang magkuwento pa sa akin ang punong iyon—alam ko na.

Dahil sa espirituwal na mga karanasan at pakiramdam simula pa noong kabataan ko hanggang sa oras na ito, nalaman ko na ang ating Diyos Ama ay buhay. Alam ko rin na ang Kanyang Anak na si Jesucristo ang Tagapagligtas at Manunubos ng buong sangkatauhan. Alam ko na ang dalawang niluwalhating Nilalang na ito ay nagpakita kay Joseph Smith.

Ang maluluwalhating katotohanang ito ay nagsimula sa Sagradong Kakayuhan. Hinihikayat ko kayong tumayo palagi sa sagradong lugar na iyon sa inyong puso't isipan at maging tapat sa mga katotohanang sinimulang ihayag ng Diyos doon. ■

*Mula sa isang mensahe sa CES devotional, na "Stand in the Sacred Grove," na ibinigay sa California, USA, noong Mayo 6, 2012. Para sa buong mensahe, bumisita sa cesdevotionals.lds.org.*

**TALA**

1. Pinasasalamatan ko si Robert Parrott, isang forester at naturalist na nagtatrabaho sa Simbahan na naninirahan sa Palmyra, sa pagpapaalam sa akin ng ilang impormasyon tungkol sa Sagradong Kakayuhan na ibinahagi ko.

700 B.C. | 600 B.C. | 500

APOSTASIYA SA JUDA

MGA TAGA-BABILONIA 597 B.C.

ANG IMPERYO NG

# ANG NAWAWALANG 500 TAON:
## MULA KAY MALAKIAS HANGGANG KAY JUAN BAUTISTA

*Maituturo sa atin ng 500 taon sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan ang tungkol sa mga kalagayan sa sinaunang Palestina bago dumating si Jesucristo at matutulungan tayong panibaguhin ang ating pangakong sundin ang Tagapagligtas.*




**Nina S. Kent Brown**
Professor Emeritus ng Ancient Scripture
**at Richard Neitzel Holzapfel**
Propesor ng Church History and Doctrine
sa Brigham Young University


Nang mamatay ang propetang si Malakias noong mga 450 B.C., wala nang narinig na tinig ng tunay na propeta sa loob ng mga 500 taon. Alam natin na ito ang panahon sa pagitan ng dalawang tipan—ang puwang sa pagitan ng mga dispensasyon sa Luma at Bagong Tipan. Dahil walang propeta, ang mga tao sa lupain ay nagsimulang mahati sa mga partido at grupo, bawat isa'y nagsasabing may karapatan siya na bigyang-kahulugan ang mga banal na kasulatan at pamunuan ang mga tao. Ang tamang pagkaunawa tungkol kay Jehova ay naglaho sa mga grupong ito. Sinundan ito ng mahabang panahon ng kalituhan, na nagwakas nang magpadala ang Diyos ng isang bagong propeta, si Juan Bautista, para pasimulan ang isang bagong dispensasyon. Bagama't tinuruan ni Juan Bautista at ng Tagapagligtas ang mga tao, hindi pa rin nawala sa marami ang


B.C. — 400 B.C. — 300 B.C.



PERSIA 539 B.C.







ANG MGA GRIYEGO 332 B.C.

*IPINROPESIYA NI PROPETANG ISAIAS ANG PAGSILANG NI CRISTO,* NI HARRY ANDERSON; *ITINABOY NA MGA JUDIO—ANG PALASYO © NABUCODONOSOR, BABILONIA,* NI BALAGE BALOUGH/ARTRESOURCE/NY; LARAWAN NG MGA NINGAS NG APOY NA IGINUHIT NG WAVEBREAKMEDIA LTD./THINKSTOCK; LARAWAN NI CYRUS THE GREAT NA GUHIT NI DORLING KINDERSLEY/THINKSTOCK; IMAHE NG DARIUS I, BAS-RELIEF SA APADANA, PERSEPOLIS, NI GIANNIA DAGLI ORTI/THE ART ARCHIVE AT ART RESOURCE, NY; LARAWAN NG HALIGING GRIYEGO NA KUHA NI OLMARMAR/SHUTTERSTOCK.COM; IMAHE NG BARYA NA MAY LARAWAN NI SOTER PROLEMAIOS I SA KAGANDAHANG-LOOB NI BPK, BERLIN/MUENZKABINETT, STAATLICHE MUSEEN, BERLIN/REINHARD SACZEWSKI/ART RESOURCE, NY


mga tradisyon at paniniwalang nabuo at tumindi sa mga panahon sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan. Kapag naunawaan natin ang 500 taon na ito at ang kalituhang kaakibat nito, higit nating mauunawaan ang ministeryo ng Tagapagligtas at mapapanibago ang ating pangakong sundin Siya.

## Pagkataboy at Pagkaalipin: Ang Kabayaran ng Pagsuway

Ang mga propetang tulad nina Isaias at Jeremias ay nagbabala sa mga mamamayan ng Jerusalem na kung patuloy nilang lalabagin ang kanilang mga tipan sa Panginoon, wawasakin ang lungsod at ang kanilang templo. Nagkatotoo ang propesiyang ito nang unang sakupin ng Babilonia ang Juda noong mga 600 B.C., at winasak ang mga nayon, bayan, lungsod, at relihiyon nito.

Sa huli ay bumagsak ang Jerusalem noong 587 B.C., at ang itinaboy na mga Judio ay sapilitang pinaalis sa nawasak nilang bayan (tingnan sa Mga Awit 137:1). Iilang tao ang nanatili sa loob at paligid ng Jerusalem—kabilang na ang mga Samaritano, na sa huli ay nagsipag-asawa ng mga hindi Israelita (tingnan sa Jeremias 40:7, 11–12). Kalaunan ang mga itinaboy ay nagsimulang bumalik sa Palestina at muling binuo ang kanilang mga tahanan at relihiyon (tingnan sa Ezra 3). Ang templo sa Jerusalem, na muling itinayo noong 515 B.C., ay muling naging sentro ng pagsamba ng mga Judio.

BINALAAN NG MGA PROPETANG SINA ISAIAS AT JEREMIAS ANG MGA MAMAMAYAN NG JUDA NA SASAKUPIN SILA NG IBANG MGA BANSA. NAGKATOTOO ANG KANILANG MGA PROPESIYA NANG SAKUPIN ANG REHIYON NG SUNUD-SUNOD NA MGA HARI MULA SA IBA'T IBANG BANSA: HARING NABUCODONOSOR NG BABILONIA, CYRUS THE GREAT NG PERSIA, HARING DARIO NG PERSIA, AT ALEXANDER THE GREAT NG GREECE. NANG MAMATAY SI ALEXANDER, PINAGHATI-HATIAN NG KANYANG MGA HENERAL ANG KANYANG TERITORYO; SINAKOP NI PTOLEMY I ANG PALESTINA.



Dahil tinanggihan ng mga Judio ang alok na tulong ng mga Samaritano sa muling pagtatayo ng templo, nagtayo ng kahaliling templo ang mga Samaritano sa huling bahagi ng ikaapat na siglo sa Bundok Gerizim, mga 40 milya (64 km) sa hilaga ng Jerusalem. Sa gayon, ang pagsamba at paniniwala kay Jehova ay nahati sa pagitan ng bagong templo sa Bundok Gerizim at sa templo sa Jerusalem dahil bawat isa ay nagsasabing nasa kanila ang awtoridad ng priesthood (tingnan sa Juan 4:20).

Ngunit hindi nagtagal ang panunumbalik na ito sa relihiyosong pamumuhay. Pagkatapos ni Malakias, gaya ng ipinropesiya ng propetang si Amos, nagpadala ang Panginoon ng "kagutom sa lupain, hindi kagutom sa tinapay, o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig ng mga salita ng Panginoon" (Amos 8:11). Ang malaking pagbabagong ito ay nagkaroon ng malaking epekto nang tangkaing unawain at ipamuhay ng mga tao ang batas nang walang mga turo at pagbibigay-kahulugan ng isang propeta.

## Ang mga Sitwasyon sa Panahon ng Apostasiya

Bunga ng apostasiyang ito, nahati ang mga tao sa mga grupong iba-iba ang mga hangarin ukol sa pulitika, relihiyon, at lipunan. Magkakaiba rin ang kanilang

200 B.C. | 150 B.C. | 100

ANG MGA SELEUCID 198 B.C.

PAGHIHIMAGSIK 164 B.C.

INDEPENDIYENTENG BANSA NG MGA JUDIO 142 B.C.



mga paniniwala at tradisyon tungkol sa Mesiyas. Sinikap ng mga grupo ng relihiyon na ipamuhay ang batas ni Moises ayon sa pagkaunawa nila rito, ngunit bawat grupo ay iba ang pakahulugan sa mga banal na kasulatan ayon sa iba-ibang pananaw kaya't lalong nagkawatak-watak ang lipunan ng mga Judio. Bunga nito, ang totoong kaalaman tungkol sa kung sino ang Tagapagligtas ay naging magulo.

Nang hindi na marinig ang tinig ng mga propeta, ang mga saserdote at kapwa nila manggagawa sa templo, ang mga Levita, ang naging pinakamahahalagang pinuno sa kalipunan ng mga Judio at inangkin nila ang karapatan na bigyang-kahulugan ang banal na kasulatan. Gayunman, ang katungkulan ng mataas na saserdote ay napuno ng katiwalian dahil ito ay nabibili at naibebenta sa panahong ito.

Nadama ng maraming Judio na hindi ginagampanan ng mga saserdote at Levita ang kanilang tungkuling ituro nang wasto ang batas (tingnan sa Deuteronomio 33:10), kaya't may nabuong panibagong grupo na naghangad na ituro ang batas. Kilala bilang mga eskriba, itinulad nila ang kanilang sarili kay Ezra, na tinulungan ang kanyang mga tao na madama na kailangang matutuhan at sundin ang batas (tingnan sa Ezra 7:25; Nehemias 8:1–8).

Sinakop ni Alexander the Great ang rehiyon noong 332 B.C. Nang mamatay siya, ang kanyang kaharian


ANG PALESTINA AY NAPAILALIM SA PAMUMUNO NG MGA EMPERADOR NA SELEUCID, AT ISA SA KANILA SI ANTIOCHUS IV EPIPHANES. SAPILITANG IPINATUPAD NI ANTIOCHUS ANG KULTURANG GRIYEGO SA MGA JUDIO, AT MAY PAGKAKATAONG IPINAPATAY ANG MARAMING JUDIO, IPINAGBAWAL ANG MGA SEREMONYANG PANG-RELIHIYON NG MGA JUDIO, AT NILAPASTANGAN ANG TEMPLO. SI JUDAS MACCABEUS, PINUNO NG MGA JUDIO NA TUTOL SA MGA GRIYEGO, ANG NAMUNO SA PAGHIHIMAGSIK AT MULI NIYANG INILAAN ANG TEMPLO. IPINAGDIWANG NG MGA TAO ANG UNANG HANUKKAH.



ay pinaghati-hatian ng kanyang mga heneral. Dumating ang panahon na sumailalim ang Palestina sa pamumuno ng mga emperador ng Seleucid na ang wika ay Griyego. Noong 167 B.C., ipinagbawal ng mga pinunong Seleucid ang relihiyon ng mga Judio, at ipinagbawal ang pagpapatuli at nilapastangan ang templo sa pamamagitan ng pag-aalay ng baboy sa altar. Tumutol ang maraming Judio, sa pamumuno ng isang pamilyang kilala bilang mga Maccabee o Hasmonean. Ang paghihimagsik—na tinawag na Maccabean War—ay nagpalaya kalaunan sa mga Judio at lumikha ng bansang Judio sa unang pagkakataon simula nang bumagsak ang Jerusalem. Kasabay nito, isa pang grupo ng relihiyon ang nabuo na kilala bilang mga Hasidean, "ang mga taong relihiyoso." Ipinakita nila ang kanilang katapatan sa Diyos sa pagsisikap na sundin ang bawat aspeto ng batas ni Moises ayon sa pagkaunawa nila rito.

Nagsulputan din ang iba pang mga relihiyon sa panahon sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan, at bawat isa ay nagsasabing sila lang ay may karapatang magbigay-kahulugan sa mga banal na kasulatan. Ang mga Fariseo ay isang indipendiyenteng grupo ng relihiyon na nabuo kaagad pagkatapos ng Maccabean War. Naging napakalakas ng impluwensya nila sa lipunan ng mga Judio sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mga batas ukol sa pagkain at kadalisayan ng ritwal, mga aspetong naaayon lamang sa sinasambit nilang mga tradisyon, hindi

**B.C.** **50 B.C.** **1 B.C.**



**ANG MGA ROMANO 63 B.C.**

PAGKARAAN NG MAIKLING PANAHON NG KALAYAAN, BUMAGSAK ANG JERUSALEM SA KAMAY NG MGA ROMANO NANG LUSUBIN NI POMPEY THE GREAT ANG LUNGSOD. INILUKLOK NG MGA ROMANO SI HEROD THE GREAT, NA INAPO NI ESAU, BILANG HARI SA JUDEA NA SUPORTADO NG ROMA. MULI NIYANG ITINAYO ANG JERUSALEM AT PINALAWAK ANG LUGAR NG TEMPLO. WINAKASAN NI AUGUSTO CESAR ANG PAMUMUNONG REPUBLIKANO SA ROMA AT NAGING IKALAWANG EMPERADOR NG ROMA PAGKATAPOS NI JULIUS CAESAR.



sa banal na kasulatan. Sa kanilang mga tahanan, sinisikap nilang kumilos na para bang nakatira sila sa templo.

Ang mga Saduceo naman, sa kabilang banda, na hindi pa matukoy kung saan nagmula, ay tinanggihan ang awtoridad ng tradisyong iyon at mahigpit na nanangan sa limang aklat ni Moises, at tinalikuran ang mga isinulat ng iba pang mga propeta. Karamihan sa mga kasapi sa grupong ito ang mayayaman sa lipunan ng Jerusalem. Nang isilang si Jesus, napalaganap na nila ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng sapilitang pagkontrol sa templo sa Jerusalem.

Bawat isa sa mga grupong ito ng relihiyon ay iningatan ang mga tradisyon at doktrina na pinaniniwalaan nilang mahalaga sa tapat na pamumuhay. Ngunit dahil wala silang patnubay ng isang tunay na propeta, umasa na lamang sila sa sarili nilang pang-unawa.

## Paghihintay sa Isang Bagong Dispensasyon

Anuman ang kanilang paniniwala, inasam pa rin ng mabubuting kalalakihan at kababaihan ang pagdating ng Mesiyas sa panahon sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan. Nag-awitan ang mga makata, at ang karaniwang mga mamamayan naman ay nagdasal, nag-usap-usap, at nangarap sa Kanyang pagdating—isang Hari na mula kay David na nakatadhanang iligtas ang Kanyang mga tao.

Ang isang grupong naghihintay sa Mesiyas ay ang mga Essene, na nabuo noong nagkakagulo ang mga Maccabean. Naniwala ang mga Essene na ang mga saserdote ng templo sa Jerusalem ay tiwali at kailangang magkaroon ng malaking pagbabago sa templo. Sa kanilang pananaw, ang pagdating ng Mesiyas ay malapit na. Sila ay naniwala na sasamahan Niya sila upang pabagsakin ang nagpapahirap na imperyo ng Roma, na ang mga pinuno ay sinakop ang Palestina sa loob ng mga 60 taon bago isinilang si Jesus.

Tulad ng Reformation na naganap bago ang Pagpapanumbalik, ang panahon sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan ay kinapapalooban din ng mga pangyayaring naghanda sa mundo para sa pagparito ni Jesucristo. Sa panahong ito ay kapansin-pansin ang paglilimbag ng mga literatura ukol sa relihiyon, kabilang na ang pagsasalin ng Bibliang Hebreo sa wikang Griyego at ang pagsisimula ng pagkakaroon ng Dead Sea Scrolls at ng Apocrypha. Sa panahong ito nabuo at nilinaw ang mga ideya tungkol sa mga anghel, pagkabuhay na mag-uli, at ang mga konsepto tungkol sa langit at impiyerno.

Gayunman, dahil walang propetang gagabay sa kanila, nagtalu-talo ang mga Judio hinggil sa kahulugan ng mga banal na kasulatan at kung sino ang magiging Mesiyas. Habang hinihintay ng karamihan sa mga tao ang isang Mesiyas na mula kay David (nagmula sa angkan ni Haring David), inaasam naman ng iba ang isang Mesiyas na mula sa angkan

KALIWA: LARAWAN NG BUSTO NI ANTIOCHUS IV SA KAGANDAHANG-LOOB NI BPK, BERLIN/ALTES, MUSEEN OF STAATLICHE/INGRID GESKE/ART RESOURCE, NY; LARAWAN NG NILILOK NA POMPEY THE GREAT NA KUHA NI ALINARI/ART RESOURCE, NY; LARAWAN NG MENORAH NA KUHA NI PUMBA1/ISTOCK/THINKSTOCK; LARAWAN NG MODELO NG TEMPLO NI HERODES NA KUHA NI TIMOTHY L. TAGGART © IRI

**4 B.C.**

**HEROD THE GREAT**

**AUGUSTO CESAR**

**PONTIO PILATO**

ni Aaron—isang mala-saserdoteng Mesiyas. Ang iba naman ay hindi umaasang darating ang Mesiyas.

Napakaraming inasam ang iba't ibang grupo sa panahon sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan kaya nga hindi na alam ng mga grupo kung paano makikilala ang tunay na Mesiyas nang dumating Siya sa kanilang kalipunan. Wala ni isa sa mga grupo—mga eskriba, Fariseo, Essene, o Saduceo—ang tumanggap kay Juan Bautista bilang propeta o kay Jesus bilang Mesiyas. Ilang miyembro ng mga grupong ito ang naging matinding kaaway nina Juan at Jesus sa panahon ng kanilang ministeryo (tingnan sa Mateo 21:23–46).

Ang mga debate at pagtatalo tungkol sa Mesiyas ay nagpatuloy sa magkakaibang grupo. Ipinahayag ng unang propeta ng bagong dispensasyon, si Juan Bautista, ang pagdating ng tunay na Mesiyas at nilinaw ang uri ng kaligtasang ilalaan Niya. Sa pagtukoy kay Jesucristo, sinabi ni Juan, "Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan" (Juan 1:29). Maraming Judio ang tumanggap kay Juan habang inihahanda niya ang mga tao sa pagdating ni Cristo.

Nang simulan ni Jesucristo ang Kanyang ministeryo, nagturo Siya sa mga tao "tulad sa may kapamahalaan, at hindi gaya ng kanilang mga eskriba" (Mateo 7:29). Marami Siyang tinalakay sa mga pinuno ng relihiyon, na naglilinaw sa mga doktrina ng kasal, pagkabuhay na mag-uli,



NOONG NAMUMUNO SINA AUGUSTO CESAR AT HEROD THE GREAT, ISINILANG ANG TAGAPAGLIGTAS NA SI JESUCRISTO SA BETLEHEM. ISINILANG SIYANG HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON (TINGNAN SA ISAIAS 44:6).

sa Panguluhang Diyos, at sa Kanyang papel bilang Tagapagligtas. Dahil tinanggihan Siya ng marami sa mga pinuno ng relihiyon (tingnan sa Mateo 26:4), sinabi sa kanila ni Jesus: "Hindi ninyo nakikilala ako, ni ang aking Ama: kung ako'y inyong makilala, ay makikilala rin ninyo ang aking Ama." Dagdag pa Niya, "Kung ang Dios ang inyong ama, ay inyong iibigin ako" (Juan 8:19, 42).

Dahil ang inasahan nila ay isang Mesiyas na kakaiba kay Jesus, tinanggihan nila Siya. Salamat na lamang at nabubuhay tayo sa panahon na ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay nakatatag sa pundasyon ng mga turo ng mga propeta at apostol (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:20). Hindi na natin kailangang pumili sa iba't ibang magkakasalungat na espirituwal na impluwensya na sumusulpot nang walang patnubay ng mga propeta at apostol. Habang sinusunod natin ang ating mga propeta at apostol sa mga huling araw, mauunawaan natin ang tunay na doktrina ng Tagapagligtas na si Jesucristo, tulad ng pagkahayag nito kay Propetang Joseph Smith:

"Sapagkat siya ay [aking] nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at [aking] narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—

"Na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos" (D at T 76:23–24). ■



# ANG DEAD SEA SCROLLS

## MAKATUTULONG SA PAG-UNAWA SA MAKABAGONG BIBLIA

**Ni Donald W. Parry**
Propesor ng Hebrew Bible sa Brigham Young University

Sa simula ng 1947, tatlong pastol na kabilang sa Ta'amireh Bedouin ang naghahanap sa isang nawawalang hayop. Isa sa kanila ang naghagis ng bato sa isang yungib at narinig niya na may nabasag na banga. Pagpasok nila sa yungib, nakita nila roon ang ilang malalaking banga, at ang ilan dito ay may mga scroll.* Nang sumunod na mga taon, natagpuan ng mga Bedouin at arkeologo ang ilang daang scroll sa 11 yungib sa hilagang-kanlurang baybayin ng Dead Sea.

Maraming iskolar ang naniniwala na ang Dead Sea Scrolls ang pinakamalaking tuklas ng arkeolohiya sa ika-20 siglo. Ang mga scroll ay naglalaan ng sinaunang talaan na naglalaman ng mahigit 900 teksto, na karamihan ay nakasulat sa orihinal na Hebreo ng Lumang Tipan. Mga 225 sa mga scroll ang naglalaman ng pinakalumang kopya ng Lumang Tipan (maliban sa aklat ni Esther), na mahigit 1,000 taon ang tanda kaysa mga kopyang ginamit noong Middle Ages. Ang petsa ng karamihan sa mga scroll ay nasa pagitan ng 150 B.C. at A.D. 68, bagama't may ilang teksto na ang petsa ay noon pang third century B.C.

Bukod sa tradisyonal na mga teksto ng Biblia, kabilang din sa Dead Sea Scrolls ang Temple Scroll (na naglalarawan sa isang templong itatayo sa Jerusalem at sa ulirang pinagtipanang lipunan), ang War Scroll (na naglalarawan sa kaguluhan sa mga huling araw), at mga tekstong kahalintulad sa Biblia (gaya ng mga aklat nina Enoc, Noe, Melquisedec, at mga tipan nina Jacob, Juda, at Levi). Kakaunti ang nabanggit tungkol kay Enoc sa Biblia, ngunit sa mga scroll, si Enoc ay isang mahalagang tauhan—isang makapangyarihang propeta na may natatanging mga kaloob.

Karamihan sa mga scroll ay punit-punit na dahil sa kalumaan at pagkalantad sa mga elemento (hangin, ulan, atbp.), ngunit nakakuha ng maraming impormasyon ang mga iskolar kung paano isinasagawa ng mga eskriba ang kanilang gawain. Ang maingat at metikulosong paggawa ng mga eskriba ay tanda ng mataas na antas ng propesyonalismo at kahusayan sa pagkopya at paglilipat nila ng mga sagradong teksto mula sa isang henerasyon tungo sa susunod na henerasyon. Tayong mga nagmamahal at nagpapahalaga sa mga banal na kasulatan ay dapat na lubos na magpasalamat sa mga eskribang ito sa kanilang maingat na paggawa.

Kapag inisip natin ang mga sinaunang pamamaraan ng manu-manong pagpapasa ng mga teksto, matatanto natin na ang Biblia ay nagdaan sa pambihirang proseso para makaabot sa siglong ito. Ang Dead Sea Scrolls ay nagsisilbing saksi na ang Lumang Tipan ay naipasa sa loob ng maraming siglo nang may lubos na katumpakan. Dahil dito, dapat tayong magpasalamat sa mga propeta, eskriba, tagakopya, at sa lahat ng may kinalaman sa pagpapasa ng Biblia sa bawat henerasyon. ■

** Iba-iba ang mga salaysay kung paano natuklasan ang mga scroll dahil ilang taon na ang nakalipas nang ikuwento ng ilang pastol ang mga nangyari ayon na lamang sa kanilang naaalala.*

LARAWAN NG MGA ULAP NA KUHA NG IGDRZH/ISTOCK/THINKSTOCK; LARAWAN NG QUMRAN CAVE 4 NA KUHA NI RICHO-FAN/ISTOCK/THINKSTOCK





**Ni Bishop Gary E. Stevenson**
Presiding Bishop

# ANG Katotohanan ng PASKO

*Kung wala ang pagsilang at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, wala tayong Tagapamagitan, walang Tagapamagitan sa Ama, at walang Tagapamagitan na gagawa ng paraan upang makabalik tayo sa piling ng ating mapagmahal na Ama sa Langit at mamuhay nang sama-sama bilang mga walang-hanggang pamilya.*

Noong bata pa ang tatay ko, tumira siya sa isang munting bayan sa gitnang Utah malapit sa Utah Lake. Noong wala pa ang mga pioneer, mga Katutubong Amerikano ang nangangaso at nangingisda sa lugar na iyon. Ilang lugar sa palibot ng lawa ang naging popular sa mga naghahanap ng mga ulo ng palaso na naiwan ng mga sinaunang tao.

Sa isang aktibidad ng mga ama at mga anak na lalaki noong limang taong gulang ang tatay ko, nagpunta ang kanyang ward sa Utah Lake para maghanap ng mga ulo ng palaso. Matapos gugulin ng grupo ang maghapon sa paghahanap, tinanong ng lolo ko ang tatay ko kung nakakita na siya ng mga ulo ng palaso.

"Wala pa po akong nakita," sagot ng tatay ko. Pagkatapos ay dumukot siya sa kanyang bulsa at nagsabing, "Pero nakita ko po itong magandang bato na hugis Christmas tree."

Nakakita pala ng ulo ng palaso ang tatay ko, pero hindi niya alam na iyon na ang ulo ng palaso. Hawak niya ang tunay na ulo ng palaso, pero hindi niya ito nakilala.

## Pagkilala sa Manunubos

Para sa maraming tao ngayon, ang pananaw nila kung ano ang tunay at pinakamahalaga—si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng mundo—ay pinalabo ng mga bagay na hindi totoo.

Kamakailan ay napanood ko ang isang programa sa telebisyon tungkol kay Jesucristo na nagdududa kung talagang ipinanganak nga Siya ni Birheng Maria. Kahit ang magagaling na propesor mula sa kilalang mga paaralan ay nag-iisip-isip kung nangyari nga ito.

Sa pagtugon sa mga nagdududang iyon, sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994): "Hangad tayong kumbinsihin ng mga tinatawag ang kanilang sarili na mga iskolar na ang banal na pagsilang ni Cristo ayon sa nakasaad sa Bagong Tipan ay hindi naman banal at na si Maria ay hindi birhen nang ipaglihi si Jesus. Nais nilang paniwalain tayo na si Jose, na ama-amahan ni Jesus, ang Kanyang tunay na ama, at samakatwid ay tao si Jesus sa lahat ng katangian at pag-uugali. Mukhang labis ang papuri nila sa Kanya kapag sinasabi nila na Siya ay isang magaling at mabait na pilosopo, na marahil ay siyang pinakamagaling. Ngunit ang tunay na layunin ng kanilang pagpuri ay upang tanggihan ang pagiging anak ng Diyos ni Jesus, sapagkat sa doktrinang iyan nakasalalay ang iba pang pahayag ng Kristiyanismo."[1]

Nakapag-ski na ako sa artipisyal na snow, at nakapagdekorasyon na sa mga pekeng Christmas tree ng mga pekeng icicle. Kung minsa'y mahirap malaman kung ano ang totoo, lalo na sa panahon na mukhang totoo ang peke. Kaya paano

natin malalaman kung ano ang totoo? Paano tayo magtatamo ng patotoo na totoo si Jesucristo?

Nagkakaroon tayo ng patotoo sa kung ano ang totoo kapag binasa natin ang salita ng Diyos sa mga banal na kasulatan—kapwa ang sinauna at makabago. Nalalaman natin ang katotohanan tungkol sa Tagapagligtas kapag pinakinggan at binasa natin ang patotoo ng mga buhay na propeta at apostol. Nalalaman natin ang katotohanan kapag nanalangin tayo nang "may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo" (Moroni 10:4). Natutuklasan natin "ang tamang landas" kapag tayo ay "[na]niwala kay Cristo, at hindi [natin] siya [itinatwa]" at kapag "[sinamba natin] siya nang buo [nating] kakayahan, pag-iisip at lakas, at nang buo [nating] kaluluwa" (2 Nephi 25:29).

## Mga Propesiya Tungkol sa Pagsilang ni Cristo

Karaniwan na sa mga banal na kasulatan ang propesiya tungkol sa pagsilang ni Cristo—ang unang Pasko. Maaari nating malimutan kapag binabasa natin ang mga propesiyang ito sa banal na kasulatan na ang mga ito ay talagang *mga propesiya*. Maraming detalye roon tungkol sa mangyayari ngunit hindi pa nangyayari.

Walong daang taon bago isinilang si Cristo, sinabi ni Isaias, "Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalake; at ang pamamahala ay maaatang sa kaniyang balikat: at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan" (Isaias 9:6).

Anim na raang taon bago isinilang ang Tagapagligtas, inilarawan ni Nephi ang isa niyang pangitain tungkol sa ina ng Anak ng Diyos:

"Tumingin ako at namasdan ang . . . lunsod ng Nazaret; at sa lunsod ng Nazaret ay namasdan ko ang isang birhen, at siya ay napakaganda at napakaputi. . . .

"At sinabi [ng anghel] sa akin: Masdan, ang birheng iyong nakikita ang ina ng Anak ng Diyos. . . .

"At tumingin ako at namasdang muli ang birhen, may dalang isang bata sa kanyang mga bisig.

"At sinabi sa akin ng anghel: Masdan ang Kordero ng Diyos" (1 Nephi 11:13, 18, 20–21).

Isandaan at dalawampu't apat na taon bago isinilang ang Tagapagligtas, sinabi ni Haring Benjamin:

"Masdan, ang panahon ay darating, at hindi na nalalayo, na taglay ang kapangyarihan, ang Panginoong Makapangyarihan . . . ay bababa mula sa langit sa mga anak ng tao, at mananahan sa isang katawang-lupa, at hahayo sa mga tao, gagawa ng mga makapangyarihang himala. . . .

"At siya ay tatawaging Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Ama ng langit at lupa, ang Lumikha ng lahat ng bagay mula sa simula; at ang kanyang ina ay tatawaging Maria" (Mosias 3:5, 8).

Walumpu't tatlong taon bago isinilang si Cristo, sinabi ni Alma, "At masdan, [ang Anak ng Diyos] ay isisilang ni Maria, sa may Jerusalem na lupain ng ating mga ninuno, siya na isang birhen, isang mahalaga at piniling nilikha" (Alma 7:10).

At anim na taon na lamang bago sumapit ang unang Pasko, ipinahayag ni Samuel na Lamanita:


"At masdan, ito ang ibibigay ko sa inyo bilang palatandaan sa panahon ng kanyang pagparito; sapagkat masdan, magkakaroon ng mga dakilang liwanag sa langit, kung kaya nga't sa gabi bago siya pumarito ay hindi magkakaroon ng kadiliman. . . .

"At masdan, sisikat ang isang bagong bituin, isa na hindi pa kailanman namamasdan" (Helaman 14:3, 5).

Buong pananabik na hinintay ng mga Judio ang dakilang kaganapang ito. Alam nilang darating ang Mesiyas, at inasahan nilang Siya ay darating sa kaluwalhatian, palalayain sila sa pisikal na pagkabihag, magtatatag



### PAGHAHANAP SA TAGAPAGLIGTAS



"Kung minsan ang pinakamahalaga at pinakasagradong mga bagay ay nasa harapan na natin, nasa buhay na natin, ngunit hindi natin ito nakikita o makikita. . . .

"Ipinapangako ko na kung lilinisin natin nang kaunti ang buhay natin at tapat at mapagpakumbaba nating hahangarin ang dalisay at magiliw na Cristo sa ating puso, makikita natin Siya, matatagpuan natin Siya—sa Pasko at sa buong taon."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "How to See the Christ in Christmas," *New Era*, Dis. 2013, 48.**



ng kaharian sa lupa, at mamumuno bilang kanilang Hari.

Sino ang unang makakaalam sa pagsilang ng Mesiyas? Ang Sanhedrin ba o iba pang taong makapangyarihan at maimpluwensya?

Sinabi sa atin ng Biblia na ang abang mga pastol na natutulog sa lupa ang sinabihan ng isang anghel ng "mabubuting balita ng malaking kagalakan" (Lucas 2:10) at ang mga Pantas na Lalake mula sa malayo ang nakakita sa "kaniyang bituin sa silanganan, at [pumaroon] upang siya'y sambahin" (Mateo 2:2). Ang mga makapangyarihan at maimpluwensya, na ang kaisipan ay pinalabo ng mga pilosopiya ng mundong ito, ay hindi kasama ng Tagapagligtas sa Kanyang pagsilang o sa Kanyang ministeryo. Nasa harapan na nila ang katotohanan ngunit hindi nila ito nakilala o tinanggap.

### Pagiging Higit na Katulad ni Cristo

Sinabi ni Pangulong Benson na ang isa sa mga pinakamagandang bagay tungkol sa Kapaskuhan ay na pinag-iibayo nito ang pagiging sensitibo natin sa mga bagay na nauukol sa Diyos:

"Ito ang naghihikayat sa atin na pagnilayan ang kaugnayan natin sa ating Ama at kung gaano kalaki ang ating katapatan sa Diyos.

"Hinihikayat tayo nito na maging mas maawain at mapagbigay, mas isipin ang iba, mas bukas-palad at tapat, mas puspos ng pag-asa at pag-ibig sa kapwa-tao at pagmamahal—lahat ng katangiang taglay ni Cristo. Hindi kataka-taka na naaantig ng diwa ng Pasko ang puso ng mga tao sa buong mundo. . . . Kahit sa maikling panahon, naituutuon ang ibayong pansin at katapatan sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo."[2]

Sa Paskong ito, habang nanunuot ang diwa ng Kapaskuhan sa ating puso, gumawa tayo ng isang bagay na magpapadama ng ating pagmamahal sa iba, na nagpapakita na nauunawaan natin na ang sanggol na isinilang sa Betlehem ang tunay na Manunubos. Nagbigay si Pangulong Howard W. Hunter (1907–95) ng ilang praktikal na payo na tutulong sa atin na magawa iyan:

"Ngayong Pasko, makipagbati sa isang kagalit. Hanapin ang isang kaibigang matagal nang hindi nakikita. Alisin ang paghihinala at palitan ito ng pagtitiwala. Sumulat ng isang liham. Sumagot nang magalang. Hikayatin ang mga kabataan. Ipakita ang inyong katapatan sa salita at gawa. Tuparin ang pangako. Kalimutan ang hinanakit. Patawarin ang kaaway. Humingi ng paumanhin. Sikaping makaunawa. Suriin ang hinihingi o ipinagagawa ninyo sa ibang tao. Isipin muna ang iba. Maging mabait. Maging mahinahon. Tumawa pa nang kaunti. Magpasalamat. Malugod na tanggapin ang isang estranghero. Pasayahin ang isang bata. Masiyahan sa kariktan at kahanga-hangang pagkalikha ng daigdig. Ipahayag ang inyong pagmamahal at paulit-ulit itong sabihin."[3]

Kung wala si Cristo, wala ring Pasko. Kung wala si Cristo, walang lubos na kagalakan. Kung wala ang pagsilang at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, wala tayong Tagapamagitan, walang Tagapamagitan sa Ama, at walang Tagapamagitan na gagawa ng paraan upang makabalik tayo sa piling ng ating mapagmahal na Ama sa Langit at mamuhay nang sama-sama bilang mga walang-hanggang pamilya.

Kasama ninyo ako sa pagdiriwang ng maganda at mahimalang katotohanan ng pagsilang at misyon ng Anak ng Diyos, at pinatototohanan ko na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos—ang ipinangakong Mesiyas. ■

**MGA TALA**

1. *The Teachings of Ezra Taft Benson* (1988), 128.
2. Ezra Taft Benson, sa Larry C. Porter, "Remembering Christmas Past: Presidents of the Church Celebrate the Birth of the Son of Man and Remember His Servant Joseph Smith," *BYU Studies,* vol. 40, blg. 3. (2001), 108.
3. Howard W. Hunter, "The Gifts of Christmas," *Ensign,* Dis. 2002, 18–19.

# ANG PAMASKONG KUBREKAMA NI INAY

Nangyari ang isa sa mga pinakamalaking hamon sa buhay ko nang mamatay ang aming 10-taong-gulang na anak na babae dahil sa kanser sa utak. Ang kasabihang "Hindi mo iyan madadala sa langit" ay naging malinaw habang minamasdan namin ang kanyang silid isang Sabado ng hapon.

Wala na si Clarissa, ngunit bakas pa rin sa kanyang silid ang malinaw na katibayan ng panahong inilagi niya rito sa lupa. Kami na ngayon ang magpapasiya kung ano ang gagawin sa kanyang mga personal na gamit. Alam kong hindi magiging madaling magtapon ng kahit isang bagay, lalo na para sa asawa ko.

Dahil sa pag-aasikaso sa napakaraming detalyeng may kinalaman sa mga ospital, chemotherapy, at radiation ay halos wala na kaming oras para maglinis at mag-ayos.

Nagbalik ang mga alaala nang iempake namin ang mga bagay na inilagay niya sa kanyang headboard o bookshelf. Lahat ay may kahulugan sa amin—mula sa kanyang paboritong kumot, aklat, o kuwintas hanggang sa kanyang mga stuffed animal, aklat sa paaralan, at football. Napaiyak ang asawa ko nang magtanong kami kung ano ang gagawin sa bawat gamit.

Tinipon namin ang karamihan sa mga aklat ni Clarissa at dinala ito sa kanyang paaralang elementarya para magamit ng iba pang mga bata. Ibinigay namin ang kanyang tokador sa isang kapitbahay. Ang ilan sa mga damit niya ay napunta sa kanyang mga pinsan. Ang pagtutuon sa iba ay nakatulong upang maging magaan ang mawalay sa kanyang mga gamit.

Ilang linggo kalaunan, habang papalapit ang Pasko, tinanong ng dalawa kong tinedyer na anak na babae ang nanay nila kung puwede nilang gamitin ang ilang damit ni Clarissa para makagawa ng espesyal na regalo sa

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY H. CLARK



Lagi kong maaalala ang ekspresyon ng asawa ko nang buksan niya ang regalo at makita ang ginawa ng mga anak namin para sa kanya.

Pasko. Pinili nila ang bawat piraso ng damit ayon sa kahalagahan nito sa alaala ng pamilya at maingat na gumupit ng kuwadra-kuwadrado na kumakatawan sa mahahalagang sandali sa kanyang buhay.

Ilang araw bago sumapit ang Pasko, ipinakita nila at ng kanilang lider sa Young Women, na tumulong sa kanila sa pag-iisip ng ideyang ito, ang isang kubrekamang ginagawa nila. Hangang-hanga ako habang nakatingin sa bawat kuwadrado ng tela, na kumakatawan sa isang kaganapan sa buhay ni Clarissa: isang kuwadrado mula sa kanyang uniporme sa football, isang kuwadrado mula sa kamisetang binili namin para sa kanya nang magbiyahe ang pamilya, isang kuwadrado mula sa pajama na isinuot niya sa ospital. Bawat piraso, na katangi-tangi at napakaganda, ay nagpagunita sa akin ng panahong kapiling namin siya. Sinabi ko sa aking mga anak na napakaganda niyon. Alam kong magugustuhan ito ng kanilang ina.

Noong umagang iyon ng Pasko nakita ko ang isang regalong nagmula sa puso. Lagi kong maaalala ang ekspresyon ng asawa ko nang buksan niya ang regalo at nakita ang ginawa ng mga anak namin para sa kanya. Gabi-gabi simula noon ay nakakumot na sa kanya ang kanyang Pamaskong kubrekama, at ginugunita ang mga alaala at pinapangarap ang araw na muling magkakasamasama ang aming pamilya—salamat sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. ■

Jed Packer, Utah, USA



# KAILANGAN NIYA ANG PAGLILINGKOD KO NGAYON

Nakaupo ako sa harap ng makina at tinatahi ang mga gilid ng pranela. Mga padron na pambata na mapusyaw ang kulay ang nakapalamuti sa ibabaw, at magkakatugmang kulay ang nasa likod ng mga baby blanket na tinatahi ko.

Ang aming ward Relief Society ay nagtitipon ng mga newborn kit para sa mahihirap at napinsala ng kalamidad. Baguhan pa lang akong mananahi, pero desidido akong makibahagi. Natutuwa akong pumili ng tela para sa proyekto at gupitin ito sa sukat ng kumot.

Pinagdurugtong ko ang mga gilid ng tela, tinatahi ang mga ito, at may iniiwang bukas na bahagi para maibaligtad ang kumot para ang tamang bahagi nito ang nakalabas. Pagkatapos ay tinatahi ko ang mga gilid, iniipit ang mga sulok, ibinabaligtad ang kumot para nakalabas ang makulay na bahagi, at tinatahi ang bukas na bahagi.

Tinatahi ko ang ibabaw ng mga gilid para mas tumibay ang tahi. Maingat kong ipinapatong sa makina ang tela at mabilis itong tinatahi. Habang nagmamadali akong makatapos para mabalikan ko ang mga gawaing-bahay, may naisip ako: "Paano kung tinatahi ko ang kumot na ito para sa sanggol na si Jesus?"

Habang naiisip iyon, hindi na ako nagmadali at itinuwid nang maayos ang mga tutop. Ngunit kahit inayos ko na, hindi pa rin tuwid ang tahi ko.

Kasunod nito ay nagtahi ako ng 10-pulgadang (25 cm) kuwadrado sa gitna para mailapat ang tela sa harap at likod. Gumawa ako ng makapal na padron, iginitna ko ito sa kumot, at bahagyang minarkahan ang palibot nito. Inilatag ko ang tela sa makina, ibinaba ang karayom, at maingat na nanahi.

Kapag tapos na ako, pinuputol ko ang dulo ng mga sinulid at hinahatak ang natapos na kumot. Hindi ito kuwadrado—magkahalong trapezoid at parallelogram ang tabas nito.

Itinabi ko ang kumot, kumuha ako ng panibagong pranela, at nagsimulang muli—na higit na pinagbubuti ang paggawa nito para maging karapat-dapat ang regalong ito sa Maykapal. Ngunit kahit pagbutihan ko pa, mas maganda lang nang kaunti ang mga resulta. Bawat kumot na tinatahi ko ay hindi perpekto.

Pakiramdam ko'y hindi ko puwedeng dalhin ang alinman sa mga kumot sa collection site, kahit sa taon man lang na ito. Patuloy akong magpapraktis, at marahil balang-araw may maiaambag ako.

At may isa pang pumasok sa isip ko: "Kung hihintayin mong maging perpekto ang pananahi mo, mapupunta na ang batang Cristo sa Egipto."

Naunawaan ko. Mawawala na ang pagkakataong maglingkod. Tinatanggap ng Tagapagligtas ang ating mga handog kapag ginagawa natin ang lahat sa abot ng ating makakaya, kahit hindi ito perpekto. Alam ko na ang isang bagong-silang na sanggol, na nakabalot sa malambot at malinis na kumot, ay hindi tatangging matulog dahil hindi kuwadrado ang mga sulok nito.

Nang pag-isipan ko kung may epekto ang mga pagsisikap ko sa mga pangangailangan ng buong mundo, naalala ko ang payo ni Cristo: "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40).

Kaya patuloy akong nanahi ng mga kumot, at nagsisikap na gawing kaakit-akit ang mga ito sa abot ng makakaya ko. Alam kong kailangan ito ngayon, hindi sa iba pang panahon sa hinaharap kung kailan matatahi ko ang mga ito nang perpekto. ■

Jean Hedengren Moultrie, Washington, USA

# ANG PINAKAMAGANDA NAMING REGALO SA PASKO

Bisperas ng Pasko noon, at nakatipon ang aming pamilya tulad ng ginagawa namin taun-taon para magdiwang. Malapit nang mag-alas-dose nang tawagin kaming lahat ni Itay, at sinabing may ipapakita siya sa amin.

Dahil sa lahat ng paghahanda at kasiglahan sa Bisperas ng Pasko, hindi namin napansin ng mga kapatid kong babae at ni Inay ang inihanda ni Itay para sa okasyon. Nang maayos na kaming nakatipong lahat, sinimulan niyang ipakita sa amin ang ilang larawan.

Sa kanyang slide show, na nagtampok sa isang ipinintang larawan ng Tagapagligtas, mga tagpo sa Pasko, at maingat na idinisenyong mga salita, ipinadama ni Itay ang pagmamahal niya sa amin. Ipinaalala rin sa amin ng kanyang pagtatanghal ang tunay na kahulugan ng Pasko at ang kaligayahan at pasasalamat na dapat naming madama sa pagsilang ng Tagapagligtas. Makikita rin sa isang slide ng makulay na Christmas tree ang mga salitang, "Sa Paskong ito ang pag-ibig ni Jesucristo ay magdudulot sa akin ng panibagong buhay."

Ang pinaka-espesyal na bahagi ng pagtatanghal ni Itay ay nang gumamit siya ng isang slide ng ipinintang larawan ng Tagapagligtas para maghatid sa amin ng balita. Hindi iyon basta balita; iyon ang pinakamagandang balita sa lahat. Sa bandang itaas ng Tagapagligtas ay lumitaw ang mga salitang "Nagpasiya akong magpabinyag sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."

Sa wakas ay nagpasiya ang aming ama na sumapi sa Simbahan! Ang desisyong iyon ay maaaring madali para sa ilang tao, ngunit hindi para sa aming ama. Pinag-aralan niya ang ebanghelyo at ang tungkol sa Simbahan sa loob ng 25 taon. Sa kabila ng aming pinakamatitinding pagsisikap at ng maraming talakayan ng mga missionary, hindi pa rin siya nabinyagan. Hindi namin naunawaan ang dahilan, ngunit alam naming hindi pa siya handa.

Inaamin ko na may mga pagkakataong nadama ko na hindi na mabibinyagan ang tatay ko kahit kailan. Gayunman, sa aking kalooban, hindi ako nawalan ng pag-asa kailanman, at patuloy namin siyang ipinagdasal. Sa Bisperas ng Pasko, sinagot ng Panginoon ang aming mga dalangin.


Nang ipahayag ito ni Itay, noong una'y wala kaming nagawang lahat kundi umiyak sa tuwa. Halu-halo ang naramdaman namin—pananabik, pagkagulat, at higit sa lahat, isang napakalaking kaligayahan na mahirap ipaliwanag.

Hindi lang binago ng pahayag ni Itay ang Bisperas ng Pasko—binago nito ang buhay ng aming buong pamilya. Kailangan pa naming sikaping umunlad bilang mga indibiduwal at bilang pamilya, ngunit alam ko na mas madali nang sumulong ngayong magkakasama na kami sa Simbahan.

Labis akong nagpapasalamat sa Panginoon para sa pagpapalang ito. Sa loob ng ilang buwan ay mabubuklod na kami sa templo bilang pamilya. Ang pahayag ni Itay ang talagang pinakamagandang regalo sa Pasko. ■

Adriana Nava Navarro, Bolivia

Ang pinaka-espesyal na bahagi ng pagtatanghal ni Itay ay nang gumamit siya ng isang slide ng ipinintang larawan ng Tagapagligtas para ihatid sa amin ang pinakamagandang balita.



# PASKO SA ILALIM NG MGA YERO

Nang madestino ako sa Manila, Philippines, noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, madalas akong makipagpulong sa isang maliit na grupo ng iba pang mga LDS servicemen para magdaos ng sacrament meeting. Sa isang miting napansin ko ang isang Pilipina sa likuran ng aming gusaling winasak ng bomba na nakasilip sa isang siwang na dati ay isang pintuan. Naisip ko na baka naakit siya sa pagkanta namin. Habang nakapikit ang aming mga mata para sa pangwakas na panalangin, tahimik siyang umaalis.

Sa isa sa sumunod niyang mga pagbisita, inanyayahan namin siyang sumali. Ang pangalan niya ay Aniceta Fajardo, at masaya niya kaming tinanggap bilang kaibigan. Sa patuloy niyang pagdalo sa aming mga pulong, nalaman niya ang tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Dahil papalapit na ang Pasko, nagpasiya kaming bigyan si Aniceta at ang kanyang pamilya ng ilang regalo sa Pasko. Nagtipon kami ng mga delatang gatas, karne, at mga gulay; dalawang kumot; at isang medical kit, na may kasamang penicillin para magamot ang maysakit na apo ni Aniceta.

Pagsapit ng Bisperas ng Pasko dinala namin ang mga regalo at nagpunta kami sa bahay ni Aniceta. Nakatira siya kasama ang kanyang anak na babae at apong lalaki sa ilalim ng mga yerong nakasandal sa pader na yari sa semento—na labi ng isang gusaling binomba. Naisip namin kung paano sila mananatiling ligtas sa gayon kaliit na kanlungan tuwing umuulan na madalas mangyari sa panahong iyon.

Isa sa aming mga sundalo ang humatak ng isang sanga mula sa puno ng mangga at ibinaon ito sa lupa. May nakita kaming maliliit na bagay na pandekorasyon sa sanga.

Masaya at namamanghang nakamasid si Aniceta at ang kanyang pamilya. Nang makita nila ang dala naming mga regalo, ang kanilang katuwaan ay nauwi sa mga luha ng kaligayahan at pasasalamat. Matagal na silang hindi nakakita o nakakain ng gayong pagkain, at iyak sila nang iyak kaya't ilang sandali silang hindi nakapagsalita.

Dahil Bisperas ng Pasko, nabaling ang aming isipan sa aming tahanan at mga mahal sa buhay. Naisip ko ang cablegram na natanggap ko dalawang araw bago iyon, na nagsasabi sa akin na tatay na ako. Ibinahagi namin ang aming mga damdamin, at nagwakas sa aming patotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

Tiniyak namin sa kahanga-hangang pamilyang ito na mahal sila ng Tagapagligtas. Napanatag sila sa aming mga sinabi, at nakadama kami ng kapayapaan noong gabing iyon. Pagkatapos ay nagpaalam na kami sa mahal naming mga kaibigan at binati sila ng maligayang Pasko.

Hindi nagtagal at inilipat ako sa ibang lugar, at hindi ko na muling nakita pa si Aniceta o ang kanyang pamilya. Ngunit makalipas ang maraming taon binuklat ko ang *Church Almanac* sa isang bahagi tungkol sa Pilipinas at nabasa ko na si Aniceta Pabilona Fajardo ang unang Pilipinong sumapi sa Simbahan sa kapuluan.[1] Napakagandang pagpapala ang isipin ang mga binhing ipinunla sa Kapaskuhan noong 1945. ■

Erwin E. Wirkus, Idaho, USA

**TALA**

1. Tingnan sa "Philippines," *Deseret News 1991–1992 Church Almanac,* 157; mga huling isyu ng *Church Almanac* ang baybay ng pangalan ni Sister Fajardo ay Aneleta.



Humatak kami ng isang sanga mula sa puno ng mangga at ibinaon ito sa lupa. Masaya at namamanghang nakamasid si Aniceta at ang kanyang pamilya.

# Ang Sagot
## SA LAHAT NG
# Mahihirap na Tanong



# Kapag naharap sa mahihirap na tanong, isang tanong lang ang mahalaga sa huli.

**Ni R. Val Johnson**
Mga Magasin ng Simbahan

Ang mga tanong natin sa buhay ay hindi palaging madaling sagutin. Ang ilan sa personal na mga hamon sa atin—halimbawa ang pagkamatay ng isang anak, panloloko ng isang kaibigan, o problema sa pera—ay kadalasang hindi madaling unawain, at kailangan natin ang mahabaging pagdamay ng mga tao sa ating paligid. Kung minsan ang pinakamahirap na pakikibaka sa ganitong mga sitwasyon ay ang tanggapin na mahal tayo ng ating Ama sa Langit at hindi Niya tayo pinarurusahan, bagama't ang dahilan ng mga pagsubok, kung may dahilan man, ay hindi pa natin maunawaan sa ngayon.

Ang ilan sa pinakamahihirap na katanungan ay dumarating kapag ang ating pinaniniwalaan ay sinasalungat ng pabagu-bagong kalakaran sa kultura o ng bagong impormasyon, kung minsan ng maling impormasyon, na ibinabato sa atin ng mga tumutuligsa sa Simbahan. Sa gayong mga pagkakataon, tila ang ating pundasyon sa doktrina o kasaysayan ay hindi kasintatag ng inaakala natin. Maaari tayong matuksong pagdudahan ang mga katotohanang nabalewala natin at ang mga espirituwal na karanasang humubog sa ating pananampalataya.

Ano ang gagawin natin kapag pumasok sa ating puso ang pagdududa? May mga sagot nga ba sa mahihirap na tanong na iyon?

Oo, mayroon. Sa katunayan, lahat ng sagot—lahat ng tamang sagot—ay nakasalalay sa sagot sa isang tanong lamang: nagtitiwala ba ako sa Diyos nang higit sa lahat?

## Simple Ngunit Hindi Madali

Napakasimple ba ng ganyang pananaw? napakadali?

Siguro nga. Ang katotohanan ay hindi palaging madaling makita, lalo na kung kailangan nitong makipagkumpetensya sa mga alternatibong nakalahad sa kaakit-akit na paraan. Kadalasan bahagi lamang ng katotohanan ang nauunawaan natin, samantalang ang kabuuan ay kailangan pang alamin. At sa pag-alam, nahaharap tayo sa di-komportableng posibilidad ng pagtalikod sa di-perpektong pagkaunawa ngunit nagbibigay-kapanatagan hanggang sa panahong ito. Ngunit ang pagtitiwala na may sagot ang Diyos sa lahat ng bagay, na mahal Niya tayo, at na sasagutin Niya ang lahat ng tanong natin—sa Kanyang paraan, sa Kanyang takdang-panahon—ay magpapadali sa ating paghahanap. Maaaring hindi laging madali, ngunit ang simpleng pagtitiwala sa payo ng Diyos ay makatutulong para hindi tayo malito.

Sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan noong Oktubre 2013, ipinahayag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang malinaw na pagkaunawang ito:


"Natural lamang ang magtanong—ang binhi ng tapat na pagtatanong ay kadalasang sumisibol at lumalagong tulad ng malaking puno ng pang-unawa. May ilang mga miyembro ng Simbahan na, sa anumang pagkakataon, ay hindi nagkaroon ng anumang malalim o sensitibong tanong. Isa sa mga layunin ng Simbahan ang pangalagaan at linangin ang binhi ng pananampalataya—ito man ay nasa lupa ng pagdududa at walang katiyakan. Ang pananampalataya ay pag-asa sa mga bagay na hindi nakikita ngunit totoo.

"Kung gayon, mahal kong mga kapatid—mahal kong mga kaibigan—mangyaring pagdudahan muna ang inyong pagdududa bago ninyo pagdudahan ang inyong pananampalataya. Hindi natin dapat hayaang pigilan tayo ng pagdududa at ilayo tayo sa dakilang pagmamahal, kapayapaan, at mga natatanging kaloob na dulot ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo."[1]

## Ilang Alituntuning Makatutulong

Paano natin tapat na mapagdududahan ang ating mga pagdududa? Paano natin iaangkla ang ating pananampalataya sa matibay na bato ng paghahayag at hindi sa mabuhanging lupa ng pabagu-bagong pang-unawa ng tao? Maaaring makatulong na isaisip ang sumusunod na mga alituntunin.

**ALITUNTUNIN 1: Talagang Walang Hanggan ang Nalalaman ng Diyos Kaysa Atin.** Kapag naharap tayo sa mga tanong—ito man ay personal, tungkol sa lipunan, o tungkol sa doktrina—makakaasa tayo sa katotohanan na mas maraming alam ang Lumikha ng sansinukob kaysa



**ANG TAPANG NA MANINDIGAN PARA SA PRINSIPYO**

"Imposibleng manatiling matatag kung isasalig ng isang tao ang kanyang pamantayan sa pabagu-bagong opinyon at pagsang-ayon ng tao. . . . Lahat tayo ay daranas ng takot, pangungutya, at pagsalungat. Nawa'y magkaroon tayo—lahat tayo—ng tapang na salungatin ang gusto ng nakararami, ng tapang na manindigan para sa prinsipyo."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ikaw ay Magpakalakas at Magpakatapang na Mabuti,"** ***Liahona,*** **Mayo 2014, 68.**

**HANAPIN ANG MGA SAGOT**

Para mapalawak ang pag-aaral ninyo tungkol sa mahihirap na tanong, magpunta sa lds.org/topics at history.lds.org, bukod sa iba pang mga suportang online resource.

atin. Kung tinugon man Niya ang isang paksa (at kung minsa'y hindi), maaari tayong magtiwala na ang Kanyang mga pananaw ay mas malinaw kaysa atin.

"Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon.

"Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pagiisip kay sa inyong mga pagiisip" (Isaias 55:8–9).

**ALITUNTUNIN 2: Ibinabahagi ng Diyos ang Ilan sa Kanyang Kaalaman.** Ang epekto ng alituntunin 1 ay na ibinabahagi sa atin ng Diyos ang marami sa Kanyang nalalaman kapag handa na tayong tumanggap at handa Siyang ibigay ito. Kailangan lang nating ihanda ang ating sarili na tanggapin ito, at saka ito hanapin. Sinasagot ng mga banal na kasulatan ang maraming tanong. Ang isa sa malalaking kasiyahan sa buhay na ito ay ang maturuan ng Espiritu Santo gamit ang mga banal na kasulatan upang maghayag nang "taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon" (2 Nephi 28:30) bilang tugon sa ating masigasig na pag-aaral.

May ilang tanong, lalo na ukol sa kasaysayan, na may makatwirang mga paliwanag, at kapag mas maraming impormasyon ang nahahayag dahil sa masigasig na pag-aaral, mas lumilinaw ang ating pananaw.

Mapalad din tayong magkaroon ng mga buhay na propeta at apostol para turuan tayo ayon sa inspirasyon ng langit. Hindi natin kailangang "[ma]pahapay dito't doon at [ma]dala sa magkabi-kabila ng lahat ng hangin ng aral." Makapagtitiwala tayo na tutulungan tayo ng kanilang samasamang patnubay "hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios." (Tingnan sa Mga Taga Efeso 4:11–15.)



**ALITUNTUNIN 3: Maaari Tayong Magtiwala sa Pagmamahal ng Diyos.** Mahal na mahal tayo ng Diyos nang higit kaysa inaakala natin. Tayo'y Kanyang mga anak, at nais Niyang bumalik tayo sa Kanyang piling bilang mga nilalang na husto ang pang-unawa at niluwalhati na may kakayahang maging katulad Niya (tingnan sa Moises 1:39). Lahat ng payong ibinibigay Niya sa atin ay ibinibigay nang buong pagmamahal para pagpalain tayo magpasawalang-hanggan. Maaari tayong magtiwala nang lubusan sa pagmamahal na iyan.

"Napaka mahalaga ng iyong kagandahang-loob, Oh Dios! at ang mga anak ng tao ay nanganganlong sa ilalim ng iyong mga pakpak" (Mga Awit 36:7).

**ALITUNTUNIN 4: Kailangan Nating Hangarin ang mga Espirituwal na Pagpapatibay.** Kung malaking bahagi ng karunungan ng daigdig ang tila salungat sa karunungan ng Diyos, hindi tayo dapat magtaka. Tutal, ayon sa banal na plano, nabubuhay tayo sa isang makasalanang mundo kung saan tayo napalayo sa piling at isipan ng Diyos. Nagpapahirap ang gayong kalagayan sa pag-unawa sa mga bagay na ukol sa Diyos, "sapagka't sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kaniya? gayon din naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ng Espiritu ng Dios. . . .

"Ngunit ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya: at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu" (I Mga Taga Corinto 2:11, 14).

Para maunawaan natin ang mga bagay na ukol sa Diyos, hindi tayo maaaring umasa na lamang sa karunungan ng tao. Kailangan natin ang patnubay ng Espiritu ng Diyos "upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Dios. . . . [na] itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu" (I Mga Taga Corinto 2:12–13).

Nang mabinyagan tayo at makumpirmang mga miyembro ng Simbahan ni Cristo, binigyan tayo ng kaloob na Espiritu Santo. Sa kaloob na iyan, maaari tayong matuto mula sa Espiritu at tumanggap ng Kanyang nakapapanatag na mga pagpapatibay sa katotohanan. Ang pagtanggap ng gayong espirituwal na mga katibayan ay mas tiyak pumapawi sa pagdududa kaysa sa pinaka-nakakukumbinsing katwiran, at ito ay para sa lahat ng naghahanap ng katotohanan sa pamamagitan ng taimtim na pagdarasal, masigasig na pag-aaral, at pagsunod sa mga utos ng Panginoon.

"Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan" (Mateo 7:7).

**ALITUNTUNIN 5: Maaaring Kailanganin Nating Maghintay sa Panginoon.** Kung minsa'y walang nangyayari sa pagsisikap nating unawain ang ating mga pagsubok at tanong sa buhay. Anuman ang gawin natin, hindi natin ito maunawaan. Parang sarado ang kalangitan. Diyan tayo matutulungan ng ating pagtitiwala sa Diyos na magtiyaga sa paghihintay sa Kanya. Hindi lahat ng tanong ay masasagot kaagad o maging sa buhay na ito. Hindi lahat ng pagsubok ay gagaan bago maghiwalay ang katawan at espiritu. Ngunit kung mahal natin ang Diyos nang higit sa lahat, kung nagtitiwala tayo sa Kanyang pagmamahal sa atin, makapagtitiis tayo nang may pananampalataya hanggang sa dumating ang araw na umangat ang tabing at maging malinaw ang lahat.

"Ihabilin mo ang iyong lakad sa Panginoon; tumiwala ka rin naman sa kanya; at kaniyang papangyayarihin.

"At kaniyang palalabasing gaya ng liwanag ang iyong katuwiran, at ang iyong kahatulan ay gaya ng katanghaliang tapat.

"Ikaw ay magpahinga sa Panginoon, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya" (Mga Awit 37:5–7). ■

**TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, "Halina, Sumama sa Amin," *Liahona,* Nob. 2013, 23.





**Ni: David L. Beck**
Young Men
General President

# ANG TAGAPAGLIGTAS AT ANG SAKRAMENTO



*Sa pakikibahagi ninyo ng sakramento, pinaninibago ninyo ang inyong mga tipan na laging aalalahanin ang Tagapagligtas.*

**ANG AKING PAKIKIBAHAGI SA SAKRAMENTO**

Naaalala ko na noong araw ay sinabihan akong isipin si Jesucristo sa oras ng sakramento. Nang una akong magpasa ng sakramento noong nakaraang Disyembre, nakadama ako ng matinding kapayapaan at kabanalan. Nadama kong sinasabi sa akin ng Espiritu na tinutulungan ko ang iba na lumapit kay Cristo. Nagpapasalamat ako na sapat ang tiwala sa akin ng Ama sa Langit para tulutan akong paglingkuran Siya at tulungan ang iba.

**Jacob R., edad 12, Idaho, USA**

Ano ang iniisip ninyo kapag kinakain ninyo ang tinapay at iinom ang tubig ng sakramento o kapag naghahanda, nagbabasbas, o nagpapasa kayo ng sakramento? Marami sa atin ang pinagninilayan ang ating mga tipan at kung paano tayo namumuhay. Iniisip natin ang ating mga kasalanan at ipinagdarasal nating mapatawad tayo at sinisikap nating magpakabuti.

Ito ay mahahalagang aspeto ng ordenansa ng sakramento. Bukod pa riyan, may isa pang dapat pagnilayan—isang bagay na napakahalaga at natatanging bahagi mismo ng mga panalangin sa sakramento. Ito ay ang pag-alaala kay Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang mga kumakain ng tinapay ay nangangakong "makakain bilang pag-alaala sa katawan ng . . . Anak" at "lagi siyang [a]alalahanin" (D at T 20:77). Gayundin, ang mga umiinom ng tubig ay nangangakong uminom "bilang pag-alaala sa dugo ng . . . Anak" at "na sila sa tuwina ay aalalahanin siya" (D at T 20:79).

Ang pagpapasiyang alalahanin ang Tagapagligtas at ang Kanyang Pagbabayad-sala at sakripisyo ay napakahalaga sa ordenansa. Tulad ng itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sa simple at magagandang salita ng mga panalangin ng sakramento . . . tila ang pangunahing salitang naririnig natin ay *alalahanin*. . . . Ang binibigyang-diin sa dalawang panalanging ito ay na lahat ng ito ay isinasagawa bilang pag-alaala kay Cristo. Sa pakikibahaging iyon pinatutunayan natin na lagi natin siyang aalalahanin, nang mapasaatin sa tuwina ang kanyang Espiritu."[1]




Binigyang-diin ng Tagapagligtas ang mga bagay ring ito nang pasimulan Niya ang sakramento sa Kanyang mga Apostol noong panahon ng Paskua sa Jerusalem sa huling gabi ng Kanyang mortal na ministeryo—ang gabing nagdusa Siya para sa atin sa Halamanan ng Getsemani bago Siya muling nagdusa sa krus. Halimbawa, matapos silang bigyan ng tinapay na kakainin, sinabi Niya, "Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin" (Lucas 22:19–20; tingnan din sa Mateo 26:26–28).

Sa unang araw ng Tagapagligtas sa piling ng mga Nephita sa mga lupain ng Amerika, itinuro din Niya sa kanila ang ordenansa ng sakramento. Muli, pinagbilinan Niya sila na makibahagi bilang pag-alaala sa Kanyang katawan at dugo at sinabi sa kanila na kapag ginawa nila ito, "ito ay magiging patotoo sa Ama na lagi ninyo akong naaalaala." (3 Nephi 18:7). Pagkatapos ay ipinangako Niya sa kanila, "Kung lagi ninyo akong aalalahanin ang aking Espiritu ay mapapasainyo" (3 Nephi 18:7, 11).

Kamangha-manghang pagpapala! Sa mundong puno ng mga hamon at kaguluhan at mga tukso na palaging nagpipilit na iligaw tayo ng landas, anong mas mahalagang kaloob ang maaaring mapasaatin? Sa pagtataglay natin ng Espiritu, "malalaman [natin] ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moroni 10:5). Iyan ang magbibigay sa atin ng kapangyarihan at karunungang mamuhay ayon sa nais ng Panginoon, pumili nang tama, maglingkod nang tapat, at maging katulad Niya.

Sa pakikibahagi ninyo ng sakramento bawat linggo, ano ang magagawa ninyo para alalahanin Siya? Ano ang magagawa ninyo para *lagi* Siyang maalaala—sa buong linggo at buong buhay ninyo?

Inaanyayahan ko kayong pagnilayan ang mga tanong na iyon at tapat na mangako na lagi ninyong aalalahanin ang Tagapagligtas. Mamamangha kayo sa gagawin nitong pagbabago sa inyong buhay. ■



### PAG-ALAALA SA TAGAPAGLIGTAS

Para maalaala ninyo at ng inyong pamilya ang Tagapagligtas, isiping pag-aralan ang lesson outline ng *Come, Follow Me* na "How can I help others have a meaningful experience with the sacrament?" sa lds.org/go/491214. Ang video sa pahinang iyan na, "Always Remember Him," ay magandang gamitin bilang family home evening resource.

**TALA**

1. Jeffrey R. Holland, "This Do in Remembrance of Me," *Ensign,* Nob. 1995, 68.

Ni Joshua J. Perkey
Mga Magasin ng Simbahan

MGA ARALING PANG-LINGGO
Paksa sa Buwang Ito:
Pagtatayo ng Kaharian ng Diyos

# ANO ANG PAKIRAMDAM NG MAGING BAGONG BINYAG?

*Matutulungan ninyo ang mga bagong miyembro sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang pinagdaraanan.*

Kung lumaki ka sa Simbahan, nagiging normal na sa iyo ang mga bagay ukol sa simbahan. Nasasanay ka sa regular na mga miting, sa gusaling dinadaluhan mo, sa pananamit ng mga tao sa simbahan. Ang mga bagay na gaya ng pagbibigay ng mensahe sa sacrament meeting, pagbabayad ng ikapu at mga handog-ayuno, at pag-aayuno nang minsan sa isang buwan ay bahagi na ng buhay. Ang pagsunod sa Word of Wisdom, pagtanggap ng mga tungkuling maglingkod, at pagsunod sa batas ng kalinisang-puri ay bahaging lahat ng natututuhan mong gawin.

Pero para sa mga nabinyagan, maraming babaguhin para maging pamilyar sila sa lahat. Talagang ang pagkakaroon ng patotoo sa mga katotohanan ng ebanghelyo ang unang hakbang sa pagiging miyembro ng Simbahan ni Cristo. Ngunit ang pagkakaroon ng patotoo ay hindi nangangahulugan na madaling mamuhay bilang miyembro ng Simbahan.

## Ang Simbahan ay Maaaring Magmukhang Lubhang Kakaiba

Halimbawa na lang ay ako. May mga kaibigan na akong LDS noon pang 13 anyos ako, at kalaunan ay sumapi ako sa Simbahan noong 19 ako. Pero kahit marami na akong alam tungkol sa kultura ng Simbahan sa paglipas ng mga taon na iyon, nahirapan ako sa pagbabago. Para sa akin, ang kultura at mga kaugalian ng Simbahan ay lubhang kakaiba kaya mukhang kakatwa ang mga ito.

Lumaki ako sa isang simbahan na maraming pagkakaiba sa simbahang pamilyar o nagiging pamilyar pa lang sa inyo. Sa simbahang iyon ang damit na suot ng mga ministro at koro ay katulad ng isinusuot ng mga nagsisipagtapos sa high school. Sa oras ng pagsamba—ang katumbas sa kanila ng sacrament meeting—ang mga pastor ang nagbibigay ng sermon at sila lang ang nagsasalita. Tuwing Linggo inuulit naming lahat ang Panalangin ng Panginoon nang sabay-sabay at laging inaawit ang himnong "Praise God from Whom All Blessings Flow." Binibinyagan ang mga bata sa pamamagitan ng pagwiwisik ng tubig sa kanilang ulo, pero ang kumpirmasyon ay ginagawa kapag mga 14 anyos na sila.



Katas ng ubas ang gamit namin sa halip na tubig para sa sakramento, at dumadalo ang mga kabataan sa Sunday School ng matatanda na ang pinag-uusapan ay ang kasalukuyang mga isyu sa lipunan.

Maging ang aming gusali ay kaiba sa mga gusali ng LDS na nabisita ko. May malaking kapilya kami na katulad ng mga simbahan sa Europa, na may mataas at patusok na bubong at matataas na stained-glass window. May krus sa lugar na kinauupuan ng koro. May nakasabit na maganda at mataas na kampana sa harapan. Gustung-gusto kong patunugin ang kampanang iyon pagkatapos ng pagsamba. Sapat ang bigat nito para iangat ang isang batang paslit mula sa sahig habang tumataas-baba ang lubid.

Iba rin ang aming mga kaugalian at paniniwala sa lipunan. Tinuruan kami na OK lang uminom ng alak o manigarilyo. OK lang magkaroon ng nobyo o nobya kahit tinedyer pa lang. Sa katunayan, itinuro sa amin na puwede ka pang magkaroon ng seksuwal na relasyon bago ikasal basta't naniniwala ka na nagmamahalan kayo. Hindi namin pinag-usapan kailanman ang pagkakaroon ng patotoo. Noong una akong makakita ng fast and testimony meeting—wow! Hindi ako makapaniwala na may ganoon pala. Wala pang tumayo sa harapan sa simbahan namin para ibahagi nang gayon ang kanilang paniniwala.

Ang pagsapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi lang tungkol sa pag-aaral ng mga bagong doktrina, tulad ng buhay bago tayo isinilang at binyag para sa mga patay; ito'y isang pagbabago sa kultura at pamumuhay at mga inaasahan. Ang pagpapasiyang tanggapin ang mga pagkakaibang iyon ay mahirap gawin.

ANG UNANG ANIM NA BUWAN MATAPOS AKONG BINYAGAN AY TALAGANG MAHIRAP. MUNTIK NA AKONG HINDI MAKATAGAL. **LUBHANG KAKAIBA LAHAT . . .**

Ang unang anim na buwan matapos akong binyagan ay talagang mahirap. Muntik na akong hindi makatagal. Lubhang kakaiba lahat, lalo pa't hindi ko kasama ang pamilya ko sa pagsisimba. Nahirapan pa rin akong unawain ang ilang doktrina, gayundin ang damdamin ng pagkawalay sa nakamulatan ko.

Mabuti na lang, mapagpasensya, mabait, at hindi nagbabago ang mga kaibigan ko sa Simbahan. Isinama nila ako sa mga aktibidad, inanyayahan ako sa bahay nila para maghapunan at sumali sa family home evening, at nanalanging kasama ko. Malaking kaibhan ang nagawa niyan hindi lang sa pagsapi ko sa Simbahan kundi pati sa pananatili kong aktibo at pagiging matatag kapag nanghihina ang aking

patotoo. Malaki ang utang-na-loob ko sa kanila sa pagpapaunawa sa akin ng mga bagay-bagay.

Sa kasunod na mga kuwento, dalawang kabataang miyembro ang nagbahagi ng sarili nilang mga karanasan sa pagsapi sa Simbahan at kung paano sila nanatiling matatag. Habang binabasa ninyo ang kanilang mga karanasan, isipin kung ano ang magagawa ninyo para matulungan ang isang bagong binyag o nagbabalik sa pagkaaktibo na magkaroon ng lakas na makihalubilo at makibagay sa kultura [ng Simbahan] at espirituwal na umunlad.

### Maraming Taon ng Paghihintay para Mabinyagan

Noong high school ako, nagpasiya akong sumapi sa Simbahan matapos kong makausap ang mga missionary sa mga English class at mag-aral na kasama nila. Hindi maganda ang naging reaksyon ng mga magulang ko nang sabihin ko sa kanila na gusto ko nang magpabinyag. Wala silang gaanong alam tungkol sa Simbahan, at natakot sila na baka malagay ako sa panganib. Inakala nila na magiging sagabal ang Simbahan sa pag-aaral ko at hindi ako magiging masaya sa buhay dahil sa lahat ng patakarang



susundin. Hindi nila ako pinayagang magpabinyag sa loob ng dalawa't kalahating taon.

Sinubukan na ako sa simula pa lang. Sa lumipas na mga taon bago ako nabinyagan, paulit-ulit kong ipinagdasal na magkaroon ako ng lakas at sapat na pananampalataya na patuloy na maniwala. Hindi ako makasimba o ko magawang makihalubilo sa mga miyembro o missionary. Kinailangan kong palakasin ang aking pananampalataya at patotoo sa pamamagitan ng pagdarasal, pagbabasa ng mga banal sa kasulatan, at ng mga salita ng mga makabagong propeta—nang mag-isa. Marami akong pinalampas na masasayang programa at aktibidad.

Nang lumipat ako sa Rome para magkolehiyo, naging matapat kong kaibigan ang bishop ko na sumuporta sa akin noong galit na galit ang mga magulang ko. Itinuro niya sa akin na mahalagang mahalin ang mga magulang ko anuman ang sitwasyon.

Nang mabinyagan na rin ako sa wakas, maraming miyembro ng ward ang dumating at sumuporta sa akin. Sumali ako sa koro at nagkaroon ako ng maraming kaibigan doon. Ang pakikipagkaibigan at kabaitan nila ang nagbigay ng kapanatagan sa akin.

Kapag tayo ay tapat sa mga turo ni Jesucristo at sinusunod natin ang Kanyang halimbawa ng pagmamahal

KINAILANGAN KONG **PALAKASIN ANG AKING PANANAMPALATAYA AT PATOTOO** SA PAMAMAGITAN NG PAGDARASAL, PAGBABASA NG MGA BANAL SA KASULATAN, AT NG MGA SALITA NG MGA MAKABAGONG PROPETA— **NANG MAG-ISA.**

### MGA KINAKAHARAP NG MGA NABINYAGAN

Narito ang ilan sa mga hamong kinakaharap ng mga bagong binyag. Paano makakatulong ang pakikipagkaibigan ninyo sa pagharap nila sa kanilang mga hamon?

1. Pagsisikap na unawain ang bagong doktrina.
2. Pagpili ng iba't ibang media, musika, pelikula, at aklat.
3. Pag-unawa sa mga salitang gamit sa banal na kasulatan.
4. Pagtitiis na hindi tanggapin ng mga pamilya at kaibigang hindi LDS.
5. Pagsusuot ng ibang kasuotan.
6. Paglalaan ng panahon para magsimba at dumalo sa seminary.
7. Pag-aaral ng mga bagong gawi at kaugalian sa pagsamba.
8. Pangangailangang baguhin ang mga gawi, pananalita, at paraan ng pag-iisip.
9. Pag-akma sa kultura ng mga LDS.
10. Pag-aaral ng mga terminolohiyang pamilyar sa LDS, gaya ng *ebanghelyo, apostasiya,* at *panunumbalik*.

at pagmamalasakit sa iba, makikita ng mga bagong binyag at investigator na hindi lang tayo nagtuturo, kundi ipinamumuhay rin natin ang ating itinuturo.

*Si Ottavio Caruso ay mula sa Italy at kasalukuyang naglilingkod sa full-time mission.*

### Hindi Kabilang

Sumapi ako sa Simbahan noong 13 taong gulang ako. May patotoo ako sa ebanghelyo, pero pakiramdam ko ay hindi ako kabilang sa simbahan. Alam ng lahat ng naroon ang mga awitin at mga kuwento sa banal na kasulatan; samantalang hindi ko alam ang mga ito. Naaalala ng lahat ang mga ginawa nila sa Primary o napag-aralan sa family home evening; hindi ko pa naranasan ang alinman doon.

Pero bukod pa riyan, parang lahat ay pare-pareho ang interes at opinyon—kung minsa'y matitinding opinyon na talagang salungat sa aking opinyon—tungkol sa halos lahat ng bagay mula sa mga pelikula at pulitika hanggang sa interpretasyon ng ilang talata sa banal na kasulatan. Tinitingnan ko ang lahat ng taong tumatango at naiisip ko, "Mababait kayo at mabait ako. Pero talagang magkaiba lang tayo. Hindi ako bagay rito."

Nahirapan ako sa damdaming iyon sa loob ng maraming taon. Pagkatapos ay naalala at nabasa kong muli ang kuwento mula sa Lucas 19 tungkol kay Zaqueo. Dahil isa siyang maniningil ng buwis, hindi siya popular at itinuring siyang makasalanan. Ngunit nang dumaan si Jesus sa kanyang lungsod, umakyat si Zaqueo sa isang puno para makita niya ang nangyayari sa gitna ng maraming tao. Hindi niya inalintana ang iisipin ng mga tao sa kanya. Ang pag-akyat niyang ito sa puno—paghiwalay niya sa maraming tao—ang nagbigay sa kanya ng napakaganda at personal na karanasan sa piling ng Tagapagligtas. Habang nagbabasa, natanto ko na ang pakiramdam na hindi ako kabilang ay hindi nagmula kay Cristo. Si Jesus ay walang kinikilingan at mapagpatawad. Masigasig Niyang hinanap ang mga taong hinusgahan at binalewala—mga taong tila naiiba.

Hindi ko masasabi na hindi ko na naramdaman kailanman na hindi ako kabilang. Naramdaman ko na iyon. Pero natutuhan ko na ang mga bagay na nagpapaiba sa akin—ang hitsura ko, ang tingin sa akin ng ibang tao, ang mga bagay na kinahihiligan ko, ang iniisip ko tungkol sa mundo—ay hindi dahilan para hindi magsimba. Ito ang mga dahilan kaya kailangan tayong lahat ng Simbahan, taglay ang iba't iba nating mga talento, kalakasan, at pananaw. ■

*Si Elaine Vickers ay naninirahan sa Utah, USA.*

MABABAIT KAYO AT MABAIT AKO.
**PERO TALAGANG MAGKAIBA LANG TAYO.**
HINDI AKO BAGAY RITO.



ZAQUEO, DALIAN MO, BUMABA KA, NI GARY L. KAPP

*Umakyat si Zaqueo sa isang puno para sa kabila ng maraming tao ay makita niya ang pagdaan ni Cristo sa kanyang lungsod.*

## SUMALI SA USAPAN

### Mga Bagay na Pag-iisipan

- Anong mga pagbabago ang nagpapahirap sa ilang tao na magpasiyang sumapi sa Simbahan?
- Paano makakatulong ang pakikipagkaibigan mo para bumalik o manatiling matatag sa Simbahan ang isang tao?

### Mga Bagay na Maaari Mong Gawin

- Ilista ang mga hamong madalas maranasan ng mga nabinyagan at magtakda ng mga mithiin kung paano mo sila matutulungan.
- Magpatulong sa isang bagong binyag o di-gaanong aktibong kaibigan sa pagpaplano ng isang aktibidad para sa inyong klase o korum.
- Ibahagi ang iyong mga karanasan sa simbahan, sa bahay, o online.

# “Ano ang dapat kong gawin kapag kinukutya ako sa paaralan dahil sa pagsunod ko sa mga pamantayan ng Simbahan?”


Kung kinukutya ka sa pagsunod sa mga pamantayan ng Simbahan, maaari mo itong ituring na isang pagkakataon para maging kinatawan ni Jesucristo. Maging magalang at mapagkawanggawa. Kung mahikayat ka, maipapaliwanag mo kung bakit ganyan ang pamumuhay mo. Isiping gamitin ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* para matulungan kang talakayin ang mga pamantayan mo. Anyayahan ang Espiritu sa buhay mo para maantig Niya ang puso ng mga kabarkada mo. Maituturo sa iyo ng Espiritu ang iyong sasabihin.

Makakahingi ka rin ng payo sa iyong mga magulang, mga lider ng Simbahan, o mga full-time missionary. Tanungin sila kung paano nila hinarap ang gayong mga sitwasyon.

Kung minsan maaari kang matuksong makipagtalo sa iba tungkol sa mga pinaniniwalaan mo. Ngunit tandaan na “siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi [kay Cristo]” (3 Nephi 11:29).

Sa ibang mga pagkakataon, maaari mong madama na pinipilit kang sumuko at tumigil sa pagsunod sa mga pamantayan ng Simbahan. Maging matatag. Ang matatag na paninindigan ay hindi lang magbibigay ng kapayapaan sa buhay mo, kundi pagpapalain din ang buhay ng mga kabarkada mo. Ang halimbawa mo ay makakahikayat sa kanila na magpasiya nang tama.

Tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas para maging matatag. Kinutya ang Tagapagligtas dahil nanindigan Siya sa katotohanan (tingnan sa Isaias 53). Alam Niya kung ano ang nadarama mo. Isinagawa Niya ang Pagbabayad-sala para sa *iyo* at dinanas din ang mga pagsubok mo. Nariyan Siya para sa iyo. Pag-aralan pa ang Kanyang buhay upang matularan mo Siya sa ganitong mga sitwasyon.



**Humawak sa Gabay na Bakal**

Kapag pinagtatawanan ako ng mga tao sa aming paaralan, iniisip ko ang pangitaing nakita ni Lehi tungkol sa malaki at maluwang na gusali: “Puno ito ng tao, kapwa matanda at bata, kapwa lalaki at babae; at ang paraan ng kanilang pananamit ay labis na mainam; at sila ay nasa ayos ng panlalait at pagtuturo ng kanilang daliri roon sa mga yaong nagsitungo at kumakain ng bunga” (1 Nephi 8:27). Tutularan ko si Lehi. Hindi ako bibitaw sa gabay na bakal na ito na patungo sa buhay na walang hanggan.

*Pierre S., edad 18, Haiti*



**Ibahagi ang ebanghelyo**

Habang kinukumpleto namin ng kaibigan ko ang proyekto tungkol sa kabanalan sa Pansariling Pag-unlad, nagbabasa kami ng Aklat ni Mormon sa paaralan habang hindi pa nagsisimula ang klase. Sinimulan kaming pagtawanan ng titser at mga kaklase namin. May mga pagkakataon na gusto ko nang tigilan ang pagbabasa, pero hindi ko talaga puwedeng iwan ang mga banal na kasulatan ko sa bahay. Patuloy kaming nagbasa sa paaralan, at kalaunan ay hindi na nila kami pinagtawanan. Isa sa mga kaibigan namin ang naging interesado sa ebanghelyo at sa Pansariling Pag-unlad. Binigyan namin siya ng buklet na ito at ng triple combination, at simula noon ay kinuwentuhan na namin siya tungkol sa ebanghelyo. Naging interesado rin ang kuya niya sa ebanghelyo. Pareho silang nagbabasa ng Aklat ni Mormon.

*Kimberly A., edad 16, Brazil*

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*



### Maging Isang Halimbawa

Sa aming paaralan, kakaunti ang mga estudyanteng pamilyar sa ebanghelyo. Palagay ko ang pinakamagandang magagawa mo ay ipakita sa mga tao kung paano nakakabuti sa iyo ang pamumuhay ng ebanghelyo. Kapag mabait at magalang ka anuman ang sabihin nila sa iyo, nagpapakita ka ng magandang halimbawa, at igagalang ka nila nang lubos at ang mga pinaniniwalaan mo. Dahil naaalala nila ang halimbawa mo, maaaring maging interesado ang mga taong ito mismo na malaman pa tungkol sa ebanghelyo balang-araw!

*Kelsey P., edad 14, Florida, USA*

### Ibahagi ang Iyong Patotoo

Sa sandaling malaman mo ang mga pagpapala ng pamumuhay ayon sa mga pamatayan, hindi mo kailangang mahiya kapag kinutya ka. Maituturo mo ang mga pamantayan at makakapagpatotoo ka tungkol sa pamumuhay ayon sa mga ito. Maaaring matuto at mapuspos ng Espiritu ang mga kabarkada mo dahil pinatototohanan mo ang ebanghelyo.


*Emmanuel A., edad 16, Ghana*



### Alalahanin Kung Sino Ka

Kapag may okasyon sa paaralan, sinasabi sa akin ng mga kaklase ko o maging ng mga kaibigan ko na magsuot ng damit na hindi kaaya-aya sa paningin ng Diyos. Sabi nila, "Dapat ay cute ang hitsura mo. Dapat naiiba ka." Kung minsan sinasabi nila na kailangan kong kalimutan ang mga pinaniniwalaan ko para makaakma sa mundong ito. Pero palaging hindi ang sagot ko. Alam ko na ang pagiging totoo ko ay pagiging tunay at kakaiba sa mundo. OK lang kung ayaw nila ang pagkatao ko. Hindi mahalaga ang sinasabi ng iba; ang mahalaga ay tularan ang Ama sa Langit.


*Jazzy C., edad 19, Philippines*



### Maging Missionary

Marami na akong naging karanasan tungkol sa pamumuhay ayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo sa paaralan. Natutuhan ko na napakagandang pagkakataon ito para mapalakas natin ang ating mga patotoo at makabahagi sa gawaing misyonero. Tuwing malalagay ako sa ganitong sitwasyon at napanatili kong mataas ang mga pamantayan ko, natutuwa ako sa sarili ko sa pagkilos nang ayon sa gusto ng Diyos. Huwag kang magalinlangan sa pagkatao mo at sa pinaniniwalaan mo.

*Hiram D., edad 18, Brazil*



### PANGALAGAAN ANG IYONG PATOTOO

"Magkaroon nawa kayo ng lakas-ng-loob na manindigan sa katotohanan at kabutihan. Dahil ang kalakaran ngayon sa lipunan ay malayo sa mga pinahahalagahan at alituntunin na ibinigay sa atin ng Panginoon, halos tiyak na tatawagin kayo upang ipagtanggol ang inyong pinaniniwalaan. Maliban na malalim ang ugat ng inyong patotoo, mahihirapan kayong labanan ang pambabatikos ng mga taong humahamon sa inyong pananampalataya. . . . Ang inyong patotoo, kapag inalagaan palagi, ang magliligtas sa inyo."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Nawa Magkaroon Kayo ng Lakas-ng-Loob," *Liahona*, Mayo 2009, 126.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Parang hindi ko kayang maging Mia Maid class president. Paano ako magiging mas mahusay na lider?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Enero 15, 2015, sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit Your Work"), sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang edad 18, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

# HINDI KAILANGAN ANG MGA ANGHEL

*Noong umagang iyon ng Pasko sa isang ospital sa Guatemala, hindi namin mapaawit ang mga anghel. Ngunit maaaring kami mismo ang umawit.*

**Ni Jeniann Jensen Nielsen**

Mga paputok, makukulay na belen, at mga piging na may handang pinalamanang tamales—ganyan ang Pasko sa Guatemala. Bilang full-time missionary, nakita kong ibang-iba ang mga tradisyon doon kumpara sa sarili kong mga tradisyon sa Estados Unidos. Nangulila ako sa pamilya ko at naisip ko na magiging malungkot ang aking Pasko.

Sabi ng kompayon kong si Sister Anaya, magiging masaya ang aming Pasko kapag naglingkod kami sa iba. Iminungkahi niya na gugulin namin ang umaga sa pag-awit sa ospital, at niyaya namin ang iba pang mga missionary.

Habang palapit kami sa pintuan, minasdan ko ang mga taong nakapila na dadalaw sa kanilang mga mahal sa buhay. Malungkot ang mukha nila, marumi ang mga paa nilang nakasandalyas, at kupas na ang damit nila. Sama-sama kaming naghintay. Nang papasukin na kami sa gusali, naglakad kami sa makikitid na pasilyo na nagtutuklapan na ang berdeng pintura at sementadong sahig. Nanlumo ako sa amoy ng gamot at mga sakit.

Sa malamlam na liwanag nakita ko ang mga pasyenteng nakaratay sa mga kama sa isang malaking kuwarto na halos walang pumapasok na hangin o walang privacy. Nakaratay sila roon, ang ilan ay nakabenda, ang iba ay nakasuwero, ang iba naman ay kinabitan ng oxygen para makahinga. Ang ilan ay tahimik na dumaraing. Ang iba naman ay tulog. Hindi ko alam kung bakit kami nagpunta roon. Karamihan sa aming maliit na grupo ng mga missionary ay nakatayo sa may pintuan, at hindi alam ang gagawin.

Pero hindi si Sister Anaya. Isa-isa niyang pinuntahan ang mga kama, kinausap ang mga maysakit, kinumusta sila, at binati sila ng maligayang Pasko. Ipinaalala sa amin ng kanyang katapangan kung bakit kami nagpunta roon, at nagsimula kaming kumanta ng mga awiting Pamasko, mahina sa simula ngunit mas may tiwala nang magpatuloy kami. Ang ilan sa mga pasyente ay ngumiti, ang iba ay nakahiga lang at parang walang napansin, at ang iba naman ay sumabay sa paghimig.


Hawak ang himnaryo habang umaawit, nilapitan ni Sister Anaya ang isang babaeng nakabenda. Nagsimulang humikbi ang babae, at magiliw na hinaplos ng kompanyon ko ang buhok nito. Habang lumuluha sinabi ng babae, "Mga anghel kayo. Mga anghel kayo."

Hindi ko malilimutan kailanman ang sagot ni Sister Anaya. "Hindi mga anghel ang naririnig mo," sagot niya. "Mga Banal sa mga Huling Araw ang naririnig mo."

Nang isilang si Jesucristo, ibinalita ng anghel ang Kanyang pagsilang at isang malaking hukbo ng langit ang nagsipagpuri sa Diyos (tingnan sa Lucas 2:8–14). Iniisip ko ang mga anghel na iyon tuwing Pasko.

Pero iniisip ko rin si Sister Anaya. Naaalala ko ang panghihikayat niya sa amin na kumanta sa ospital at kung paano kami naging maligaya sa pagpapasaya sa iba. Naaalala ko ang paghaplos niya sa buhok ng babaeng maysakit. At naaalala ko na hindi ko kailangang maging anghel para makapaglingkod sa iba. Mapaglilingkuran ko sila bilang Banal sa mga Huling Araw. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



PAGLALARAWAN NI CRAIG STAPLEY



# MAGBIGAY NG PUWANG

**“Bawat isa sa atin ay isang bantay sa bahay-tuluyan na nagpapasiya kung may lugar para kay Jesus!”**

Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol,
“Settle This in Your Hearts,” *Ensign,* Nob. 1992, 66.

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER; *ANG PAGSILANG NI JESUS,* NI DAVID LINDSLEY



Ni Elder
**Mervyn B. Arnold**
Ng Pitumpu



# Nasaan Ako?

## Paano Tuklasin at Paunlarin ang Inyong mga Espirituwal na Kaloob at Talento

*Binigyan kayo ng Ama sa Langit ng mga espirituwal na kaloob at talento para tulungan kayong marating ang nais Niyang kahinatnan ninyo.*

Sa mga banal na kasulatan maraming tanong na nagtutulak sa atin na pagnilayan ang ating buhay. Isa sa mga unang tanong sa Biblia ang ibinigay kay Adan matapos niyang kainin ang ipinagbabawal na bunga. Inaanyayahan ko kayong pag-isipan kung paano maiaangkop ang tanong na ito sa buhay ninyo:

"Nagtago [si Adan] at kaniyang asawa sa harapan ng Panginoong Dios sa pagitan ng mga punong kahoy sa halamanan.

"At tinawag ng Panginoong Dios [si Adan] at sa kaniya'y sinabi, *Saan ka naroon?*" (Genesis 3:8–9; idinagdag ang pagbibigay-diin).


Alam ng Panginoon ang lahat ng bagay, kaya makatitiyak tayo na alam Niya kung saan nagtatago sina Adan at Eva. Kung alam Niya kung nasaan sila, ano talaga ang itinatanong ng Panginoon?

Ang tanong na ito ang malamang na nagtulak kina Adan at Eva na pag-isipan ang nangyayari sa buhay nila. Maitatanong din natin sa ating sarili ang mga bagay na katulad niyon. Halimbawa: Nasaan na tayo sa ating paglalakbay sa landas ng tipan tungo sa buhay na walang hanggan? Anong mga kaloob at talento ang ibinigay sa atin ng ating Ama sa Langit sa buhay bago tayo isinilang para tulungan tayo sa landas na ito? Ano ang iba pang mga kaloob at talentong matatamo natin kapag sinikap nating maging katulad ng nais ng Panginoon na kahinatnan natin?

Ipinahayag ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918), "Ang tao, bilang espiritu, ay isinilang sa mga magulang na nasa langit, at inaruga hanggang sa sumapit sa sapat na gulang sa mga walang hanggang mansiyon ng Ama, bago pumarito sa mundo sa isang katawang-lupa."[1] Itinuturo sa atin sa manwal na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* na "Alam ng ating Ama sa Langit kung sino tayo at ano ang ating ginawa roon bago tayo pumarito. Pinili Niya ang panahon at lugar kung saan isisilang ang bawat isa sa atin para matutuhan natin ang mga aral na kailangan natin mismo at *magawa ang pinakamabuti sa ating kani-kanyang mga talento at personalidad.*"[2]

Inilagay kayo ng Ama sa Langit sa pinakamainam na lugar kung saan magagamit ninyo ang inyong mga espirituwal na kaloob at mapapaunlad ang inyong mga talento. Saanman kayo naninirahan o anuman ang inyong kalagayan, mapipili ninyong magtagumpay, anuman ang inyong mga hamon sa buhay. Huwag sumuko kailanman. Magpatuloy lang. Huwag umayaw. Tandaan, ang ginagawa ninyo sa mga bagay na nasa inyo ang huhubog sa inyong pagkatao.

Ang halimbawa nina Adan at Eva ay makapagbibigay sa atin ng malaking pag-asa. Matapos nilang labagin ang utos na huwag kainin ang ipinagbabawal na bunga, itinaboy sila mula sa magandang halamanan, isinumpa ang lupa, sumibol ang mga tinik at dawag, at kinailangan nilang bungkalin ang lupa para matustusan ang kanilang pangangailangan. Hindi sila sumuko. Nagtrabaho sila, tulad ng utos ng Panginoon sa kanila (tingnan sa Moises 5:1). Napakasama ng piniling gawin ng anak nilang si Cain, ngunit patuloy silang namuhay nang matwid at nagturo sa kanilang mga anak.



## Ang Natuklasan ni Tito Ben

May tiyuhin ako na patuloy na naghahangad na pagbutihin at paramihin ang mga kaloob at talentong natanggap niya mula sa Ama sa Langit. Ibabahagi ko ang isang kuwento mula sa kanyang buhay na nakatulong sa akin na makita kung paano pinauunlad at pinagyayaman ang mga espiritual na kaloob at talento.

Isang araw habang nagtatrabaho ang tito kong si Ben sa minahan ng tanso, napansin niya ang isang lumang piraso ng baluktot na metal sa riles ng tren. Itinanong niya sa kanyang amo kung puwede niyang hingin ito. Sabi ng amo niya, "Ben, walang silbi ang lumang metal na iyan. Sayang lang ang oras mo sa pagpulot diyan."

Ngumiti si Tito Ben at nagsabi, "Higit pa sa lumang piraso ng metal ang tingin ko dito."

Sa pahintulot ng kanyang amo, iniuwi niya ito. Sa kanyang talyer pinainit niya ang metal hanggang sa halos magbaga na ito. Pagkatapos, sa matiyagang pagtatrabaho, nagawa niya itong hubugin at ikurba hanggang sa tumuwid ito.

Nang lumamig na ito, ginuhitan niya ito ng hugis-kutsilyo. Gamit ang mainit na blowtorch, tinabas niya ang metal nang hugis-kutsilyo. Pagkatapos ay tinapyas ni Tito Ben ang magagaspang na gilid nito, at sa bawat oras ay pinutol, kiniskis, pinakinis, at pinaganda ang lumang pirasong metal na iyon.


Araw-araw niyang tinrabaho ang itinuring ng kanyang amo na walang-silbing piraso ng metal. Unti-unting nagkahugis ang metal at naging isang maganda at makinang na obra-maestra.

Ang kulang na lang dito ay isang puluhan. Pumunta sa kakayuhan si Tito Ben at nakakita ng sungay ng usa. Pagbalik sa kanyang talyer nilinis, pinutol, at pinakinis niya ang sungay.

### ANO ANG INYONG MGA KALOOB?

Narito ang ilang paraan para malaman ninyo kung ano ang inyong mga kaloob:

- Itanong sa Ama sa Langit kung ano ang mga iyon, at hilingin sa Kanya na bigyan kayo ng iba pang mga kaloob.
- Tanungin ang mga tao na talagang nakakikilala sa inyo. Kung minsan mas nakikita ng iba ang mga kaloob na nasa inyo.
- Makibahagi sa mga bagong aktibidad o matuto ng mga bagong kasanayan para matuklasan ang inyong mga talento at espirituwal na kaloob.
- Kung may patriarchal blessing kayo, pag-aralan ito para makita ang mga kaloob na binabanggit doon o kung ano ang inyong mga potensyal sa ilang aspeto.



**MAYROON BA KAYO NG ISA SA MGA KALOOB NA ITO?**

"Babanggit ako ng ilang kaloob na hindi laging nakikita o napapansin ngunit napakahalaga. Maaaring kasama rito ang mga kaloob na nasa inyo—mga kaloob na hindi gaanong nakikita ngunit tunay at mahalaga pa rin.

"Pag-aralan nating muli ang ilan sa di-gaanong-pansining mga kaloob: kaloob na humiling; kaloob na makinig; kaloob na makarinig at gumamit ng marahan at bayanad na tinig; kaloob na manangis; kaloob na umiwas na makipagtalo; kaloob na maging kalugud-lugod; kaloob na umiwas sa walang-kabuluhang pag-uulit-ulit; kaloob na hangarin yaong matwid; kaloob na huwag manghusga; kaloob na umasa sa patnubay ng Diyos; kaloob na maging disipulo; kaloob na pangalagaan ang iba; kaloob na makapagnilay-nilay; kaloob na mag-alay ng panalangin; kaloob na magbigay ng malakas na patotoo; at kaloob na tanggapin ang Espiritu Santo."

**Elder Marvin J. Ashton (1915–94) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "There Are Many Gifts," *Ensign*, Nob. 1987, 20.**

Nang matapos siya, makinis at maganda na ito. Maingat niyang ikinabit ang puluhan sa kutsilyo. Ang isang dating luma, kalawangin, at baluktot na piraso ng metal ay naging magandang kutsilyo na nanalo ng maraming gantimpala.

Tayo ay katulad ng lumang pirasong metal na iyon. Kailangan din tayong hubugin, pagandahin, at pakinisin para maabot ang ating ganap na potensiyal. Bahagi ng prosesong iyan ang pagtuklas, pagpapalakas, at pagpapaibayo ng ating mga talento at kaloob.

Naunawaan ni Tito Ben na karamihan sa ating potensyal ay hindi kaagad nakikita at kailangang tuklasin at paunlarin. Itinuro sa atin ng Panginoon na "masigasig ninyong hanapin ang mga pinakamahusay na kaloob" (D at T 46:8) at "upang ang bawat tao ay mapabuti sa kanyang talento, upang ang bawat tao



ay magtamo ng iba pang mga talento, oo, maging sandaang ulit" (D at T 82:18). At bakit natin ito kailangang gawin? Magagamit natin ang ating mga talento at kaloob upang paglingkuran ang iba, tulad ng paliwanag sa kasunod na talata: "Bawat taong hinahangad ang kapakanan ng kanyang kapwa, at ginagawa ang lahat ng bagay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos" (D at T 82:19). Ang paglilingkod ay humuhubog sa atin sa pamumuhay nang higit na katulad ni Cristo.

### Pagtuklas sa Ating mga Talento

Itinuro sa atin ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol kung paano tayo mahuhubog ng mga pagsubok: "Kung kailan tila maayos ang lahat, kadalasan ay saka sabay-sabay na dumarating ang mga hamon. Kapag ang mga pagsubok na iyon ay hindi bunga ng inyong pagsuway, ang mga ito ay katibayan na nadarama ng Panginoon na handa kayong umunlad pa (tingnan sa Mga Kawikaan 3:11–12). Samakatwid ay binibigyan Niya kayo ng mga karanasang nagpapaigting ng pag-unlad, *pag-unawa, at habag* [dalawang napakahalagang kaloob] na *nagpapakinis sa inyo para sa inyong walang-hanggang kapakinabangan*. Upang maialis kayo sa inyong kinalalagyan at maging tulad ng nais Niya kinakailangang subukan kayo nang husto, at iyan ay karaniwang nagdudulot ng lungkot at hirap."[3]

### Pagpapaunlad sa Ating mga Talento

Kailangan nating magtrabaho para maragdagan ang ating mga talento. Kamakailan lang, sinabi ni Elder Scott sa asawa ko, "Devonna, dapat kang magpinta."

Hindi pa nakapagpinta si Sister Arnold sa buong buhay niya. Kinailangan niya itong pagsikapang gawin. Pinag-aralan niya ito, nagpinta siya araw-araw, at pagkatapos ng matagal na panahon at matinding pagsisikap ay natuto siyang magpinta nang maganda. Nakasabit ang isa sa magagandang painting ng ilog na ipininta niya sa dingding ng opisina ko.

Oo, kailangang sikaping matamo ang mga talento, ngunit napakalaki ng ating magiging kagalakan kapag narinig nating sinabi ng Panginoon sa atin na "Mabuting gawa. Ang iyong mga kaloob at talento ay pararamihin dahil sa iyong kasipagan" (tingnan sa Mateo 25:14–30).

### Ang Inyong mga Espirituwal na Kaloob

Natuklasan ng asawa ko na may talento siya sa pagpipinta. Ano ang inyong mga kaloob at talento? Alam ko na nabigyan kayo ng ating Ama sa Langit ng ilan. Paano ko nalaman? "Maraming kaloob, at sa bawat tao ay ipinagkaloob ang isang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos" (D at T 46:11). Ang mga kaloob at kapangyarihan ng Diyos ay maaari nating matanggap. Karapatan at responsibilidad nating tanggapin ang ating mga espirituwal na kaloob, pag-ibayuhin ang ating mga talento, at ibahagi ang mga ito.

Nakasulat sa mga banal na kasulatan ang ilang kaloob na maaari nating hangarin (tingnan, halimbawa, sa D at T 46), ngunit napakarami talagang mga kaloob at talento. Saliksikin ang Aklat ni Mormon, lalo na ang 3 Nephi 11–26, at matutuklasan ninyo ang maraming kaloob at talento na maaaring matanggap ng bawat isa sa atin. Halimbawa, sa 3 Nephi 11 mababasa natin ang tungkol sa mga taong narinig ang tinig ng Ama sa Langit ngunit hindi ito naunawaan noong una:

"Sa ikatlong pagkakataon narinig nila ang tinig, at binuksan ang kanilang mga tainga upang marinig ito; at ang kanilang mga mata ay tumingin sa pinanggagalingan ng tunog niyon. . . .


"At ito ay nangyari na, nang kanilang maunawaan ay muli nilang itinuon ang kanilang mga paningin sa langit, at masdan, nakita nila [si Jesuscristo na] bumababa mula sa langit" (mga talata 5, 8).

Ang makarinig at makakita nang malinaw ay dalawang halimbawa lamang ng mga espirituwal na kaloob at talentong maaari ninyong matamo at mapag-ibayo kung handa kayong *hangarin at pagsikapan* ang mga ito.

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na gawin ang ginawa ni Tito Ben: tingnan ang pinakamabuti sa lahat ng bagay habang naghahangad tayo ng mga espirituwal na kaloob at talento at gamitin ang mga ito upang pagpalain ang mga tao sa ating paligid. Alam ko na maraming kaloob at talentong gustong ibigay ang ating Ama sa Langit sa atin, ngunit ang mga ito "ay may kundisyon kapag hiningi natin. Ang mga pagpapala ay kailangan nating pagpaguran o pagsikapan" (Bible Dictionary, "Prayer"). Nawa'y matuklasan, pagpaguran, at paramihin pa natin ang mga kaloob at pagpapalang bigay sa atin ng Diyos na taglay natin noong isilang tayo, at nawa'y magtamo tayo ng iba pang mga kaloob ang mapagpakumbaba kong dalangin. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 400.
2. *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Richard G. Scott, "Trust in the Lord," *Ensign,* Nob. 1995, 16–17; idinagdag ang pagbibigay-diin.



**Ni Elder**
**Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

# PAANO MAGHANDA PARA SA IKALAWANG PAGPARITO

"Ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos" (Alma 34:32). Naghahanda ba tayo?

Paano kung bukas na ang pagdating Niya? Kung alam nating haharap tayo sa Panginoon bukas—sa maagang pagkamatay natin o sa di-inaasahang pagdating Niya—ano ang gagawin natin ngayon? Ano ang mga ipagtatapat natin? Anong mga gawi ang ititigil na natin? Anong mga pagkukulang ang pagbabayaran natin? Ano ang gagawin nating pagpapatawad? Anong mga patotoo ang ibibigay natin?

Kung gagawin natin ang mga bagay na ito, bakit hindi pa ngayon? Bakit hindi hangarin ang kapayapaan hangga't maaari pa itong matamo?

Ang kasamaang dati'y nasa iisang lugar lang at tago ay legal na ngayon at ibinabandera. Ang pinakaugat at sandigan (tanggulan) ng sibilisasyon ay pinag-aalinlanganan o binabatikos. Isinasantabi na ng mga bansa ang kinagisnan nilang relihiyon. Ang mga pananagutan sa asawa at pamilya ay itinuturing na sagabal sa kasiyahan ng tao. Ang mga pelikula at magasin at telebisyon na humuhubog sa ating pag-uugali ay puno ng mga kuwento o anyo na naglalarawan sa mga anak ng Diyos bilang malulupit na halimaw, o dili kaya'y bilang simpleng mga nilikha na hangad ay medyo higit pa sa personal na kasiyahan. At tanggap na ito ng marami sa atin bilang libangan.

Ang mabait, tunay, at maganda ay napapalitan ng walang silbi, ng "kahit ano," at ng walang halagang kapritso. Hindi kataka-taka na marami sa ating mga kabataan at matatanda ang nalululong sa pornograpiya, sa paganong pagbubutas ng mga bahagi ng katawan, sa paghahanap ng sariling kasiyahan, sa kasinungalingan, sa masagwang pananamit, sa pagmumura, at sa pagpapasasa sa seks na nakapagpapababa ng pagkatao.

Lahat ng ito'y kasuklam-suklam sa paningin ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa lahat ng Kanyang mga anak at nagbabawal sa mga kaugaliang humahadlang sa pagbabalik ng sinuman sa Kanyang piling.

Ano ang katayuan ng sarili nating paghahanda para sa buhay na walang hanggan? Ang mga tao ng Diyos ay pinagtipanang mga tao noon pa man, pati na sa sagradong mga pangakong ginawa natin sa tubig ng binyag, sa pagtanggap ng banal na priesthood ng Diyos at sa mga templo ng Diyos. Tayo ba'y mga taong mahilig mangako ngunit hindi tumutupad at mga sumasampalatayang hindi kumikilos?


Sinusunod ba natin ang utos ng Panginoon na, "Tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag, hanggang sa ang araw ng Panginoon ay dumating; sapagkat masdan, ito ay dagling darating"? (D at T 87:8).

Nalilibutan tayo ng mga hamon sa lahat ng dako (tingnan sa II Mga Taga Corinto 4:8–9). Ngunit sa pagsampalataya sa Diyos, nagtitiwala tayo sa mga biyayang pangako Niya sa tumutupad sa Kanyang mga utos. Nananalig tayo sa kinabukasan, at pinaghahandaan natin ito.

"Dahil dito," sabi ng Tagapagligtas, "maging matapat, nananalangin tuwina, taglay ang inyong mga ilawan na tinabasan at nagniningas, at may langis na dala kayo, upang kayo ay maging handa sa pagparito ng Kasintahang lalaki—

"Sapagka't masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, na ako ay madaling paparito" (D at T 33:17–18). ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2004.*



DETALYE MULA SA *ANG IKALAWANG PAGPARITO*, NI HARRY ANDERSON

# ANG AKING REGALO SA **PASKO**

*Ano ang ibibigay ko sa Tagapagligtas ngayong taon?*

**Ni Dustin Ward**

Ang karaniwan kong upuan sa ninth-grade seminary ay nasa likuran, kung saan maaari akong makipagkuwentuhan at makipagbiruan sa aking kaibigan. Nag-enrol lang ako sa seminary dahil may bakanteng oras pa sa iskedyul ko. Iniaalok ang seminary sa pinapasukan kong eskuwelahan, at iminungkahi ng school counselor na mag-enrol ako rito dahil isa naman akong Banal sa mga Huling Araw. Nalaman ko ang pangalan ng titser, at iyon lang ang natutuhan ko sa klase.

At isang araw ay wala ang kaibigan ko, kaya nagkaroon ako ng problema: wala akong makakabiruan. Paano ko palilipasin ang oras? Sa kabiglaanan, ginawa ko ang nag-iisa pang opsiyon—nakinig ako. Iyon ang unang pagkakataong nakinig ako sa titser.

Kapag ginugunita ko ito, wala akong maalala sa sinabi niya nang araw na iyon, pero natatandaan ko na namangha ako. Pumasok na ang kaibigan ko kinabukasan, pero sa halip na makipagbiruan, nakinig ako at muling namangha sa itinuro.

Kalaunan mula sa likuran ay lumipat na ako ng upuan sa harapan, kung saan ako mas makakapakinig na mabuti. Sa bawat klaseng nagdaan hindi nawala ang interes ko sa aralin o sa mga estudyanteng nagbahagi ng kanilang patotoo.

Nasiyahan ako sa seminary kaya nag-enrol ulit ako nang sumunod na taon. Nabinyagan ako noong walong taong gulang ako pero hindi pa talaga ako nakapagsimba. Pero may nabago isang araw ng Disyembre bago kami nagbakasyon para sa Pasko. Inanyayahan kami ng titser na pumunta sa harapan ng klase at sabihin kung anong regalo ang ibibigay namin kay Cristo sa taong iyon.

"Walang pupunta sa harapan," naisip ko. Pero laking gulat ko nang isa-isang magpuntahan ang mga estudyante sa harapan ng klase. Ang ilan ay lumuha, ang iba ay nagbahagi ng mga mithiing itinakda nila, at nagkuwento ang iba. Hindi ako makapaniwala.

Lumilipas na ang oras. Ako na lang ang hindi pa nagsasalita. Bago ko namalayan, nakatayo na ako. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. Maya-maya, nanginginig ang boses na sinabi ko, "Sa taong ito sa kaarawan ni Cristo, sisimulan ko nang magsimba."

Mula nang araw na iyon, sinimulan ko nang magsimba bilang regalo ko sa Tagapagligtas. Ang kakatwa roon ay ako ang siyang nakatanggap ng regalo. Nagbago ang buhay ko nang bumalik ako sa simbahan, at nagsimula iyon sa araw na tumigil ako sa pagdaldal na nagbigay sa akin ng sapat na panahon upang pakinggan ang Espiritu at maantig Niya ang puso ko.

Nangungusap pa rin sa akin ang Espiritu. Ang kailangan ko lang gawin ay tumigil at makinig—at sumunod pagkatapos. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



PAGLALARAWAN NI BEN SIMONSEN

# HANDA NANG *SUMULONG*


NODOKA T.


JOSH W.


GRACE S.


BRIAN R.


AÏOLAH AT EVALINE V.


JOHN C.

*Lilipat ka na ba sa Young Men o Young Women mula sa Primary? Basahin ang sinabi tungkol dito ng pitong 12-taong-gulang na dumaraan sa transisyong iyan.*

**Nina Richard M. Romney, Mga Magasin ng Simbahan at Mickey Shimomiya, Tokyo, Japan**

Halos 12 taon ka na. Ang buhay ay puno ng pagbabago. Sa simbahan, lilipat ka sa Young Men o Young Women mula sa Primary. Ibig sabihin niyan ay pagtatakda ng mga mithiin, paglilingkod, paghahanda para sa templo, at pag-aaral pa tungkol sa ebanghelyo. Pero huwag kang kabahan! Sabi naman ng ibang nagdaraan sa ganyang sitwasyon ay masaya raw ito.

## Dalawang Magkasama

Si Aïolah V. ng France ay 12-taong-gulang na Beehive. Gayundin ang kanyang Ate Evaline, na magiging 13 taong gulang sa isang buwan. "Natutuwa ako't narito ang ate ko para ala-layan ako sa paglipat sa Young Women mula sa Primary," sabi ni Aïolah.

Isa sa mga paborito nila ang Pansariling Pag-unlad, pero nang mabasa nila ang isang mithiin, natawa sila. "Matutong tumugtog ng instrumento[ng pangmusika]," sabi roon.

"Matagal na kaming tumutug-tog," sabi ni Evaline. Pero kinausap nila ang kanilang ina. Ipinaunawa nito sa kanila na magagamit nila ang musika sa pagtupad ng isa pang mithiin: paglilingkod.

Naghahanda ngayon sina Aïolah at Evaline na tumugtog sa mga sacrament meeting at talent night, magtanghal ng konsiyerto para sa mga bata at matatanda, at sumaliw sa pagkanta ng mga missionary.

"Maganda ang Pansariling Pag-unlad," sabi ni Evaline. "Hinahayaan ka nitong gawin ang gusto mo at ang iba pang mga bagay na bago sa iyo."



## Magtanong

Naghahanda ang 12-taong-gulang na si Brian R. ng Arizona, USA, na magpasa ng sacrament sa unang pagkakataon. Ayaw niyang magkamali, kaya hiniling niya sa iba pang mga Aaronic Priesthood holder sa kanyang ward na ipali-wanag ito sa kanya.

"Ang babait nila," sabi niya. "Sinabi nila sa akin kung saan ta-tayo, saan pupunta, at paano ipasa ang mga trey."

Ngunit ang mas mahalaga, ipinaalala nila sa kanya na maging mapitagan. "Kailangan nating ala-lahanin ang Tagapagligtas habang nagpapasa tayo ng sakramento," sabi ni Brian. "Kung mapitagan tayo, nakatutulong ito para alalaha-nin din Siya ng iba."

Nalaman ni Brian na masaya ang iba na tulungan siyang mauna-waan ang kanyang mga tungkulin at matutong gawin ito nang tama. "Magtanong ka lang," sabi niya. "Ang paglipat sa Young Men mula sa Primary ay mas madali kaysa inaakala mo."



## Makipagkaibigan

"Kinabahan ako nang pasa-mahin ako ng counselor sa stake Young Women camp sa unang pagkakataon," sabi ni Nodoka T. ng Okinawa, Japan. "Nagpasiya akong manalangin. Pagkatapos kong magdasal napanatag ako, kaya nagpasiya akong sumama.

"Sa unang araw pa lang, nag-karoon na ako ng mga bagong kaibigan. Mabubuti at mababait sa akin ang mga kabataang babae; agad nawala ang kaba ko. At na-tuto akong magpadalisay ng tubig, magbuhol, maglagay ng benda, magsagawa ng rescue breathing, at humanap ng mga halamang nakakain!"

## Madamang Tanggap Ka

"Kaarawan ko noong unang araw ko sa Young Women," sabi ni Grace S. ng Arizona, USA. "Masyado nilang binigyan ng atensyon iyon, pero mababait pa rin sila. Ipinadama nila sa akin na tanggap nila ako."

Masaya rin siyang tinanggap ng adviser niya. "Ikinukuwento niya sa amin ang mga bagay na ginawa niya noong nasa Young Women siya," sabi ni Grace. "At binabasa niya ang buklet na Pansariling Pag-unlad sa bawat isa sa amin, para matiyak na nauunawaan namin iyon."

MGA LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NINA RICHARD M. ROMNEY, RANDALL R. RIPPLINGER, AT MICKEY SHIMOMIYA

## Matuto, Magturo, at Magbahagi

Bilang bagong deacon, pinagturo si Josh W. ng Utah, USA, ng isang lesson tungkol sa pagiging disipulo ni Cristo. "Nakakita ako ng mga talata sa banal na kasulatan tungkol sa pangingisda ni Pedro at ng iba pa. Sinubukan nilang mangisda sa isang panig ng bangka at wala silang nahuli," sabi ni Josh. "Pagkatapos ay sinabi sa kanila ng Tagapagligtas na mangisda sa kabilang panig, at nakahuli sila ng maraming isda (tingnan sa Lucas 5:5–11 at Juan 21:6–11). Kaya sa lesson ko, iyon ang binasa namin. Pagkatapos ay pinag-usapan namin kung paano ito natutulad sa amin. Kapag sa sarili lang tayo umasa, maaari tayong magkaproblema. Pero kapag nakinig tayo sa Panginoon, tutulungan Niya tayo."

Sabi ni Josh mahalagang matuto, magturo, at magbahagi sa Young Men. "Sa Primary marami kaming natutuhan at maraming aktibidad," sabi niya. "Ngayo'y marami kaming natututuhan *at* naibabahagi. Ibig sabihin marami tayong *nagagawa* sa natututuhan natin." Halimbawa, pagkatapos ng isang priesthood lesson, binisita ni Josh ang isang kaibigang matagal nang hindi nagsisimba. "Nagtatrabaho ang mga magulang niya tuwing Linggo, kaya hindi sila nakakasimba. Pero sinabi ko sa kanya na puwede siyang sumabay sa akin."

Natututuhan ni Josh ang layunin ng Young Men at Young Women. "Iyon ay para ipakita sa atin kung paano maging higit na katulad ng Tagapagligtas," sabi niya. Alam niya na ang ibig sabihin ng panawagang "lumapit kay Cristo" ay sumulong sa landas na nagsimula sa binyag at kumpirmasyon, hanggang sa makarating sa templo, at patungo sa buhay na walang hanggan.

"Handa na akong sumulong," sabi niya. ■






### PAGTUTULUNGAN SA TUNGKULIN SA DIYOS

Ang 12-taong-gulang na si John C. at ang kanyang ama ay madalas magtulungan sa paggawa ng mga proyekto. Halimbawa, nagtahi sila ng mga patch sa mga kumot na gagamitin nila sa pagkakamping. Ang mga patch ay galing sa iba't ibang kamping at aktibidad na nadaluhan nila sa British Columbia, Canada, kung saan sila nakatira.

"Malaking tulong si Itay," sabi ni John. "Hindi ko yata magagawa ang mga proyekto sa Simbahan kung wala siya."

Nang mag-12 taong gulang na si John, magkasama nilang pinag-aralan ang buklet na Tungkulin sa Diyos. Di nagtagal ay nakarating sila sa mga item sa "Unawain ang Doktrina" sa bahaging para sa Deacon. "Ipinaliwanag sa akin ni Itay ang mga susi at awtoridad ng priesthood," sabi ni John. At natulungan niyan si John na matapos ang isa sa mga kailangang gawin.

"Kapag gumagawa ka ng Tungkulin sa Diyos," sabi ni John, "magpatulong ka sa tatay mo. Marami nang naitulong sa akin ang tatay ko."



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*

# Talaga bang namatay at muling nagbangon si Jesus?



## Oo.

Sumasaksi ako na si Jesus ng Nazaret ang nabuhay na mag-uling Manunubos.



Siya ang Lumikha ng daigdig.



Ang Kanyang mga himala ay tunay.



Paparito Siyang muli.



Ang Kanyang awa ay tunay, na nagtutulot sa lahat ng tao na magsisi at maging malinis.



May pagkabuhay na mag-uli para sa lahat.

*Mula sa "Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo,"* Liahona, *Mayo, 2014, 111–14.*

DETALYE MULA SA *SIYA AY NAGBANGON*, NI DEL PARSON; DETALYE MULA SA *PINAGAGALING NI JESUS ANG BULAG*, NI CARL HEINRICH BLOCH; *ANG PAG-AKYAT SA LANGIT*, NI HARRY ANDERSON; DETALYE MULA SA *ANG BABAENG NANGALUNYA*, NI HARRY ANDERSON; LARAWAN NG MGA BULAKLAK NA KUHA NI ISAILORR/ISTOCK/THINKSTOCK

# Inaalala at Sinasamba Natin ang Ating Tagapagligtas na si Jesucristo

**Nina Erin Sanderson at Jean Bingham**

Noong araw ipinahayag ng Ama sa Langit sa Kanyang mga propeta ang tungkol sa napakagandang regalong ipagkakaloob Niya sa buong mundo. Ang regalo ay ang sarili Niyang Anak na si Jesucristo, na paparito sa mundo upang maging Tagapagligtas natin. Ipapakita sa atin ni Jesus kung paano mamuhay upang makabalik tayo sa Ama sa Langit. Inasam ng mga propeta nang buong kagalakan ang panahon ng pagsilang ni Jesus.

Nang ipahayag ng mga anghel sa mga pastol malapit sa Betlehem na isinilang na ang natatanging sanggol na Anak ng Diyos, nakadama sila ng malaking kagalakan. Nagmadali silang makita at sambahin Siya.

Sa mga lupain ng Amerika, alam ng mga Nephita na isinilang na Siya nang manatiling maliwanag ang kalangitan sa buong magdamag kahit lubog na ang araw. Nakadama rin sila ng malaking kagalakan at pinasalamatan ang Ama sa Langit sa pagkakaloob ng Kanyang Anak.

Sa ating panahon inaalala at ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesucristo sa Kapaskuhan. Ipinapakita natin ang ating kagalakan at pasasalamat sa regalo ng ating Tagapagligtas sa pagsunod sa Kanyang halimbawa ng pagmamahal sa ibang tao sa maraming paraan sa abot-kaya natin. ■

*Ang mga awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



## BANAL NA KASULATAN

- Juan 14:6


## MGA IDEYA NA PAG-UUSAPAN NG PAMILYA

Pag-usapan ang maraming paraan na nagpakita ng pagmamahal ni Jesucristo. Bilang pamilya pumili ng ilang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa ibang tao sa buwan ng Disyembre bilang paraan para maalala at matularan ang halimbawa ni Jesucristo.

KALIWA: PAGLALARAWAN NI PAUL MANN

## MGA REGALO NG PAGMAMAHAL

Gupitin ang mga kahon ng regalo sa itim na linya. Isulat ang sarili ninyong ireregalo sa isang blangkong kahon. Itupi sa putul-putol na linya; at i-teyp ang mga takip pababa. Butasan ang ibabaw ng bawat regalo at kabitan ng tali. Isabit ang mga regalo sa lugar kung saan ninyo makikita ang mga ito. Kada ilang araw, buksan ang "regalo" at gawin ang aktibidad na nakasulat sa loob. Tandaan, maaari ninyong ibigay ang mga regalong ito sa buong taon!




*Maaari kayong mag-print ng iba pang mga kopya ng aktibidad na ito sa liahona.lds.org.*



# Yancy

**Ni Elder Brent H. Nielson**
Ng Pitumpu

*"At ngayon nais ko na kayo ay maging mapagpakumbaba, at maging masunurin at maamo" (Alma 7:23).*

Gusto naming magkakapatid na magkaroon ng kabayo. Noong ako ay mga 9 o 10 taong gulang, bumili si Itay ng maganda at itim na kabayong babae. Pinangalanan namin siyang Yancy. Tuwang-tuwa kaming mapasaamin ang kabayong ito, pero hindi ito nasanay na masakyan. Napakabata pa namin para gawin ang lahat ng mahihirap na gawain sa pagtuturo ng kabayo, kaya nagpatulong si Itay sa isang kaibigan na maraming alam tungkol sa kabayo sa pagtuturo kay Yancy.

Madalas kaming pumunta sa pastulan para makita si Yancy. Sabik na kaming dumating ang araw na puwede na namin siyang masakyan. Ngunit gaano man ang pagsisikap ng sinuman, walang makapagturo kay Yancy. Napakatigas ng ulo nito. Hindi namin siya nasakyan kahit kailan.

Isang araw sinubukan ng kaibigan ni Itay na sakyan siya sa isang parada. Nang papunta na sa kalsada si Yancy at ang sakay niya, umalma si Yancy at nahulog ang sakay niya at nagtatakbo siya sa buong lungsod. Nagwala sa pagtakbo si Yancy kaya't nasugatan ang kanyang binti sa isang fire hydrant. Hinabol ko si Yancy at nakita ko siya sa kalsada na nakahandusay sa sakit.

Nalungkot ako. Mahal namin si Yancy. Kung naging masunurin lang siya sa tagasanay, naging masaya sana siyang kabayo na may magandang buhay. Pero ayaw makinig at ayaw sumunod ni Yancy sa kanyang amo. Sa halip ay sugatan siya ngayon at nakahandusay sa gitna ng kalsada.

Itinuro sa akin ng kuwento tungkol kay Yancy ang mga pagpapalang dumarating kapag sinunod natin ang Panginoon, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Kapag tayo ay mabait at maamo at mapagpakumbaba, maaari tayong maging masaya kapag nagpaakay tayo sa Tagapagligtas. ■

PAGLALARAWAN NI DAN BURR

# ANG ATING PAHINA



*Noong isang taon sumama kami ng pamilya ko sa aming ward papunta sa templo sa Switzerland sa loob ng apat na araw. Noong Sabado ng umaga, bago kami bumalik ng Italy, isang bahaghari ang lumitaw.*

**Saria C., edad 10, Italy**



*Gumawa kami ng mga family tree sa isang aktibidad sa Primary.*

**Las Heras Ward, Argentina**




*Ito ang una kong Aklat ni Mormon. Ngayong naka-kabasa na ako ng ilang salita, mababasa ko na ang mga banal na kasulatan.*

**Anna L., edad 5, Brazil**



*Noong isang taon idinaos namin ang pinakauna naming pagtatanghal ng Primary sa sacrament meeting. Walang kuryente isang linggo bago iyon habang nagpapraktis kami, pero nakanta at nabigkas pa rin namin ang aming bahagi.*

**Vientiane Branch, Laos**

# Ako si Minna na mula sa Sweden

## Hallå, Vänner!*

* "Hello, mga kaibigan!" sa Swedish

Mula sa interbyu ni
Amie Jane Leavitt




*Ito ay isang malaking kalabasang zucchini na pinitas ko sa aming hardin.*

Gusto ba ninyong manirahan sa isang schoolhouse? Si Minna at ang kanyang pamilya ay nakatira sa lalawigan sa dakong timog ng Sweden. Ang bahay nila ay dating schoolhouse maraming taon na ang nakakaraan. Sabi niya ang pinakamaganda roon ay may isang silid sa bahay na sapat ang laki para magkasya ang maraming tao. Pagsapit ng Disyembre, inaanyayahan ng pamilya ni Minna ang mga kapitbahay, kaibigan, at kamag-anak para sa isang espesyal na "kantahan." Mga 80 katao ang dumarating para sumali sa pagkanta ng mga awiting Pamasko. Pagkatapos ay nagsalu-salo sila sa pagkain bago lumabas ang lahat sa lamig ng panahon sa Scandinavia. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



LARAWAN NG STOCKHOLM NA KUHA NI MARK OLEKSIY/HEMERA/THINKSTOCK; MGA PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE



Sa paaralan ako lang ang tanging miyembro ng Simbahan, kaya sinisikap kong ibahagi ang ebanghelyo sa aking mga kaibigan. Madalas kong isama ang ilang kaibigan ko sa paaralan sa mga aktibidad ng Primary. Ibig sabihin ay nagiging missionary na ako ngayon, tulad ng mga ate ko.

Gustung-gusto kong lumundag-lundag sa trampoline. Mahilig din akong tumugtog ng piyano at plauta.

Ako ay 10 taong gulang at bunso ako sa 9 na magka-kapatid sa aming pamilya. Dalawa sa mga ate ko ang nasa misyon—isa sa France at ang isa pa ay nasa Temple Square sa Utah.





Isa sa mga paborito kong ginagawa namin ng aking pamilya ang magbi-yahe pahilaga papunta sa Stockholm na siyang kabisera ng Sweden. Gustung-gusto kong bisitahin ang lolo't lola ko at iba pang mga kamag-anak na nakatira doon.

Mahilig mag-swimming nang sama-sama ang pamilya ko. Sa tag-init, pumupunta kami sa isang lawa malapit sa bahay namin. Sa taglamig, pumupunta kami sa isang pasilidad na maraming pool at waterslide sa loob.










## TEMPLO'Y IBIG MAKITA

Ang Stockholm Sweden Temple ay malapit sa bahay ng lolo't lola ko. Ang templong ito ay espesyal sa puso ko. Minsan naglakad kami ni Itay sa bakuran nito. Nag-usap kami tungkol sa templo at kung paano ako maka-kapasok doon balang-araw.



## HANDA NANG UMALIS!

Ang bag ni Minna ay punung-puno ng ilan sa mga paborito niyang bagay. Alin sa mga bagay na ito ang ilalagay ninyo sa inyong bag?

# Ang Unang Pasko

Ni Jenn Wilks

*Maaaring isadula ito ng inyong pamilya, mga kaibigan, o klase sa Primary. Basahin ang Lucas 2:1–16 para matulungan kayong maghanda.*

**MGA TAUHAN:**

Maria
Jose
Tagapangasiwa ng bahay-panuluyan
Pastol 1
Pastol 2
Anghel



**MGA KASUOTAN:**

Simplihan lang ang mga kasuotan: isang bata para kay Jose, isang bandana para kay Maria, at mga tungkod para sa mga pastol.

**PROPS:**

isang kumot na nakasabit nang pahalang sa dalawang silya para sa sabsaban

maliliit na unan para kumatawan sa mga tupa

isang manyika o nakabalumbon na kumot para kumatawan sa sanggol na si Jesus





MGA PAGLALARAWAN NI JULIE YOUNG



**Awit:** "Nang si Jose ay Magtungo sa Bethlehem," unang talata (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 22).

**Maria:** Sana makahanap tayo agad ng matutuluyan. Matagal na tayong naglalakbay.

**Jose:** May bahay-tuluyan sa banda roon. Maghintay ka rito at magpahinga at titingnan ko kung may silid pa para sa atin.

*[Pauupuin ni Jose si Maria at kakatok siya sa "pinto." Sasagot ang tagapangasiwa ng bahay-tuluyan.]*

**Tagapangasiwa:** Ano'ng kailangan mo?

**Jose:** Naghahanap ako ng matutuluyan. Malayo ang nilakbay naming mag-asawa, at kailangan namin ng matutulugan.

**Tagapangasiwa:** Pasensya na, pero puno na ang bahay-tuluyan.

**Jose:** Pakiusap, puwede mo ba kaming tulungan? Manganganak na ang asawa ko.

**Tagapangasiwa:** Puwede siguro kayong matulog sa kuwadra. Iyon lang ang maitutulong ko.

**Jose:** Salamat. Napakabuti mo.

*[Pupuntahan ni Jose si Maria at tutulungan siyang tumayo.]*

**IDEYA:**
Pasabayin ang mga manonood sa pagkanta ng mga tauhan.

**Jose:** Walang silid sa bahay-tuluyan, pero sabi ng tagapangasiwa puwede tayong matulog sa kuwadra.

**Maria:** Ah, masaya ako't may matutuluyan tayo ngayong gabi.

*[Maglalakad sila papunta sa kuwadra. Mauupo sina Maria at Jose, at magwawakas ang tagpo.]*

**Awit:** "Nang si Jose ay Magtungo sa Bethlehem," ikalawa at ikatlong talata (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 22).

*[Binabantayan ng mga pastol ang kanilang mga tupa. Darating ang anghel, at luluhod ang mga pastol.]*

**Pastol 1:** Sino ka?

**Pastol 2:** Huwag mo kaming sasaktan.

**Anghel:** Huwag kayong matakot. May dala akong masayang balita! Ngayong gabi ang Anak ng Diyos ay isinilang sa Betlehem. Matatagpuan ninyo ang sanggol na nakahiga sa isang sabsaban.

**Pastol 1:** Halikayo at tingnan natin ang batang ito.

**Anghel:** Luwalhati sa Dios sa kataas-taasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.

**Awit:** "Nagningning ang mga Tala" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 24).

*[Pupunta ang mga pastol sa bahay-tuluyan at kakatok sa "pinto." Sasagot ang tagapangasiwa.]*

**Pastol 2:** Narito kami para makita ang batang Cristo.

**Pastol 1:** Sinabi sa amin ng isang anghel na nakahiga Siya sa isang sabsaban.

**Pastol 2:** Alam mo ba kung nasaan Siya?

**Tagapangasiwa:** Isang bata ang isinilang sa aking kuwadra ngayong gabi. Ihahatid ko kayo.

*[Susundan ng mga pastol ang tagapangasiwa papunta sa kuwadra, kung saan nakaupo sina Jose at Maria sa tabi ng sabsaban na hinihigaan ng sanggol na si Jesus.]*

**IDEYA:**
Maglagay ng malaking bituing papel sa isang patpat at hawakan ito sa ibabaw ng sabsaban.

**Pastol 1:** Totoo nga! Talagang may sanggol na nakahiga sa isang sabsaban, tulad ng sinabi ng mga anghel.

**Pastol 2:** Ito nga ang Tagapagligtas, si Cristo na Panginoon.

*[Luluhod ang mga pastol at tagapangasiwa sa palibot ng sabsaban.]*

**Awit:** "Kay Tahimik ng Paligid" (*Mga Himno,* blg. 125). ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

# Tingnan ang Nasa Loob!



Ni Sophia C., edad 9, Brazil

Bago sumapit ang Pasko bumili ng isang kahong puno ng mga Aklat ni Mormon ang mga magulang ko para ipamigay sa mga tao. Noon ko naisip na magdala ng ilan sa paaralan at iregalo ang mga ito sa tatlo sa mga titser ko.

Pagdating ko sa music classroom, nakita ko ang titser ko sa musika at naisip ko, "Sige, Sophia. Bigyan mo siya ng isa!" Dahan-dahan akong lumakad papunta sa titser ko. Pero wala akong lakas-ng-loob na ibigay sa kanya ang aklat.

Nagpunta ako sa isang sulok ng silid at tahimik na nagdasal. "Ama sa Langit, tulungan po Ninyo akong ibigay ang aklat na ito sa titser ko." Pagkatapos kong magdasal, nadama ko nang husto na dapat kong ibigay ang aklat sa kanya. Bigla akong nagkaroon ng lakas-ng-loob.

Nilapitan ko siya. Tumingin siya sa akin, at ibinigay ko sa kanya ang Aklat ni Mormon at sinabi ko, "Titser, mahal ko kayo mula sa kaibuturan ng puso ko, at gusto kong ibigay sa inyo itong Aklat ni Mormon!"

Kinuha niya ito at tiningnan ang pabalat. "Tingnan po ninyo ang nasa loob!" sabi ko. Nakita niya na may isinulat ako roon.

Niyakap niya ako at sinabing, "Oh, Sophia, salamat sa pagbibigay mo nito sa akin!"

Nang makaupo na ako, sinabi niya sa klase, "Tingnan ninyo ang ibinigay ni Sophia sa akin. Babasahin ko ito sa bakasyon!"

Pag-uwi ko, tumakbo ako kay Inay at sinabi ko, "Hulaan po ninyo! Binigyan ko po ang titser ko ng Aklat ni Mormon."

Ngumiti siya at sinabing, "Magaling! Magandang halimbawa ka sa akin, Sophia."

Nagpasiya kaming magdasal para pasalamatan ang Ama sa Langit sa pagbibigay sa akin ng lakas-ng-loob na ibigay sa titser ko ang Aklat ni Mormon. ■


PAGLALARAWAN NI MARK ROBISON


# David at Goliath

1 Samuel 17

Idikit ang pahinang ito sa makapal na papel o karton. Pagkatapos ay gupitin ang mga figure at idikit ang mga ito sa mga patpat o supot na papel. Magagamit ninyo ito para mailahad ang inyong paboritong mga kuwento sa Lumang Tipan. ■









PAGLALARAWAN NI BETH WHITTAKER

Maaari kayong mag-print ng mas maraming kopya sa liahona.lds.org.

# Parang Pasko

*Lahat ng regalo ay nakabalot na at nasa ilalim ng Christmas tree. O baka hindi pa?*

**Ni Kate Strongin**
Batay sa tunay na buhay

*"Maligayang Pasko! Saya'y ikalat ninyo!" (*Children's Songbook, *51).*

Malapit na ang Pasko. Sabik na sabik na si Amalie. Malapit na niyang mabuksan ang mga regalo sa ilalim ng Christmas tree!

Sa family home evening, si Inay ang magbibigay ng lesson.

"Bakit tayo namimigay ng mga regalo sa araw ng Pasko?" tanong ni Inay.

"Kasi po kaarawan ni Jesus!" sabi ni Amalie.

"Kung gayon hindi ba dapat magbigay tayo ng regalo sa Kanya?" sabi ni Inay.

Tinulungan ni Itay ang kapatid ni Amalie na si Noah na basahin ang isang talata sa banal na kasulatan. Sabi roon, kapag naglilingkod tayo sa ibang tao, naglilingkod tayo sa Diyos (tingnan sa Mosias 2:17).

"Ang paglilingkod ba sa iba ay pagreregalo kay Jesus?" tanong ni Inay.

Tumango si Noah.

"Ano pa?"

"Pagsunod po sa mga utos," sabi ni Amalie.

"Pagiging mabait," sabi ni Noah.

"Magaling!" sabi ni Inay. "Ngayo'y maglaro tayo. Babanggit ako ng isang regalong ibinigay ng isang tao kay Jesus. Sabihin ninyo sa akin kung kilala ninyo siya. Heto na. Ang taong ito ay nagbigay ng mga Christmas card sa care center."

Nagtaas ng kamay si Noah. "Si Amalie po ang gumawa niyan!"




MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

# Araw-araw

"Ang taong ito ay nag-home teaching."

"Si Itay po 'yan," sabi ni Amalie.

Di-nagtagal marami na silang nabanggit na mga regalong naibigay nila sa Tagapagligtas.

"Maaari tayong magbigay ng mga regalo araw-araw," sabi ni Inay.

Kinaumagahan oras na para maglinis ng bahay. "Ano ba 'yan," pagdaing ni Amalie. Pero may naalala siya. Ang paglilingkod sa iba ay isang regalo! Kung tutulungan niya si Inay, parang tinulungan na rin niya si Jesus. Kumuha siya ng basahan at pinunasan ang mga counter hanggang sa kumintab ang mga ito.

Kinabukasan kumita nang kaunti si Amalie.

"Ang ikapu mo ay singkuwenta sentimos," sabi ni Inay.


May naalala ulit si Amalie. Ang ikapu ay isang utos, kaya ang pagbabayad nito ay isang regalo. Naglagay siya ng singkuwenta sentimos sa garapon ng kanyang ikapu.

Kalaunan ng linggong iyon tumulong si Amalie sa pagliligpit ng mga unan. Pinaghahagis ng kanyang bunsong kapatid ang mga ito mula sa sopa. "Isa pang regalo para kay Jesus," sabi niya.

Sa Bisperas ng Pasko, sinabi nina Inay at Itay na ipinagmamalaki nila si Amalie. "Buong linggo kang nagregalo kay Jesus," sabi ni Itay. "Parang Pasko iyan araw-araw." ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*






**Ni Elder Melvin J. Ballard (1873–1939)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# ALAM KONG SIYA AY BUHAY

*Ibibigay ko ang buo kong pagkatao, ang lahat ng inaasam kong maging, upang madama ang nadama ko noon!*



Gustung-gusto kong pagnilayan ang tiniis ng ating Ama sa Langit upang ipagkaloob sa atin ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang karapat-dapat na Anak na iyon ng ating Ama, na lubos na nagmahal sa sanlibutan kaya Niya ibinuwis ang Kanyang buhay upang tubusin ang sanlibutan, upang tayo ay iligtas at espirituwal na pangalagaan habang nabubuhay tayo, at ihanda tayo sa pagpunta at pagtahan sa piling Niya sa mga daigdig na walang-hanggan. . . .

Naaalala ko ang isang karanasan ko . . . , na nagpatotoo sa aking kaluluwa sa katotohanan ng kamatayan [ng Tagapagligtas], sa Pagpapako sa Kanya sa Krus, at sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, na hinding-hindi ko malilimutan. . . .

. . . Isang gabi, habang nananaginip ako ay natagpuan ko ang aking sarili sa loob ng sagradong gusaling iyon, ang templo. Pagkatapos ng sandaling pananalangin at pagsasaya, sinabihan ako na magkakaroon ako ng pribilehiyong pumasok sa isa sa mga silid upang makadaupang palad ang isang maluwalhating nilalang, at, habang pumapasok ako sa pintuan, nakita ko, na nakaupo sa isang mataas na plataporma, ang pinakamaluwalhating Nilalang na noon ko lamang nakita o noon ko lamang naisip na nabuhay sa mga daigdig na walang hanggan.

Sa paglapit ko upang maipakilala, tumayo Siya at lumapit sa akin na nakaunat ang mga kamay, at ngumiti nang sambitin Niya nang mahina ang aking pangalan. Kung mabubuhay ako nang isang milyong taon, hinding-hindi ko malilimutan ang ngiting iyon. Niyakap Niya ako at hinagkan, kinabig ako sa Kanyang dibdib, at ako ay binasbasan, hanggang sa tila matunaw ang utak ng aking mga buto! Nang matapos na Siya, lumuhod ako sa paanan Niya, at, habang pinaliliguan ang mga iyon ng aking mga luha at halik, nakita ko ang bakas ng mga pako sa paa ng Manunubos ng daigdig. Ang nadama ko sa harapan Niya na namamahala sa lahat ng bagay, na mapasaakin ang pagmamahal Niya, pag-aaruga Niya, at basbas Niya ay napakatindi kung kaya't kung matatanggap ko ang bagay na iyon na natikman ko ay ibibigay ko ang buo kong pagkatao, ang lahat ng inaasam kong maging, upang madama ang nadama ko noon!

. . . Hindi ko nakikita si Jesus ngayon na nakapako sa krus. Hindi ko nakikita ang Kanyang noo na natutusukan ng mga tinik ni ang Kanyang mga kamay na nakapako, kundi nakikita ko Siyang nakangiti, nakaunat ang mga bisig, sinasabi sa ating lahat: "Magsilapit kayo sa akin!" ■

*Pinagpare-pareho ang pagpapalaki sa mga titik.*

*Mula sa Bryant S. Hinckley,* Sermons and Missionary Services of Melvin Joseph Ballard *(1949), 147–57, ayon sa muling pagkalimbag sa "Classic Discourses from the General Authorities: The Sacramental Covenant,"* New Era, *Ene. 1976, 7–11.*

*LARAWAN NI CRISTO, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.*

# MGA KABATIRAN



**Sa anong mga paraan naging Liwanag ng Mundo si Jesucristo?**

"[Si Jesucristo] ang Ilaw ng Betlehem, isinilang ni Maria, na Kanyang mortal na ina, at ng Kanyang Ama, ang Makapangyarihang Diyos. . . . Siya ang Ilaw ng Pagbabayad-sala na isinagawa sa Halamanan ng Getsemani at sa Golgota, na umako sa Kanyang sarili ng mga kasalanan ng sanlibutan, upang [magtamo ng walang hanggang kaligtasan] ang buong sangkatauhan. Siya ang Ilaw ng walang-lamang puntod, ang nabuhay na mag-uling Panginoon na may niluwalhating katawan ng laman at buto, na kumalag sa mga gapos ng kamatayan at nagkamit ng walang hanggang tagumpay laban sa libingan. . . . Siya ang *aking* Ilaw, *aking* Manunubos, *aking* Tagapagligtas—at inyo rin."

**Elder Robert D. Hales** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mula sa Kadiliman Tungo sa Kanyang Kagila-gilalas na Kaliwanagan," *Liahona,* Hulyo 2002, 79, 80.

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT

### Ang Sagot SA LAHAT NG MAHIHIRAP NA TANONG

Pinayuhan tayo ni Pangulong Uchtdorf na pagdudahan muna ang ating mga pagdududa bago natin pagdudahan ang ating pananampalataya. Kaya paano kayo magdududa sa inyong mga pagdududa at susulong nang may pananampalataya?



p. 44

## PARA SA MGA KABATAAN



p. 48

### ANG TAGAPAGLIGTAS AT ANG SAKRAMENTO

Ano ba talaga ang dapat ninyong isipin habang naghahanda, nagbabasbas, nagpapasa, o nakikibahagi ng sakramento?

## PARA SA MGA BATA

### Ang Unang Pasko

Gawing makatotohanan ang kuwento ng Pasko sa pagsasadula ng tagpong ito ng pagsilang ni Jesus!



p. 74

TAGALOG
4 02109 92893 1

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW